

# ANG PINAKADAKILANG LABANAN

## NA NAGANAP KAILANMAN



Salamat sa iyo, Kapatid na Orman. Pagpalain ka ng Panginoon.

<sup>2</sup> Magandang umaga, mga kaibigan. Nasisiyahan na maparito muli ngayong umaga, at medyo hindi gaanong inaasahan, palagay ko, sa aking sarili, at ako'y nakatitiyak na ito'y gayon sa kongregasyon. At kababasa ko lamang at... Salamat sa iyo, babaeng kapatid. At ang Panginoon ay para bang naglagay ng isang munting bagay sa aking puso, upang ihatid sa Iglesia, at naisip ko na panahon na upang gawin ito. At ngayon ito...

<sup>3</sup> Nang ako ay dumating, at noon ay hindi nalalaman na kami'y mapaparito ngayong Linggo, aking ipinaalam na ako'y mayroong isang—isang Mensahe para sa Iglesia. At nais ko na, kung loloobin ng Diyos, ihatid ang Mensaheng ito sa susunod na Linggo. At magkakaroon ng medyo mahaba—habang oras, kaya, ito malamang ay hindi matatapos ng bago alas dose—trenta, ala una, marahil, kung sa oras na iyan. Ito'y nasa puso ko na nang mahabang panahon, at palagay ko ay may pagkakautang ako sa publiko ng isang sagot na kung bakit ako'y hindi naging aktibon sa larangan. Ako'y nangaral sa buong palibot nito, nguni't ako'y nakatitiyak na ito ay hindi kailanman nakarating sa dapat nitong marating. Kaya sa palagay ko, loloobin ng Panginoon, sa susunod na Linggo, gusto ko lamang na gugulin ang aking panahon at ilahad lamang, ang dahilan at kung bakit, at ipaalam sa inyo, ayon sa Kasulatan, kung ano ang nangyayari, kita n'yo, kung bakit ang lahat ng ito. Dahil, ako marahil ay magpapa ibang bansa o saanman kaagad. Ako'y naghihintay ngayon na makita kung saang dako Niya ako tatawagin para tumungo. Nang huling...

<sup>4</sup> Mga tatlong gabi na ang nakararaan, o dalawang gabi, ako ay nagkaroon ng isang tawag sa telepono halos maghahating—gabi; at ito ay upang manalangin para sa isang babaing nasa ospital. At sila'y tumawag sa akin, at sabi, “Manalangin.” At nakalimutan ko ang pangalan na ibinigay nila sa akin, na... Sabi na ito'y isang kaibigan kay Gng. James Bell, ang ating kapatid dito sa iglesia, isang itim na kapatid na babae, napakamatapat, mainam na babae. Paglagay ko ang pangalan ay Shepherd, ang naibigay sa akin. Kaya ako'y bumaba sa highaan at lumuhod, at—at sinabi ko sa aking asawa. Ang telepono ay tumutunog, ginising siya. At sinabi ko, “Kailangan nating manalangin para kay Gng. Shepherd, isang kapatid na babae na

tumawag, na isang kaibigan kay Gng. James Bell.” Kaya kami ay nanalangin para sa kaniya, bumalik uli sa higaan.

<sup>5</sup> At pagkatapos mga bandang alas diyos o alas onse, nang sumunod na araw, ako ay nakatanggap muli ng tawag. Iyon ay si Billy. At sabi niya, hindi iyon si Gng. Shepherd, sabi iyon ay si Gng. Bell, mismo, hindi kaibigan ni Gng. Bell. “Iyon ay si Gng. Bell, at siya’y nasa ospital, malubhang—malubha.” At nagmadali papuntang ospital, nguni’t siya ay wala na. Tinawag na ng Panginoon si Gng. Bell, Pauwi.

<sup>6</sup> Si Gng. Bell ay naging matapat na nakikipagtipon kasama natin dito sa iglesia, ng maraming taon. Ang kaniyang asawa, na si James, at ako, ay magkasamang nagtrabaho, kasama ang aking ama, maraming taon na ang nakararaan, doon, pinataakbo. . . Pinadadaloy namin papasok ang mga tubo na ito, mula sa Pennsylvania, patungo dito sa Colgate, maraming taon na ang nakararaan, sa palagay ko ay tatlumpung taon na ang nakararaan, o higit pa. At mahal natin si Kapatid na babaeng Bell. Siya ay isang kagalang—galang na tao.

<sup>7</sup> At aking nauunawaan na siya ay nagkaroon ng isang malubhang atake ng kalagayan sa apdo, at sila’y. . . Ang kaniyang manggagamot, na nakakaalam ng lubos sa kalagayan, ay nasa labas-bayan nang panahon na iyon. At isang bagong manggagamot ay dumating upang suriin siya, at—at nagpayo ng agarang operasyon, at hindi niya iyon nalampasan. At—at siya ay. . . palagay ko ang kaniyang. . . Sa pagkakaunawa ko nito, na ang kaniyang regular na manggagamot ay hindi ipag—uutos ang—ang operasyon, dahil siya ay mataba at ang kaniyang apdo ay malala. At siya ay may mga bato, palagay ko, o isang bagay dito, at—at ang Panginoon ay sadyang mahabagin. Siya ay nagkaroon na ng mga atakeng yaon noon at ang Panginoon ang nagsaayos sa mga iyon, maraming pagkakataon. Subali’t sadyang nangyari na gayon. . . Bueno, kung dadalhin natin ito sa kabuuan, sasabihin natin ito: Tinawag ng Diyos ang Kapatid na babaeng Bell, at sa ganyang paraan ito kailangan matanggap, nakita n’yo.

<sup>8</sup> At kung papaano na kaniyang nakaligtaan, dinala ito sa akin, na inaakala ko na iyon ay si Gng. . . isang Binibining Shepherd. Hindi ko kilala si Binibining Shepherd. Ang dalaga ay maaaring narito, ngayong umaga, at maaaring makilala ko siya kung titingnan ko ang kaniyang mukha. Ngunit, nasabi na iyon ay isang Gng. Shepherd. At kung iyon ay naganap ng gayon, upang kung ito’y. . . Kung nalaman ko na iyon ay si Gng. Bell na nasa gayong kalagayan, ako maari ay naparoon at namagitan kaagad para sa kaniya. At pagkatapos, kita n’yo, na, hindi nais ng Dios na gawin natin iyon, marahil. Kaya, “Nalalaman natin na ang lahat ng mga bagay na ito ay nagkakalakip na gumagawa sa ikabubuti ng mga nagsisi—ibig sa Diyos.”

<sup>9</sup> At ako'y nakatitiyak na minahal ng Kapatid na babaeng Bell ang ating Panginoon. Siya ay isang mabuting babae. Ngayon, siya'y isa sa atin. Dito, wala tayong anumang paghihiwalay ng kulay. Ang pamilya ng Diyos ay hindi naghihiwalay ng kulay. Maging tayo man ay pula, kayumanggi, itim, o dilaw, hindi mahalaga, puti. Anuman ito, tayo ay magkakapatid na mga lalaki at mga babae kay Cristo. At kaya ating—minamahal natin siya. At kasasabikan natin siya, ang tabernakulo. Gaano kong maaalala, ang Kapatid na babaeng Bell, silang malakas, malaki, magaspang na mga “amen” doon sa may sulok. At sa paghahatid sa kaniya pauwi, siya'y mangungusap patungkol sa Panginoong Hesus.

<sup>10</sup> At kung nauunawaan ko ito ng tama, hindi ko nalaman ito hanggang kani—kanina lamang, subali't sa palagay ko ang kaniyang paglilibing ay gaganapin dito mismo sa bahay—sambahan. [Ang kapatid na Neville ay nagsabing, “Tama ‘yan.”—Pat.] Itong darating na Martes sa oras na [“Ala una.”] ala una. At palagay ko ikaw at ako ang mangangasiwa [“Iya'y Tama.”] sa gawaing paglilibing na ito.

<sup>11</sup> Ngunit, sa isang kongregasyon lamang, na tayo'y mas mahina ng isa sa umagang ito. Sa paggalang sa ating Kapatid na babaeng Bell, tayo lamang ay tumayo sumandali, habang iniyuyukod natin ang ating mga ulo.

<sup>12</sup> Diyos ng buhay, na Siyang nagbibigay at nag—alis ng buhay; gaya ng sinabi ni Job nang una, “Ang Panginoon ang nagbigay at ang Panginoon ang nag—alis; purihin ang Pangalan ng Panginoon.” Ilang mga taon ang nakararaan, Iyong ipinadala si Kapatid na babaeng Bell sa aming kalagitnaan, upang maging isang mamamayan kasama namin, ng dakilang bayan ng Diyos. At pinasalamatan Ka namin para sa bawa't inspirasyon na ipinakita niya sa aming harapan, na kung paanong gustong—gusto niya na umawit at magpatotoo, at maging lubos na mapupuspos ng Espiritu hanggang sa siya ay humiyaw ng malakas at sumigaw. At hindi niya ikinahihiya ang Ebanghelyo ni Jesus Cristo, sapagka't, para sa kaniya, Ito ay Kapangyarihan ng Diyos sa ikaliligtas. Nakikita na ang kaniyang mga taon ay natapos na, at ang panahon ay dumarating na kailangan kaming lahat ay magbibigay tugon. At Iyong kinuha siya mula sa amin, ngayong umaga, upang mapasa Iyong Presensya. Sapagka't, ito'y tunay na, kapag kami ay pumanaw dito, kami ay nasa Presensya ng Diyos.

<sup>13</sup> O Diyos, pinasalamatan Ka namin para sa lahat. Dalangin namin na Iyong pagpalain ang kaniyang asawa, ang aking kaibigan, si James; ang kaniyang anak na lalaki, ang kaniyang mga anak na babae, lahat ang mga iyon. Napaguunawa namin na ang kaniyang anak na lalaki ay bumabiyaha mula sa Germany, mula sa mga sandatahang lakas, upang umuwi, upang ibigay ang huling paggalang na magagawa niya, sa ibabawa

ng lupa, para sa kaniyang yumaong ina. Gaanong ang puso ng binatang iyon marahil ay mabilis na pumipintig ngayong umaga. Idinadalangin ko siya, Panginoon. Diyos, pagpalain siya. Pagpalain si Jimmy, at kung paanong siya'y . . . Nakikita siya na nagtatrabo doon, at ang mga nakakapagod na mga oras, upang maghanapbuhay para sa kaniyang pamilya. Dalangin ko na ang dakilang pamilya ay hindi magkahiwa—hiwalay, kundi ang gulong ng pamilya ay huwag masira sa Lupaing yaon doon sa kabilang bahagi.

<sup>14</sup> Nawa ay amin, Panginoon, ngayong higgitan ang baluti at ang pamigkis, ng mas mahigpit pa, at pumarooon sa labanan ngayon, upang lumaban na kulang ng isa kaysa noong nakaraang sanglinggo. Dalangin namin na Iyong alalayan kami at palakasin kami, at tulungan kami habang kami ay nagpapatuloy, at balang araw nawa kaming lahat ay magkatipon ng sama—samang muli sa kabilang bahagi. Sapagka't hinihiling namin ito sa Pangalan ni Hesus. Amen.

<sup>15</sup> Ngayon nawa ang kaluluwa ng ating yumaong kapatid ay mamahinga sa kapayapaan. Nais kong sabihin na ang kaniyang—kaniyang paglilibing ay ipangangaral dito sa Linggo, o sa Martes, at nais naming . . . Sinuman na darating ay malugod na tinatanggap. Palagay ko si Kapatid na Neville dito ang magsasa—ayos. [Si Kapatid na Neville ay sumang—ayon—Pat.] At nagawa mo sila. Ngayon, sa araw na ito, ako lamang ay . . .

<sup>16</sup> Kita n'yo, hindi gaanong marami. Kung mayroong maaaring upuan kung saan na maibibigay para kina Kapatid na lalaki at babaeng Slaughter sa likod. Natanggap ko ang tawag mo, Kapatid na babaeng Slaughter, at ako'y nanalangin para sa iyong . . . ang isa pang Kapatid na babaeng Slaughter, si Kapatid na babaeng Jean Slaughter na may rabbit fever, tularemia. Tunay na may malala siyang sakit dito, nguni't tayo'y nagtitiwala sa Diyos na siya'y bubuti.

<sup>17</sup> Ngayon nais nating bumasa ng ilang Kasulatan. At nais ko lamang na magturo sa umagang ito, gugulin ang aking panahon, 'pagkat mula nang ako'y dumating mula doon, sa Arizona, bueno, ang lalamunan ko ay medyo masakit.

<sup>18</sup> At ngayon, sa susunod na Linggo, huwag n'yong kalilimutan, at sa palagay ko ay ipinadala na ni Billy ang—ang mga anunsyo. At iyon ay magiging medyo mahaba—habang gawain, palagay namin, kaya pumarito ng maaga na inyong magagawa. Gusto nating mag—umpisa, kaagad ng mga alas nuebe—trenta, o ibig kong sabihin, alas diyes. At maaaring, tandaan, mga ala—una o ala una— . . . siguro, o alas dose—trenta, o ala—una, gaya niyan, tatlo o apat na oras, o higit pa, gusto kong kunin, at talakayin lamang ang mga Kasulatan. Dalhin ang inyong lapis at papel, at ilalatang lamang ito. Kung may anumang katanungan, inyong itanong—itanong ito, nakita n'yo, at marahil

ating maipaliliwanag ito, gawin ang makakaya namin upang makatulong.

<sup>19</sup> Ngayon bumasa tayo ng ilang mga Kasulatan, una, ngayon. Mayroon akong tatlong dako sa Biblia, na nais kong basahin. At una sa kanila, kung gusto ninyong markahan ito, at kung mayroon kayong lapis. Gusto kong tumukoy, sa umagang ito, sa ilang mga teksto na gusto kong. . . o ilang mga Kasulatan, pala, na gusto kong tukuyin. Ang una ay ang Unang Pedro 5:8—10, Efeso 6:10—17, at Daniel 12:1—14. Ngayon, sa pagbabasa, magkaroon tayo ng sapat na oras.

<sup>20</sup> At lahat ay halos nang nakaupo. Kaya, may kaunting nakatayo parin, sa likuran at sa tagiliran. Nguni't ating sisikapin na matapos ng mabilis hangga't makakaya at palabasin kayo, pagkatapos ating ipananalangin ang may karamdaman.

<sup>21</sup> Mayroong isang munting binibini na naririto ngayong umaga, na malubha. Nauunawaan ko na siya ay malubha, kahapon. At aking—gusto ko lamang na kaniyang marinig, ngayong umaga, muna, bago ako manalangin para sa kaniya. At nalalaman ko ang kalagayan ng munting binibini. At siya'y totoong malubha, subali't mayroon tayong napakadakilang Makalangit na Ama Na higit na pinagtagumpayan ang lahat ng karamdaman. At mayroon akong isang—isang munting. . .

<sup>22</sup> Hiniling ko kay Gng. Woods kung maaari niyang basahin ito, nguni't siya—siya ay medyo atubili sa—sa paggawa niyaon. Isang lathala, kung saan ang isang doktor sa medisina ay totoong nagulat. Nang, siya ay isang kritiko sa Banal na pagpapagalang at ni ayaw pahintulutan ang sinuman na mangusap tungkol dito sa kaniyang opisina; at ang kaniyang nars, din. Kaya, nangyari na, mayroong isang pasyente na may sakit na kanser, isang malaking kanser. Ayaw niyang pakialamanan iyon, kaya pinapunta niya siya sa ibang klinika. Ayaw nilang pakialamanan ito doon, kaya ipinadala nila siya pabalik. Kaya sila'y. . . O, iyon ay nasa suso, at iyon ay nasa napakalalang kalalagayan. At lahat ng balat ay kinain na. At ang kanser, ito ay bumaba sa suso, tungo sa mga tadyang. Palagay ko ay nauunawaan ninyo ang ibig kong sabihin.

<sup>23</sup> Kinuha nila ang ating munting kaibigang doktor mula sa Norway kasama nating nakaupo ngayong umaga.

<sup>24</sup> At naihanda na niya ang lahat niyang kagamitan, sapagka't sabi na alam niya na—na gusto niya siya na mag—opera at alisin ang suso. At iyon ay isang madugong trabaho. At—at kaniyang inihanda ang lahat niyang gamit, lahat. Ang nars ay inihanda ang babae at dinala siya sa silid operahan, at pagkatapos bumalik siya para kunin ang mga kagamitan, din, na magagamit ng doktor at ng kaniyang katulong, para alisin ang suso. At kaya inilagay nila ang mga tuwalya at mga bagay sa ibabaw niya. At kaya kanilang sinimulan. . .

25 Nang magsimula siyang bumaling, gustong alamin ng kaniyang asawa kung maaari siyang makaupo sa duluhan ng silid at manalangin. Siya ay isang mangangaral ng kabanalan. At siya ay naupo roon sa gilid ng paanan ng katre, at nananalangin. Siyempre, ang doctor ay hindi lubos na nasisiyahan doon, alam n'yo, na siya ay naroon. Ngunit hangga't hindi siya titingin, at hindi siya masaktan nito, aba, "Palagay ko iyon ay walang anuman; hindi—hindi hihimatayin."

26 Kaya habang nakaupo, nananalangin, may dumating na pagaspas sa loob ng silid. At ang doktor ay kumilos na, rin, hawak ang kaniyang gamit, para simulang alisin ang suso. Inalis niya bunton—bunton. Ni wala man lamang isang gasgas sa suso; wala ni isang galos. Sabi niya, "Iyon—ito ba'y . . . Gumagalaw ba iyon?" At nagsimula siyang . . . at ang nars ay nagbigay ng kaniyang patotoo. Sila kapuwa ay lumabas at naging mga pentecostal, puspos ng Banal na Espiritu, naglilingkod sa Panginoon. Wala ni isa mang galos!

27 Ang Doktor Holbrook ay nagpatotoo, siya mismo, sabi, "Isang minuto bago pumaroon, nandoon ang—ang babae ay nakahiga roon, at ang nars, at ang napakalaking kanser ay lumuwa sa kaniyang suso. At isang minuto ang nakalipas, wala ni isa mang pilat kung saan iyon inalis." Iyan ay isa sa mga magagaling nating doktor sa medisina dito sa America. Sinabi niya na siya ay nakumbinsi noon mismo. At siya, gayon man, siya ay isang dyakono sa isang iglesia. Kita n'yo?

28 Kita n'yo, ang mga tao ay iniisip na ang simbahan ay isang bagay lamang na pinupuntahan, at ito'y, "O, pumupunta ka roon para matutong maging mabuti, o isang bagay na tulad niyan." Hindi iyon, kaibigan. Hindi. Ang Diyos ay Diyos. Siya'y kasing dakila ngayon na gaya ng Siya noon, kailan pa man. At Siya ay mananatiling gayon. At Siya'y isang . . . Sadyang minamahal natin Siya.

29 Ngayon, nais nating bumasa ngayon mula sa Unang Pedro, ang ika—5 kabanata, ang ika—8 at ika—10 talata, para pasimulan.

*Kayo'y maging mapagpigil, . . . mapagpuyat; ang inyong kalaban na diablo, . . . isang leong umuungal, ay gumagala, na humahanap ng masisila niya:*

*Na siya'y labanan ninyong matatag sa . . . pananampalataya, yamang inyong nalalaman na ang gayong hirap ay nagaganap sa inyong mga kapatid na nangasa sanglibutan.*

*At ang Diyos ng buong biyaya, na sa inyo'y tumawag sa kaniyang walang hanggang kaluwalhatian kay Hesus Cristo, pagkatapos na kayo'y makapagbatang sandaling panahon, ay siya rin ang magpapasakdal,*

magpapatibay, magpapalakas, at magpapatatag sa inyo.

<sup>30</sup> Ang Diyos ay lubos na mapapurihan! Ngayon sa Aklat ng Taga Efeso. Nais nating tumungo rito sa Aklat ng Taga Efeso, ang ika—6 na kabanata, at nais basahin ang ika—10 hanggang sa ika—17 talata, na minarkahan ko.

*Sa katapustapusa'y, mga kapatid ko, magpakalakas kayo sa Panginoon, at sa kapangyarihan ng kaniyang kalakasan.*

*Mangagbihis kayo ng buong kagayakan ng Diyos, upang kayo'y magsitibay laban sa mga lalang ng diablo.*

*Sapagka't ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo, kundi laban sa mga pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng kadiliman ng sanglibutan—ng sanglibutang ito, laban sa mga ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaan.*

*Dahil dito magsikuha kayo ng buong kagayakan ng Diyos, upang kayo'y mangakatagal sa araw na masama, . . .kung magawa ang lahat, ay magsitibay.*

*Magsitibay nga kayo, na ang inyong mga baywang ay may bigkis na katotohanan, . . .may sakbat na baluti ng katuwiran;*

*At ang inyong mga paa ay may panyapak na paghahanda ng evangelio ng kapayapaan;*

*Bukod sa lahat ng mga bagay, . . .ang kalasag ng pananampalataya, na siyang ipapatay ninyo sa lahat ng nangagniningas na suligi ng masama.*

*At magsikuha rin naman kayo ng turbante ng kaligtasan, at ng tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Diyos:*

<sup>31</sup> Ngayon doon sa Aklat ni Daniel, gusto kong bumasa ng ilan pa. Ngayon, Daniel sa ika—12 kabanata. Gusto kong magsimula sa ika—1, at bumasa ng medyo isang—isang mahaba—habang bahagi nito, labing apat na talata.

*At sa panahon na yaon . . .tatayo si Miguel, na dakilang prinsipal na tumatayo sa ikabubuti ng mga anak ng iyong bayan; at magkakaroon . . .panahon ng kabagabagan, na hindi pa nangyari kailan man mula nang magkaroon ng bansa hanggang sa panahong yaon: at sa panahong yaon ay maliligtas ang iyong bayan, bawat isa na masusumpungan na nakasulat sa aklat.*

*At marami sa kanila na nangatutulog sa alabok ng lupa ay mangagigising, at ang iba'y sa walang hanggang*

*buhay, . . . ang iba'y sa kahihayan at sa walang hanggang pagkapahamak.*

*At silang pantas ay sisilang na parang ningning ng langit; at silang mangagbabalik—mangagbabalik ng marami sa katuwiran ay parang mga bituin magpakailan man.*

*Nguni't ikaw, Oh Daniel, isara mo ang—isara mo ang . . . aklat, hanggang sa panahon: marami ang tatakbo ng paroo't parito, at ang kaalaman ay lalago.*

*Nang magkagayo'y akong si Daniel ay tumingin, at, narito, nakatayo ang ibang dalawa, . . . isa'y sa dakong ito ng pangpang ng ilog, at ang isa'y sa . . . kabilang pangpang ng ilog sa dakong yaon.*

*At ang isa'y nagsalita sa lalaking nabibihisan ng kayong lino, na nasa ibabaw ng tubig ng ilog, Hanggang kailan mangyayari ang wakas ng mga na . . . kababalaghang ito?*

*At aking napakinggan ang lalaking nakapanamit ng kayong lino, na nasa ibabaw ng tubig ng ilog, nang kaniyang itaas ang kaniyang kanan at kaniyang kaliwang kamay sa langit, at sumumpa sa pamamagitan ng nabubuhay magpakailan man na magiging sa isang panahon, mga panahon, at kalahati ng isang panahon; at pagka kanilang natapos na mapagputol—putol ang kapangyarihan ng banal na bayan, . . . ang mga bagay na ito ay matatapos.*

<sup>32</sup> Palagay ko ako'y hihinto ryan. Gusto kong kumuha ng isang paksa, kung ito'y matatawag na paksa mula roon, mula ryan, upang hanguin ang konklusyon na ito ng: *Ang Pinakadakilang Labanan na Naganap Kailanman*. Iyan ang gusto kong gamitin para sa isang paksa.

<sup>33</sup> Ngayon, kung paano ko nakuha ito bilang isang paksa para sa umagang ito. Kababalik lamang namin; dalawa sa mga katiwala, dito sa iglesia, at sarili ko, ay nasa Arizona. At pumaroon kami, sa totoo, para magkaroon ng pagtitipon sa Phoenix, kasama si Kapatid na Lalaking Sharrit, sa kaniyang tabernakulo. Nguni't nang mabalitaan ko na isang—isang kapatid ay nasa bayan, naglulunsad ng mga gawain sa isang tolda, bueno, sa gayon medyo nakaramdam ako ng pagaatubili tungkol sa pagdaraos ng isang pagtitipon. Naisip ko na marahil ay gagawin ko ito sa Linggo ng hapon, para sa gayon ay walang isa mang maaabala sa kanilang mga iglesia. Subali't, nalaman ko, na mayroon siyang mga gawain sa hapon ng Linggo, rin. At ako ay—ay medyo nag—alala ng kaunti tungkol sa pagkakaroon ng isang gawain.

<sup>34</sup> At kaya kaming kapatiran, sa halip na magpatuloy sa buong araw, habang kami ay naroon sa pangangaso, nagtungo kami



sa siyudad, umalis at naghanda, at nagpunta sa mga gawain ni Kapatid na Allen. Si Lalaking Kapatid na A. A. Allen ay naglulunsad ng mga gawain. Kaya kami ay nagtungo sa mga gawain, at si Kapatid na Allen ay nangaral ng isang makapangyarihang sermon. Nagkaroon kami ng isang—isang panahon, isang magandang panahon, ng pakikinig kay Kapatid na Allen, pinapakinggan ang—ang mga manganganta, at iba pa, kung paano sila umawit, at sumigaw, at nagkaroon ng napakagandang gawain.

<sup>35</sup> Sa gayon aming nakita, sa buong paglalakbay, ang kamay ng Panginoon. Saan man kami pumaroon, ang Panginoong Hesus ay kinakatagpo kami. At may isang bagay sa pag—iisa, doon sa mga desiyerto. May isang bagay rito, na kung kayo ay mapag—isa sa gayong paraan, may bagay na humihila sa inyo. Iya'y, palagay ko, ay isa sa dahilan na gusto ko yaong mga lugar na malayo. Lumalayo ka sa kapangyarihan ng kaaway, ng napakalayo gaya ng mayroon tayo rito.

<sup>36</sup> Ang isang diablo ay halos hindi makapananakit maliban na magkaroon siya ng isang bagay na makikilusan, mayroon siya. Naalala ninyo ang mga diablong yaon na pinalayas kay Pulutong, mayroon sila? Gusto nilang gumawa ng higit pang kasamaan, kaya ginusto nilang pumunta sa mga baboy. Kaya, ang mga diablo ay kinakailangang may mapagkilusan, isa na makikilusan.

<sup>37</sup> At ganyan ang ginagawa ng Diyos, din. Kailangan Niya tayo. Siya'y umaasa sa atin, para gumawa sa pamamagitan natin.

<sup>38</sup> At marami ang dumating habang kami ay nasa biyahe, na may mga panaginip. At ang Panginoong Hesus ay hindi nagkulang kundi bagkus ay ibinigay ng tumpak ang kapaliwanagan, at maging gayon lamang, tumpak na gayon nga.

<sup>39</sup> At pagkatapos Siya ay naging mabuti sa amin, para pangunahan kami sa magandang huli at sabihin sa amin kung nasaan iyon. At, alam n'yo, ang maparoon lamang tulad niyaon, iyon ay sadyang kahanga—hanga. Manatili roon, sa gabi, sa may siga, malayo sa lahat, ng milya at milya at milya, at minamasdan ang—ang umaandap—andap na siga sa palibot ng mabatong gilid. At, o, iyon ay napakaganda!

<sup>40</sup> Isang kapatid doon, na nagkakaroon ng problema sa kaniyang asawa, na mayroong... Maraming taon na ang nakararaan, itinaas niya ang kaniyang ulo sa isang pagtitipon, kung saan ako ay nagkakaroon ng gawain. At hiniling ko sa kanila na manatiling nakayuko ang kanilang ulo; may isang masamang espiritu na ayaw iwanan ang isang—isang babae, sa may entablado. At ang babae, sadyang walang paggalang, itinaas pa rin ang kaniyang ulo. At iniwan ng espiritu ang babae, sa may entablado, at pumunta sa kaniya. At ito ay nasa mga labing apat na taon na, at ang babae ay nalagay sa malubhang

kalalagayan; ng labis, maging sa pag—iisip, hanggang sa gumagawa siya ng mga bagay na hindi tama. Halimbawa, iniwan ang sarili niyang asawa, umalis at nagpakasal sa ibang lalaki habang siya ay nakikisama sa kaniyang asawa; sinabi na hindi niya alam na nagawa niya iyon. At kaya kanilang—kanilang sinubok na suriin siya para dito. Ano ba ang tawag ninyo ryan, kapag kayo. . . Amnesia? Ito. . . Naku, anuman ang pangalan na iyon. Palagay ko tama iyan, doktor. Pero iyan ay hindi iyon. Iyon ay isang espiritu. At ang kaniyang. . . At ang babae ay mabuti kong kaibigan. Nguni't mula nang gabing iyon, patuloy, siya ay sadyang kinapootan ako. Siyempre, nakikita ninyo kung bakit gayon.

<sup>41</sup> Subali't pagkatapos nang ang kaniyang asawang lalaki ay dumating, at kami ay lumuhod doon sa silid upang manalangin, pagkatapos ay bumaba ang Banal na Espiritu. Iyon na. Pagkatapos ay nagpakita Siya sa kaniyang asawang lalaki nang gabing yaon, sa isang panaginip. Bumalik siya na may isang panaginip, akala niya iyon ay isang biro lang. Nalaman niya, iyon nga ay mismong kasagutan sa kagalingan ng kaniyang asawa. Gaano na ang Banal na Espiritu ay nakipag—ugnay!

<sup>42</sup> Papunta roon sa Tucson, kasama si Kapatid na Norman at sila, at doon ang Panginoon ay nagsimulang gumawa uli ng dakila, makapangyarihang mga bagay at nagpapahayag ng mga bagay—bagay.

<sup>43</sup> Isang gabi, kung ano ang humila sa akin sa konklusyon na ito rito, ako ay nakatayong kasama sina Lalaking Kapatid na Wood at Lalaking Kapatid na Sothmann. At kami ay. . . Iyon ay mga alas diyos sa gabi, at ako ay nakatingin sa kalangitan, at isang malaking sindak ang dumating sa akin. At sabi ko, “Tumingin kayo! Lahat niyang dakila, na makalangit na karamihan!” At sabi ko, “Lahat ay nasa ganap na pagkakaisa.”

<sup>44</sup> At sinabi ni Kapatid na Wood, “Sa pagtingin sa dalawang maliit na bituin na magkalapit ng husto, na, iyon ay naging parang isang ilaw.”

<sup>45</sup> Sabi ko, “Pero, alam mo, Kapatid na Wood, ayon sa siyensya, sa Lumbo na iyan, ang Maliit na Lumbo, ang Malaking Lumbo, ang mga bituin na iyon ay para bang hindi lalampas sa dalawang pulgada ang layo sa isa't—isa; at sila ay mas malayo pa sa isa't—isa kaysa sa layo natin sa kanila. At kung sila'y magsimulang lumapit sa mundong ito, aabutin ito, libo—libong mga milya sa isang oras, aabutin sila ng daan—daang taon bago nila marating ang mundo.” At sabi ko, “Sa lahat nitong dakila, napakalawak na sistema rito, at gayon ma'y sinasabi nila sa atin na sila ay tumitingin sa pamamagitan ng mga salamin, nakikita ang isang daan at dalawampung milyong taong oras ng liwanag, sa dako roon; at mayroon pang mga buwan at mga bituin. At—at, gayon

pa man, ginawa ng Diyos ang bawa't isa sa kanila. At Siya ay sumasa kalagitnaan nila.”

<sup>46</sup> Sabi ko, “Sa isang dako roon, ipinaturo ko sa akin, minsan sa isang obserbatoryo, ang zodiac; nagsisimula sa birhen, papunta sa kapanahunan ng canser, at patuloy hanggang sa huli ay ang leon, Leo ang leon. Ang unang pagparito ni Cristo, sa pamamagitan ng birhen; ang ikalawang pagparito, sa pamamagitan ng Leon ng angkang ni Juda.” At sabi ko, “Ginawa ko ang makakaya ko na makita ang zodiac na iyan, at hindi ko ito makita. Nguni't, gayon pa man, iyo'y naroon. Silang mga sinanay, ay nalalaman na iyon ay naroon. Nakita iyon ni Job. Ang mga tao ay dating tumitingin doon. Iyon ay isang Biblia, isang araw. Nguni't sa buong niyang napakalaking karamihan ng milyon—milyon at bilyon—bilyon na—na taon ng liwanag, ang Diyos ay nauupo sa kalagitnaan ng lahat ng iyan, at Siya ay tumitingin. Si Pablo ay naroon. Ang nanay ko ay naroon, sa isang dako, nakatingin.”

<sup>47</sup> At naisip ko ang kaayusan niyang makalangit na karamihan, wala ni isa sa kanila ang wala sa lugar. Bawa't isa ay nananatili sa kaniyang panahon, ng ganap. Dakilang hukbo ng Diyos! Naisip ko ang mga sundalo; kung paano na kapag ang buwan na iyan ay mangyaring mawala sa kaayusan, ang lupa ay malilipos uli ng tubig, sa kaunting sandali lamang. Ang lupa ay magiging tulad ng dati nang ang Diyos ay magpasyang gamitin ito, upang ilagay tayo sa ibabaw nito. “Ito noon ay walang anyo, at hungkag, at kadiliman, at ang tubig ay nasa kalaparan ng lupa.” At kung ang buwan na iyan ay kikilos, gagawin nito ang gayunding bagay muli. Kapag ang buwan ay umuga ng kaunti palayo sa lupa, tataas ang tubig. Kapag ito ay bumaba, susunod lamang ang tubig. Ito'y dakilang hukbo ng Diyos. Nang maisip ko ang tungkol sa . . . iyan bilang dakilang hukbo ng Diyos doon.

<sup>48</sup> Ngayon, nahiga na kami. At pagkatapos nagsimula akong mag—isip na wala ni isa sa mga iyon ang nawawala sa kanilang lugar. Silang lahat ay nasa lugar. At kung magkaroon ng isang pagkilos, saan man, sa kanila, iyon ay may dahilan, at maapektuhan ang lupang ito. Nakikita na natin ang resulta nito ngayon, mula sa ilan sa kanila na kumikilos sa kanilang ibang lugar. Ito'y nakakaapekto. Naaapektuhan nito ang lahat.

<sup>49</sup> At naisip ko, kung gayon, kung ang dakilang makalangit na karamihan na iyan, tulad niyan, ay kinakailangang manatili sa kaniyang lugar, upang ang lahat ay nasa kaayusan, papaano kaya ang kawalang—ayos ng makalupang karamihan? Paano, kapag ang isa ay nawala sa kaayusan, gaanong ilalagay nito ang lahat ng bagay sa kawalang—ayos! Ang buong palatuntunan ng Diyos ay masisira kapag ang isang kasapi ay mawala sa kaayusan. Dapat tayong patuloy na magsumikap na panatilihin ang kaayusan ng Espiritu.

<sup>50</sup> At hangad ko, sa Diyos, sa umagang ito, na dalhin natin ito sa isang tunay na gawaing pagpapagaling, na mapanatili natin ang bahaging ito . . . grupo na natipon natin sa ilalim ng bubong ngayong umaga, sa isang lubos na pagkakaisa, na isaayos ng Banal na Espiritu ang bawa't miyembro ng Katawan, na narito ngayong umaga, sa lubos na pagkakaisa, hanggang sa magkaroon ng isang kusang kagalingan ng kaluluwa at katawan, kung mananatili lamang tayo sa ating mga posisyon.

<sup>51</sup> Ngayon, gaya ng sinabi ko sa pasimula, ang babaeng ito na may kanser na si Doktor Holbrook ang mag-tatanggal . . . na noon ay tatanggalin. Ngayon, ang Diyos na nagdulot ng lagaslas na ingay para pumasok sa klinikang iyon, at inalis ang kanser na iyon na walang iniwan ni isa mang peklat, hindi n'yo ba alam na ang Diyos ding iyan ay narito? [Ang kongregasyon ay nagsabing, "Amen."—Pat.] At ang tanging bagay na hinihintay Niya, ay ang Kaniyang—Kaniyang hukbo ay mapasa kanilang posisyon, tulad ng mga bituin, ay napasa posisyon.

<sup>52</sup> Ngayon, alam ba ninyo, na nagkaroon tayo ng mga digmaan at mga digmaan, at mga alingawngaw ng mga digmaan? At kung ang lupa ay mananatili pa, magkakaroon tayo ng marami pang mga digmaan. Nguni't napagtanto ba ninyo na sa totoo ay mayroon lamang dadalawang kapangyarihan sa buong sandaigdigan? Sa lahat ng ating mga di-pagkakaunawaan sa pagitan ng mga bansa, at mga di-pagkakaunawaan sa pagitan ng isa't-isa, at lahat, lahat ng ito nauuwi sa dalawang kapangyarihan. Mayroon lamang dalawang kapangyarihan, at mayroon lamang dalawang kaharian; dalawang kapangyarihan, at dalawang kaharian. Lahat ng iba pa, ang mga maliliit na mga bagay, ay mga naka-ugnay sa alin man sa isa sa mga kapangyarihang iyon. At ang mga kapangyarihang iyon ay kapangyarihan ng Diyos at kapangyarihan ni Satanas. Iyan ang . . . Bawa't digmaan, bawa't kawalan ng ayos, lahat ng bagay na dumarating, iyon ay maaaring sa pamamahala ng kapangyarihan ng Diyos o ng puwersa ni Satanas, 'pagkat iyan lamang ang dalawang kapangyarihan na mayroon. At iyan ay kapangyarihan ng buhay at ang kapangyarihan ng kamatayan. Ngayon, iyan lamang ang dalawang kapangyarihan.

<sup>53</sup> At si Satanas ay magagawa lamang . . . Ang kaniyang kapangyarihan, na mayroon siya, ay ang maling gamit sa kapangyarihan ng Diyos. Iyon ay hindi tunay na kapangyarihan. Iyon ay maling gamit sa kapangyarihan ng Diyos, lahat ng bagay na taglay ni Satanas. Ang kamatayan ay pagmamali sa buhay. Ang isang kasinungalingan ay ang katotohanan na pinamalian. Kita n'yo? Ang pangangalunya ay isang—isang gawa na ginamit ng mali, isang matuwid na gawa na nagamit ng mali. Kita n'yo? Lahat ng bagay na nakay Satanas ay isang bagay na ginamit sa mali, pero ito'y isang kapangyarihan.

54 At tayo, ngayon, nauupo rito, at isa o ang ibang kapangyarihan ay mamamahala sa atin. Kaya itakwil natin ang siyang masama. Lumagay tayo sa ating lugar tulad ng mga bituin sa kalangitan.

55 Gaya ng sinasabi ng Biblia, “Mga bituing gala,” doon sa Aklat ni Judas, “pinagbubula ang kanilang sariling kahihiyang.” At ayaw nating maging mga bituing gala; nag-aalinlangan kung *ito* ay tama, nag-aalinlangan kung *iyon* ay tama, nag-aalinlangan kung *ito* ay mangyayari, nag-aalinlangan kung papaano *ito* mangyayari. Huwag maggala. Manatili na tulad ng mga bituin sa langit, gaya ng isang tunay na kawal na nasa kaniyang tungkulin. Tumindig doon, na nananampalataya! Buhay at kamatayan.

56 Ngayon, ang isang hukbo, kung tunay na isang hukbo, ang isang bansa ay naghahandang lumaban sa ibang bansa, dapat muna itong maupo at unawain kung ano ang tama at mali, at kung kaya ba nilang labanan ang ibang bansa o hindi. Itinuro iyan ni Hesus. At kung gagawin iyan ng mga tao, kung ang mga bansa ay—ay mauupo, at hihinto at iisipin ang mga bagay na yaon, magkabilang panig, hindi na tayo magkakaroon ng digmaan.

57 Ngayon, nalaman natin, kung hindi iyan gagawin ng isang tao, kung ang mga pinuno ng militar ng bansa ay hindi mauupo, muna, at unawain at tingnan na sila ay tama, at ang kanilang mga hangarin at mga layunin ay tama, at kung sila ay may sapat na lakas at puwersa upang daigin ang ibang hukbo, kung gayon sila’y tiyak na matatalo.

58 Diyan nagawa ni Heneral Custer ang kaniyang napakalaking pagkakamali. Si Heneral Custer, sa pagka—unawa ko, ay may utos mula sa pamahalaan, na huwag magtungo doon sa lupain ng Sioux, dahil iyon ay relihiyosong panahon para sa kanila. Iyon ay panahon ng pagsamba. Nagkakaroon sila ng pista. Nguni’t si Custer ay nalasing, at naisip niya gagawin pa rin niya iyon. Tatawid siya, maging iyon man ay utos o hindi utos. At pagkatapos totoong binaril nila ang ilang mga taong walang kasalanan, binaril sila. Palagay ko tinamaan nila ang ilan sa kanila. Iyon ay mga iskaut, humayo, naghahanap ng makakain, para ipakain sa kanilang—kanilang kababayan habang sila ay nasa pagsamba. At si Custer, sa pagbagtas, nakita niya sila, at inakala na tinutugis nila ang kanilang panig, at kaya sila ay nagpaputok sa mga iskaut na ito. At ang mga iskaut na ito ay nakatakas, nagbalik. Anong ginawa nila? Sinandatahan nila ang kanilang mga sarili, at narito dumating sila. At iyan ang wakas ni Heneral Custer, dahil hindi siya naupo at nag—isip, muna.

59 Wala siyang pakialam doon. Wala siyang karapatang maparoon. Itinulak na niya ang mga Indian mula sa Baybaying—Silangan, tuloy—tuloy patungo sa Kanluran, kahit papano. At

mayroon silang kasunduan, subali't sinira niya ang kasunduan. At nang sirain niya ang kasunduan, ay natalo siya sa labanan.

<sup>60</sup> At kaya ang isang hukbo, una, sa paghahanda para sa isang labanan, mayroon dapat munang mga pili, ilang mga kawal. Dapat silang magayakan para sa pakikipaglaban. Dapat silang maisanay para sa pakikipaglaban.

<sup>61</sup> At naniniwala ako na ang pinakadakilang labanan na naganap kailanman, ay handa nang maisagawa ngayon. Naniniwala ako na pinipili na ng Diyos ang Kaniyang mga kawal. Naniniwala ako na ginagayakan na Niya sila, sinasanay sila. At ang pook ng labanan ay naihandanda na ngayon, naghahanda nang simulan.

<sup>62</sup> Itong dakilang, unang labanan na naganap, ay nagsimula sa Langit, nang si Miguel at ang Kaniyang mga Anghel ay nakipaglaban laban kay Lucifer at kaniyang mga anghel. Ito unang nagsimula, ang unang labanan ay sa Langit. Kaya, ang kasalanan ay hindi nagsimula sa lupa, ito ay nagsimula sa Langit.

<sup>63</sup> At pagkatapos ito ay inihulog mula sa Langit, pinalayas sa Langit, patungo sa lupa, at bumagsak sa mga tao. Sa gayon ang labanan, mula sa mga anghel, ay naging mga labanan ng mga tao. At si Satanas ay dumating para sirain ang nilikha ng Diyos, kung ano ang nilikha ng Diyos para sa Kaniyang sarili. Siya ay, si Satanas, ay dumating para sirain ito. Iyan ang kaniyang layunin, ay ang sirain ito. Pagkatapos ang labanan ay nagsimula dito sa lupa, at nagsimula sa atin, at nananalanta mula noon.

<sup>64</sup> Ngayon, bago ang anumang labanan ay maigayak, sila ay dapat munang pumili ng isang lugar na tagpuan, o isang lugar kung saan ang labanan ay paglalabanan, isang napiling lugar.

<sup>65</sup> Sa Unang Digmaang Pandaigdig, iyon ay nailagay, sa isang lupaing hindi matao at mga lugar na kanilang pinaglabanan. At kailangan sila'y mga piniling lugar.

<sup>66</sup> Gaya nang ang Israel ay nakipagdigma sa mga Felisteo, mayroong isang—isang—isang burol sa bawa't panig kung saan sila ay nagtipon. At diyan ay kung saan lumabas si Goliath at naghamon sa mga hukbo ng Israel. Diyan siya kinatagpo ni David, sa lambak, noong siya ay dumaan sa may munting sapa na dumadaloy sa pagitan ng dalawang burol, dumampot siya ng mga bato.

<sup>67</sup> Kailangan mayroong isang lugar na napili. At dito, mayroong isang—isang napagkasunduang lugar, lupaing di—matao, at maglalaban sila *dito* sa lugar na ito. Sila ay hindi lamang, ang isa ay makikipaglaban *dito*, at ang isa ay banda *rito*, at ang isa ay tatakbo *roon*. Mayroong isang larangan ng labanan kung saan sila ay magtatagpo at magkasubukan ang kanilang mga puwersa, kung saan ang bawa't hukbo ay sinusubok ang

lakas nito laban sa ibang hukbo, isang napagkasunduang lugar. Ngayon, huwag (maging) kaligtaan ito.

<sup>68</sup> Nang ang dakilang labanan na ito ay nagsimula sa ibabaw ng lupa, mayroong dapat na isang napagkasunduang lugar na tagpuan. Kailangang may napiling lugar para ang labanan ay mapasimulan, at para ang labanan ay manalanta. At ang mga lugar ng labanan na iyan ay nagsisimula sa pag—iisip ng tao. Doon ay kung saan nagsimula ang labanan. Napili ang pag—iisip ng tao para sa lugar ng labanan, kung saan ito nagsimula, at iyan ay dahil sa ang mga pagpapasya ay ginagawa mula sa isipan, ang ulo. Ngayon, hindi nila kailanman ito sinimulan sa isang organisasyon. Hindi nila kailanman ito sinimulan sa isang mekanikal na bagay. Ang lugar ay hindi nagsimula roon. Samakatuwid, ang organisasyon na iyan ay hindi, hindi kailanman magagawa ang gawa ng Diyos, dahil ang mga lugar ng labanan, kung saan mo kailangang katagpuin ang iyong kaaway, ay nasa isipan. Kailangan mong pumili. Kinakatagpo ka nito.

<sup>69</sup> Gusto ko sa batang babae na ito rito, na malala ang sakit, na makinig na maigi ngayon dito, makinig na maigi.

<sup>70</sup> Ang mga pagpapasya ay ginagawa sa pag—iisip, ang ulo. Doon kayo kinakatagpo ni Satanas, at doon ang mga pagpapasya, dahil sa ginawa ng Diyos ang tao ng ganyan.

<sup>71</sup> Ngayon, mayroon akong (kung kayo ay titingin sa aking sipi rito) isang maliit na mapa na naiguhit. Nasa akin ito rito hindi pa katagalan, sa . . . ginamit sa pisara. Ang tao ay binuo tulad lamang sa isang butil ng trigo. Ito'y isang binhi. At ang tao ay isang binhi. Sa pisikal, kayo'y binhi ng inyong ama at ina; at ang buhay ay nagmula sa ama, ang kalamnan ay nagmula sa ina. Kung gayon, ang dalawa, magkasama, ang itlog at ang—ang dugo, ay magsasama. At sa selulang dugo ay may buhay. At doon ito ay magsisimula, mabubuo, nagmumula ang—ang bata. Ngayon, anumang binhi ay mayroong balat sa gawing labas; ang loob ay kalamnan; at sa loob ng kalamnan ay ang mikrobyo ng buhay. Bueno, ganyang paraan tayo nagawa. Tayo ay katawan, kaluluwa, at espiritu. Ang panlabas, ang katawan, ang balat; ang loob niyan, ang budhi at iba pa, ay ang kaluluwa; at ang loob ng kaluluwa, ay isang espiritu. At pinamumunuan ng espiritu ang lahat ng iba.

<sup>72</sup> Ngayon, kung kayo'y mauupo kapag kayo ay nakauwi, at gumuhit ng tatlong bilog. Masusumpungan ninyo na ang panlabas na katawan ay mayroong limang pandama para ito'y mapakitunguhan, at iyan ay paningin, panlasa, pakiramdam, pang—amoy, pandinig. Iyan ang mga limang pandama na namamahala sa katawan ng tao.

<sup>73</sup> Sa loob ng katawan ay isang kaluluwa, at ang kaluluwang iyan ay pinamamahalaan ng mga imahinasyon, budhi, alaala,

mga pangangatwiran, at mga pagmamahal. Iyan ang bagay na namamahala sa kaluluwa.

<sup>74</sup> Subali't, ang espiritu, ay mayroon lamang iisang pandama. Ang espiritu. . . O, unawain natin ito. Ang espiritu ay mayroong isang pandama, at ang pandamang iyan ay, alin man sa dalawa ang nangingibabaw dito, ang pananampalataya o pag-aalinlangan. Iya'y tamang-tama. At mayroon lamang iisang daluyan tungo dito, iyan ay malayang pagpapasya. Maaari mong tanggapin ang pag-aalinlangan o maaari mong tanggapin ang pananampalataya, alin man na gusto mong kilusan. Samakatuwid, si Satanas ay nagsimula sa pangunahing bahagi, upang udyokan ang espiritu ng tao na pag-alinlanganan ang Salita ng Diyos. Ang Diyos ay nagsimula sa pangunahing bahagi, para ilagay ang Kaniyang Salita sa espiritong iyan. Hayan nga kayo. Iyan ang gumagawa nito.

<sup>75</sup> Kung ang iglesiang ito, ngayon mismo ay mapagsama-sama, at mapaglapat ng sama-sama ng lubos na ang bawa't tao ay mapasa iisang pagkakasundo, na walang isa mang anino ng pag-aalinlangan saan mang dako, hindi magkakaroon ni isa mang mahinang tao sa ating kalagitnaan, sa susunod na limang minuto. Walang sinuman dito na maghahangad ng Banal na Espiritu na hindi makatatanggap Nito, kung magagawa n'yo lamang na maisaayos ang isang bagay na iyan. Ngayon, doon nagsisimula ang labanan, mismo sa inyong pag-iisip, kung gugustuhin n'yo.

<sup>76</sup> Ngayon tandaan, hindi ito Christian Science, ngayon, pangingibabaw ng pag-iisip sa isang bagay. Iyan ay walang. . . Ang pag-iisip ang tumatanggap sa Buhay, na siyang Salita ng Diyos, at doon dinadala ang Buhay. Ang inyong pag-iisip lamang ay hindi magagawa iyon. Kundi, ang Salita ng Diyos, dinala sa daluyan ng inyong pag-iisip. Kita n'yo? Hindi ang pag-iisip, gaya ng ginagawa ng Christian Science, pangingibabaw ng pag-iisip sa isang bagay. Hindi. Hindi iyan 'yon.

<sup>77</sup> Nguni't, tinatanggap Iyon ng inyong pag-iisip. Hinahawakan nito Iyon ng mahigpit. Ano ang namamahala sa inyong pag-iisip? Ang inyong espiritu. At sinasalo ng inyong espiritu ang Salita ng Diyos, at iyan ang bagay na may Buhay sa loob Nito. Nagdadala Ito ng Buhay sa inyo. O, kapatid! Kapag nangyari iyan, kapag ang Buhay ay bumaba sa daluyan na iyan, papasok sa inyo, ang Salita ng Diyos ay nahayag sa inyo. "Kung kayo'y magsipanatili sa Akin, at ang mga Salita Ko'y magsipanatili sa inyo, kung gayon ay hingin ninyo ang anomang inyong ibigin at ito'y gagawin sa inyo."

<sup>78</sup> Pagkatapos ano ang ginagawa niyan? Mula sa kalagitnaan ng puso, na siyang kaluluwa, mula roon ay lumalabas, pinapakain bawa't daluyan. Ang problema dito ay, tayo'y tumatayo *dito* na



puno ng pag-aalinlangan, pinipilit na tanggapin kung ano ang nasa labas. Dapat n'yong itigil iyan; at dumaan sa lagusan na iyan na taglay ang tunay na Salita ng Diyos, at pagkatapos iyon ay lalabas, mismo, ng kusa. Iya'y kung ano ang nasa loob. Iyan ang bagay na mahalaga, ay ang nasa loob.

Ang paglapit ni Satanas ay mula sa loob.

<sup>79</sup> Ngayon, sinasabi ninyo, “Hindi ako nagnanakaw. Hindi ako naglalasing. Hindi ko ginagawa ang mga bagay na ito.” Iyan ay walang kinalaman dito.

<sup>80</sup> Kita n'yo, iyon ang nasa loob. Gaano man kayo kabuti, gaano man kayo kabait, gaano man kayo katapat, ang mga bagay na iyon ay iginagalang. Nguni't sinabi ni Hesus, “Maliban na ang tao ay maipanganak na muli.” Kita n'yo? Mayroong dapat na mangyari sa loob. Kung kayo'y hindi, iyan ay gawa-gawa lamang, sapagka't doon sa kaibuturan ng inyong puso ay gusto n'yo pa ring gawin iyon. Hindi iyon maaaring gawa-gawa lamang. Iyon ay dapat na totoo.

<sup>81</sup> At mayroon lamang iisang daanan na maaaring daanan niyan, at iyan ay sa pamamagitan ng kusang loob, papasok sa kaluluwa, sa inyong mga kaisipan. “Gaya ng iniisip ng tao sa kaniyang puso, ay gayon siya.” “Kung sasabihin ninyo sa bundok na ito, ‘Maalis ka,’ at hindi mag-alinlangan sa inyong puso, kundi sampalatayanan na ang sinabi mo ay mangyayari, makakamtan mo ang iyong sinabi.” Naunawaan ninyo? [Ang kongregasyon ay nagsabing, “Amen.”—Pat.] Hayan kayo. Kita n'yo? Hayan ang mga lugar ng labanan. Kung magagawa lamang ninyong masimulan iyan, muna.

<sup>82</sup> Nasasabik tayong makita ang bagay-bagay na mangyari. Nasasabik tayong gumawa ng isang bagay para sa Diyos. Ang munting dalagang ito ay hindi . . . nasasabik, walang duda, nasasabik na mabuhay. Gusto niyang gumaling. Ang iba ay narito, gustong gumaling. At nang marinig natin ang tungkol sa kaso na iyon, tulad ng doktor, ang pagkabuhay na mag-uli ng patay, ang dakila't makapangyarihang mga bagay na ginawa ng ating Diyos, sa gayon tayo'y nananabik. At ang bagay nga tungkol dito ay, sinisikap nating abutin sa pamamagitan ng mga pandama na ito, para panghawakan ang isang bagay rito, tulad ng budhi.

<sup>83</sup> Napakaraming mga tao, kadalasan, ay mali ng pang-unawa sa Salita. At ako'y di-naunawaan tungkol dito, sa paggawa ng mga pagtawag sa altar. Sabi ko, “Hindi ako gaanong mahilig sa pagtawag papuntang altar,” hindi ibig sabihin na hindi kayo dapat na gumawa ng pagtawag papuntang altar.

<sup>84</sup> Subali't may isang taong hihikayatin ang isa, sasabihin, “O, Kapatid na John, alam mo ba? Ako at ikaw ay matagal ng magkapit-bahay hanggang ngayon. Halika rito sa altar, lumuhod ka.” Anong ginagawa niya? Sana ay mayroong akong

pisara dito, maipapakita ko sa inyo kung ano ang kaniyang ginagawa. Sinisikap niyang kumilos sa kaniyang kaluluwa, sa mga pagmamahal. Hindi iyan uobra. Hindi iyan ang daanan. Tiyak, iyan ay hindi.

<sup>85</sup> Maaaring siya'y kumikilos sa (sa ano?) isang alaala, sa pamamagitan ng pandama ng kaniyang kaluluwa. "O, Kapatid na John, mayroon kang napakabuting ina. Matagal na siyang patay." Isang alaala! Kita n'yo? Hindi ninyo magagawa iyan.

<sup>86</sup> Ito'y dapat na dumating ng kusang loob. Ikaw, mismo, hayaan ang Salita ng Diyos...Hindi ka lumalapit dahil mabuting babae ang iyong ina. Hindi ka lumalapit dahil ikaw ay mabait na kapatid—bahay. Lumapit ka dahil sa tinawag ka ng Diyos upang lumapit, at tatanggapin mo Siya sa pamamagitan ng Kaniyang Salita. Ang Salita na iyan ay ang nangangahulugan ng lahat—lahat. Ang Salitang iyan! Kung magagawa mong alisin ang lahat ng bagay sa daan, lahat ng budhi, lahat ng mga pandama, at hayaan lamang na pumasok ang Salita, ang Salitang iyan magbubunga ng gayon mismo.

<sup>87</sup> Narito, nakikita n'yo kung ano ang tumatakip Dito? Sasabihin ninyo, "Bueno, ngayon," sasabihin ninyo, "bueno, ang mga ito, budhi at mga pandama, at iba pa, ay wala bang kinalaman dito, Kapatid na Branham?" Tunay, may kinalaman ito. Nguni't kung papapasukin ninyo ang Salita, at tatakpan Ito ng budhi, kung gayon hindi Ito lalago; ito'y magiging isang sirang—anyong salita.

<sup>88</sup> Nakakita na ba kayo ng isang magandang butil ng mais na itinanim sa lupa, at hayaang mabagsakan ito ng isang kahoy? Lalaki itong baluktot. Anumang puno, anumang bagay na lumalaki, ay magiging gayon, dahil may bagay na humadlang dito.

<sup>89</sup> Bueno, iyan ang problema sa ating Pananampalatayang pentecostal ngayon. Hinayaan natin ang napakaraming bagay na hadlangan Ito, ang Pananampalataya na itinuro sa atin, ang Banal na Espiritu na nabubuhay sa atin. Hinayaan natin ang napakaraming bagay, tumitingin sa ibang tao.

<sup>90</sup> At ang Diablo ay laging itinuturo kayo sa kamalian ng iba, subali't sinisikap niyang ilayo kayo sa talagang patotoo na tunay. Ituturo niya kayo sa isang mapagkunwari, minsan, na humayong ginagaya ang isang bagay. Hindi niya ginawa iyon, dahil siya ay gumagaya. Nguni't kung ito ay nanggagaling sa tunay na pinagmumulan ng Salita ng Diyos, "Langit at lupa ay lilipas, datapuwa't ang Aking Salita ay hindi maaaring lumipas," Ito'y kinakailangang manatili doon.

Naunawaan mo, kapatid?

<sup>91</sup> Dapat Itong tanggapin sa pag—iisip, pagkatapos Ito'y sinampalatayanan sa puso. Kung gayon ang Salita ng Diyos ay magiging isang kaganapan, pagkatapos bawa't pandama ng

kaluluwa at katawan ay sadyang kinuskus sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. Kung gayon ang inyong pandama sa Diyos, ang inyong budhi sa Dios, lahat ng bagay na banal, ay dumadaloy sa pamamagitan ninyo. Walang isa mang pag-aalinlangan saanman. Walang anumang makakahadlang.

<sup>92</sup> Walang anumang bagay makakarating sa alaala, at sasabihing, “Buena, naalala ko si Binibining Jones ay nagsubok na magtiwala sa Diyos, at si Binibining *Ganito—at—ganoon*. Si Binibining Doe ay umasa sa Diyos para sa kagalingan, minsan, at siya’y nabigo.” Kita n’yo?

<sup>93</sup> Nguni’t kung ang daluyan na iyan ay nahawan at nalinisan, at pinuspos sa loob ng Banal na Espiritu, iyan man ay hindi makapapasok sa alaala, anuman ang tungkol kay Binibining Jones at kung ano ang ginawa niya. Iyan ay ikaw at Diyos, magkasama, at wala nang iba pa kundi kayong dalawa. Hayan na kayo. Hayan ang inyong labanan. Patayin ninyo siya sa simula pa lang. Patayin ninyo siya sa kaniyang daan. Hindi sa kung gaano kahaba n’yo ang digmaan mapapatagal. Iya’y, pigilin ito ngayon mismo!

<sup>94</sup> Kung kayo’y paririto, at pananatilihin ninyo silang mga alaala at budhi, at lahat, nag-iisip ng, “Buena, baka mabigo ako. Baka hindi iyon tama.” Huwag na huwag n’yong gawin iyan, kailanman.

<sup>95</sup> Isantabi n’yo ang lahat, at buksan ang daluyan, at sabihin, “Diyos, ang Salita Mo ay tunay Magpakailanman, at Ito’y para sa akin. Kung mabigo ang buong iglesia, kung mabigo ang buong mundo, gayon ma’y hindi ako mabibigo, dahil sa pinanghahawakan ko ang Iyong Salita.” Hayan ang labanan. Ganyan nga iyan.

<sup>96</sup> Bakit aalisin ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat ang isang kanser mula sa suso ng isang babae, ng walang pilot, at hayaan ang isang batang mahimlay at mamatay? Hindi, ginoo.

<sup>97</sup> Pumarito ang isang batang babae, di pa katagalan, mula sa mataas na paaralan. Tinawagan ako ng kaniyang nanay, sabi, “Kapatid na Branham, ang anak kong babae ay mayroong sakit na Hodgkin’s.” Iyan ay kanser, nabubuo sa mga bukol. At ang mga doktor ay kumuha ng isang piraso mula sa isang bahaging pumutok sa kaniyang lalamunan, pinadala ito, at iyon ay totoong sakit na Hodgkin’s.

<sup>98</sup> Kaya sabi niya, “Pag pumutok ang isa pa, maaaring magkalamat sa puso niya. Kapag nangyari iyon, wala na siya.” Sabi, “Wala siyang . . . Sa paraan ng pagputok nila, siya’y mayroong, saanman, mga tatlong buwan, para mabuhay.”

<sup>99</sup> Sinabi ng nanay, “Anong gagawin ko? Papasukin siyang muli sa paaralan?”

<sup>100</sup> Sabi, “Hayaan siya, dahil sa siya’y maaaring mamatay ng bigla.” At sabi, “Hayaan lamang siya at mamuhay ng isang normal na buhay, na magagawa niya. Huwag mong sabihin ang anumang tungkol dito.”

Kaya sabi sa akin ng babae, “Anong dapat kong gawin?”

<sup>101</sup> Sabi ko, “Dalhin dito at ilagay siya sa hanay ng ipananalangin.” At sabi ko, “Pumarito kang kasama siya.” Nakaramdam ako ng kakaibang pakiramdam.

<sup>102</sup> At nang dumating ang batang babae, nang umagang yaon, na may kulay asul ang mga labi, dahil sa make-up, at gaya ng nakuha nila sa paaralan. At—at ang munting bata ay dumating. Hindi ko alam kung sino siya; tatawagan ako sa telepono. Hinawakan ko ang kaniyang kamay. Sabi ko, “Magandang umaga, kapatid.” Hayun siya. Siya nga ‘yon. Sa ilang sandali lamang, tiningnan ang kaniyang ina at nakita ko sila kapwa ay walang Diyos, walang Cristo. Sabi ko, “Paano ninyo maaasahan ang kagalingan sa ganitong kalagayan? Tatanggapin ba ninyo si Hesus Cristo bilang sariling Tagapagligtas ninyo?” Sabi ko, “Paririto ba kayo sa bautismuhan na ito at magpabautismo sa Pangalan ni Hesus Cristo sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan?”

Sinabi nila, “Gagawin namin iyan.”

<sup>103</sup> O, nalalaman ninyo kung anong nangyari. Ang babae ay maaaring nakaupo dito ngayong umaga. Marami sa inyo ay alam ang pangyayari. Si Kapatid na Mike Egan, isa sa mga katiwala rito, ay nakita ang pangyayari. Iyan ay mga apat o limang taon na ang nakararaan. Dinala pabalik ang batang babae sa doktor, walang nasumpungan sa kaniya ni isa mang bakas ng sakit na Hodgkin’s.

<sup>104</sup> Anong ang nangyari? Dapat ninyong buksan ang daluyan, muna. Kailangan na ang Kawal, ang Banal na Espiritu, ay mailagay sa unahan ng labanan, na hinahawakan ang Salita ng Diyos. Siya ang Salita. At Siya ay tumatayo roon, walang anuman ang makapipigil Dito sa gayon. Walang anuman. Bawa’t isa sa iba pang mga daluyan ay inalis ang mga humahadlang. Katulad lamang ng isang lumang kalfero na natatakpan ang pasingawan; sindihan ninyo ito sa loob, pasasabugin niyan ang gamit ninyo. Iyan ang problema sa napakaraming sabog na mga Kristiyano, dahil sa hindi nila nililinis ang mga daluyan, hindi sila bumababa sa kaloob-looban. Dapat ninyong linisin ito, ang budhi, alaala, mga kaisipan, isinasantabi ang lahat, at manggagaling mula sa loob palabas, taglay iyang Salita ng Diyos na walang anumang halo, na Ito’y siyang Katotohanan.

<sup>105</sup> Kahit pa sampung libo ang mamatay sa panig na *ito*, ngayon, na nagtitiwala; sampung libo ang mamamatay sa panig na *iyon*, bukas, na nagtitiwala; iyan ay walang kinalaman sa akin. Ako ang indibidwal. Ako ang siyang nagtitiwala. Ako ang siyang

sumasampalataya dito. At nakikita natin sa banda roon, kung gusto nating buksan ang ating mga daluyan kung gayon, kung magagawa natin, at makita. Masusumpungan natin ang isang *ito* at ang isang *iyon*, at ang isang *ito* at ang isang *iyon*, libo—libo sa kanila, ay nagpapatotoo.

<sup>106</sup> Subali't ang Diablo ay susubukang bumalik agad. Kita n'yo, kung magagawa niyang makapasok doon, man lang, ganap niyang natalo ang iyong hukbo mismo doon.

<sup>107</sup> Kung taglay ninyo ang inyong mga pandama, paningin, panlasa, pandamdang, pang—amoy, at pandinig, sila'y mainam, nguni't huwag kayong magtiwala sa kanila maliban na sila ay sumang—ayon sa Salita. Sila ay mainam, nguni't, kung sila ay sasalungat sa Salita, huwag kayong makinig sa kanila. Ngayon, ang mga imahinasyon, budhi, mga alaala, mga pangangatwiran, at mga pagmamahal, sila ay mainam kung sila ay sumasang—ayon sa Salita. Nguni't kung ang inyong pagmamahal ay hindi sumasang—ayon sa Salita, alisin ninyo ito. Pasasabugin ninyo ang isang pasingawan, kaagad. Kita n'yo? Kung ang inyong pangangatwiran ay sumasalungat sa Salita, layuan ninyo iyan. Iya'y tama. Ang makina. . . Kung ang inyong alaala, kung ang inyong mga imahinasyon, kung ang inyong budhi, anumang bagay, ay sumasalungat Diyan sa kung ano ang nasa loob, alisin ito.

<sup>108</sup> Anong mayroon kayo kung gayon? Mayroon kayong isang sistemang gaya ng sa araw at mga planeta. Aleluya! Ito'y, inilagay ng Diyos ang mga bituin sa kaayusan at sinabi, “Manatili ka diyan hanggang sa tawagin Kita!” Sila ay mananatili doon. Walang anumang makapagpapakilos sa kanila. Kapag nahawakan ng Diyos ang tao sa Kaniyang mga kamay, hanggang sa magawa niya na ang mga pandama, budhi, lahat ay malinisan, hanggang sa ito'y tumatayong kasama ang Diyos sa likuran nito, nasa espiritu; walang isa mang diablo sa mundo ang makapaglilagay ng pag—aalinlangan doon. Iya'y tama.

Lalapit siya ay sasabihing, “Hindi pa rin bumubuti ang iyong pakiramdam.”

<sup>109</sup> Maging ang inyong budhi ay wala na, sa ganoon. Ang pasingawan ay napakalinis, sumisigaw iyon ng, “Aleluya!” Ang labasan ay pumipito, “Luwalhati sa Diyos!” Nagliliwanag ito, tiyak, sadyang malinis at malinaw, para sa Salita ng Dios na makakilos, ang Kapangyarihan ng Diyos. Kita n'yo? Iyan ang bagay na pinakamahalaga.

<sup>110</sup> Naroon ang lugar ng inyong labanan. Ang lugar ng inyong labanan ay dito sa pasimula, dito sa kaluluwa, doon sa inyong pag—iisip na nagbubukas. Ang—ang pag—iisip ang siyang pintuan patungo sa kaluluwa, ang pintuan patungo sa espiritu, pala. Ang inyong pag—iisip ay bumubukas at tinatanggap ang espiritu, o tinatanggihan nito ang espiritu.

Maaari kayong magkaroon ng kaunting mga budhi, at kaunting mga pakiramdam, at kaunting mga sensasyon, lahat ng mga bagay na ito. Iyan ay walang kinalaman dito. Iyan ay kaunting mga sensasyon lamang at mga bagay. Nguni't pagdating sa kaganapan, ang inyong pag-iisip ang nagbubukas nito. Ang inyong pag-iisip ay tinatanggap ito o tinatanggihan ito. Iyan nga, mga kaibigan.

Diyos, huwag hayaang mapalampas nila ito.

<sup>111</sup> Kita n'yo, ang inyong pag-iisip ang nagbubukas ng pintuan; o nagsasara ng pintuan, at nakikinig sa inyong budhi, nakikinig sa inyong alaala, nakikinig sa inyong mga pagmamahal. Nguni't kapag ang inyong isipan ay isinara ang sarili nito sa mga bagay na ito, at pahintulutan ang Diyos, ang Espiritu ng Kaniyang Salita, na pumasok, inaalis Nito palabas ang iba pang mga bagay. Bawa't pag-aalinlangan ay wala na. Bawa't pagkatakot ay wala na. Bawa't pakiramdam ng pag-aalinlangan ay wala na. Bawa't pakiramdam ay wala na. Walang anumang nakatayo doon kundi ang Salita ng Diyos, at hindi magagawa ni Satanas na labanan Iyan. Hindi, ginoo. Hindi niya magagawang labanan Ito. Ngayon, nalalaman natin na iyan ay totoo.

<sup>112</sup> Ang mga labanang ito ay sumiklab mula pa sa araw ng hardin ng Eden, ang labanan sa pag-iisip ng tao. Sinimulan ito ni Satanas. Anong ginawa niya nang katagpuin niya si Eba? Hindi niya ipinagkaila ang Salita ng Diyos, kundi tinakpan niya Ito. Tinakpan niya ang ilan sa mga maliliit na mga daluyan dito kung saan. Sinabi niya, "Ngunit tunay na ang Diyos..." Genesis 3:1. Kita n'yo? "Tunay, ang Diyos, lahat ng mga bagay na ito Kaniyang—Kaniyang—Kaniyang ipinangako..." Alam niya na ang Salita ay tama. Subali't nalalaman niya na hindi siya maaaring basta na lamang lumabas at wasakin Ito, mag-ingay na tulad niyan, kundi kaniyang—kaniyang—kaniyang pinatamis pakinggan Ito.

<sup>113</sup> Katulad ng ginagawa ni nanay sa amin sa pag-inom ng gamot, at kaniyang susubukang ilagay ang katas ng kahel sa langis ng lansina. Naku, mas gusto ko pang inumin ang langis ng lansina ng walang katas ng kahel! Anumang bagay na mapagkunwari! Kita n'yo? Kaniyang... Noon ay kinakailangan naming bumangon sa gabi, at bibigyan niya kami ng petrolyo, para sa pamamalat. At maglalagay ng petrolyo, at lalagyan ito ng asukal; kita n'yo, parang pagkukunwari. Subali't susunugin lamang nito ang mga tonsil, halos, pababa, pagkatapos mawala ang asukal.

<sup>114</sup> Bueno, ganyan nga iyon, kaibigan. Sinusubok ni Satanas na—na maging mapagkunwari tungkol dito. Sinisikap niyang magpakita sa inyo ng isang bagay na mas maganda, isang mas madaling paraan, isang mas makatwirang plano. Nguni't wala ng hihigit pang makatwirang plano kaysa sa inilahad na ng

Diyos sa pasimula, ang Kaniyang Salita. Panghawakan ang Salitang iyan. Hawakan Ito ng mahigpit. Hayaang hawakan kayo Nito ng mahigpit. Manatili doon na kasama Ito. Iyan ang— iyan ang mahalaga.

<sup>115</sup> Ang labanan ay sumiklab nang buksan ni Eba ang kaniyang pag—iisip, para makinig sa kaniyang pangangatwiran. Iyan ang pasingawan na pinasukan nito. Iyan ang—ang daluyan na tinahak nito, ang kaniyang pangangatwiran. Siya, sa kaniyang kaluluwa, ay nangatwiran siya.

<sup>116</sup> Ang kaniyang mga mata ay pananaw. Nakita niya ang serpiyente. Siya ay maganda, guwapo, higit kaysa sa kaniyang asawang lalaki. Siya ang pinakatuso sa lahat ng hayop sa parang, at siya marahil ay mas magandang lalaki kaysa sa kaniyang asawa. Mukha siyang isang kahanga—hangang matipunong hayop na nakatayo roon. Kahanga—hanga siya! At sinisikap niyang sabihin sa kaniya kung anong inam na bagay iyon.

<sup>117</sup> At ang unang bagay na ginawa niya, binuksan niya ang kaniyang pag—iisip. At nang gawin niya, nahawakan iyon ng makataong pangangatwiran. “Aba, hindi ba iyan ay nakakapagpakilig?”

<sup>118</sup> Iyan ang bagay na ginagawa niya sa isang babae ngayon. Isang babae na may munting kaibig—ibig na asawang lalaki, makasusumpong ng isang kahanga—hanga, malaki, makisig na lalaki. Ang lalaking ito ay susubuking buksan ang mga pangangatwiran. Tandaan, iya’y si Satanas. Iyan ay ang Diablo. O, kabilaan, lalaki sa babae, babae sa lalaki, alin man. Anong ginagawa niya? Kikilos sa kapangyarihang pangangatwiran na iyan, ang budhi o isang bagay, magsimulang kumilos diyon.

<sup>119</sup> Nguni’t unahin ang Salita ng Diyos. Ang isang tao ay hindi man lamang makakalapit sa . . .Hindi siya maaaring magkasala . . .Aleluya! Heto ito. Ito ay dumarating, ng sariwa. Ang isang tao ay hindi maaaring magkasala hanggang sa iwaksi muna niya ang Salita ng Diyos. Ni hindi siya maaaring magkasala, iya’y, hindi pagsampalataya. Hanggang sa alisin muna niya ang Salita ng Diyos, ang Presensya ng Diyos, hindi siya maaaring magkasala.

<sup>120</sup> Si Eba ay hindi maaaring magkasala hanggang isinantabi niya ang Salita ng Diyos, binuksan ang kaniyang daluyan ng mga pangangatwiran sa pamamagitan ng kaniyang kaluluwa, at nagsimulang mangatwiran. “Aba, tunay. Hindi kailanman sinabi ng asawa ko ang mga bagay na ito, pero naniniwala ako na ikaw . . .Sinabi niya sa akin na hindi ko dapat gawin ito, pero, alam mo, ginawa mong napakatotoo at napakalinaw. Aking—palagay ko ito’y magiging kamangha—mangha, dahil sa ginagawa mo itong napakalinaw sa akin.” Kita n’yo, doon ang unang labanan. At, sa pamamagitan ng labanan na iyon, ay

nagdulong ng bawa't iba pang digmaan. At bawa't pagbubo ng dugo na kailanma'y nangyari, ay dahilan doon mismo sa Eden. Pinag—alinlanganan niya ang Salita ng Diyos.

<sup>121</sup> At kung ang isang katiting na Salita ng Diyos ay pinag—alinlanganan, idinulot ang lahat ng kaguluhang ito, papaano tayo makababalik, na pinag—aalinlanangan ang Salita? Hindi n'yo magagawa iyan. Kailangang isara ang lahat ng iba pang bagay na ito, budhi, mga alaala, at sabihing . . . mga pangangatwiran, at lahat nitong iba pang mga bagay. "Iwinawaksi ang mga pangangatwiran." Hindi tayo nangangatwiran tungkol dito, kailan man, wala kailanman.

<sup>122</sup> Tinatanggap lamang natin ang Salita sa batayang, "Sinabi ng Diyos," at maglagay ng isang daloy sa pagitan mo at ng Diyos. Bawa't daluyan ay mabubuksan sa pagitan mo at ng Diyos, sa gayon.

<sup>123</sup> Naroon ang labanan, ang unang—una, unahang hanay. Huwag tayong gumamit ng ripleng kalibre biyente—dos; kumuha tayo ng isang—isang bomba atomika. Gawin natin ng tama ang trabaho. Kunin natin ang bomba atomika ng Diyos. "Ano iyon, Kapatid na Branham?" P—a—n—a—n—a—m—p—a—l—a—t—a—y—a sa Kaniyang Salita. Iyan ang bomba atomika ng Diyos. Pagsasabugin nito ang karamdaman at mga diablo, sa kanan at kaliwa. Ito'y—pupuksain sila nito. Nagtatangi . . . O, ito'y . . . Ito'y sadyang sumisira. Dinudurog nito ang lahat ng walang kabanalan. Kapag ang bomba ng pananampalataya na iyan ay bumagsak doon, na nasa likod nito ang Salita ng Diyos, pasasabugin nito ang bawa't diablo, bawa't karamdaman, bawa't sakit.

<sup>124</sup> Sasabihin n'yo, "Tama ba iyan, Kapatid na Branham? Kung gayon bakit ginagawa nito, sa iba, at sa iba'y hindi?"

<sup>125</sup> Iyon ay dahil sa daluyan. Maaari kayong tumingin sa labas at makita ito. Nguni't kailangang taglay ninyo ito *dito*, tumitingin sa gawing *ito*. Hindi *roon* sa labas, tumitingin sa loob; kayo ay dapat na nasa loob, tumitingin palabas. Kita n'yo? Hindi kayo maaaring dumaan sa pamamagitan ng pangangatwiran. Hindi kayo maaaring dumaan sa pamamagitan ng iba pang mga bagay na ito. Kailangan kayong dumaan sa mismong daluyan ng Diyos, papasok mismo sa kaluluwa. At papaano ninyo ito gagawin? Ano ang huling daluyan?

<sup>126</sup> Ito'y mangangat— . . . patungo doon. Sasabihin ninyo, mga pandama, "O, aking—narararamdaman ko ito. Oo, hayun iyon. Uh—huh. O, aking—baka maamoy ko ito, o iba pa. Ang mga bagay na ito ay naroon. Oo." Susunod na bagay, kayo'y mangangatwiran, "Bueno, mukhang kailangang alam niya ang kaniyang sinasabi. Sinasabi ng doktor na hindi ako gagaling. Iyan dapat ay mangyari." Nakita n'yo, doon mismo kayo'y—kayo'y mali. Iyan ay ang Diablo na nakatayo doon. Iyan ay ang



Diablo na nagsusundot ng mga bagay na ito sa inyo. Huwag n'yong paniniwalaan iyan.

<sup>127</sup> “Aleluya! Sinabi ng Salita ng Diyos na ako’y . . . ‘Higit sa lahat, gusto ko na kayo ay sumagana sa kalusugan.’ Iya’y tama.” Papaano kayo magiging tunay na kawal doon? Kita n’yo, “Gusto kong kayo ay sumagana sa kalusugan.”

<sup>128</sup> Hayun iyon, doon mismo, ang mga daluyan na iyon. Dapat n’yo lamang silang, buksan. Huwag silang lampasan lamang.

<sup>129</sup> Tapos kung magagawa ni Satanas na makadaan doon, makadaan sa pamamagitan budhi na ito at lahat nitong iba pang bagay, kung gayon siya’y magtutuloy dito sa dulo ng kaluluwa, sa pag—iisip. Ngayon, kung magagawa lamang niya kayong . . . Hindi kayo—hindi kayo kailanman titingin sa isa man sa kanila hanggang sa inyo muna siyang papasukin *dito*. Kailangan n’yo siyang papasukin. Pagkatapos kapag nakapasok na siya, may pamamahala na siya. Kung gayon anong gagawin niya? Sisimulan niyang gamitin ang budhi. Sisimulan niyang gamitin *ito*, sisimulan niyang gamitin ang lagusang *ito*. Ano iyon? Paningin, panlasa, pakiramdam, pang—amoy, pandinig; mga imahinasyon, budhi, alaala, mga pangangatwiran, mga pagmamahal. Sisimulan niyang gamitin ang lahat ng mga ibat—ibang mga daluyan na iyon, hangga’t sa magawa niyang makapasok, ng higit sa isang *ito* rito. Kailangan niyang makapasok sa inyong pag—iisip, muna, at kailangan ninyong tanggapin ito. Maaari itong . . . Makinig kayo. Maaaring humampas ito laban sa inyo, nguni’t hindi makakapasok sa inyo hanggang sa tanggapin ninyo ito.

<sup>130</sup> Nang si Satanas ay lumapit kay Eba, at sinabi, “Alam mo, ang bunga ay nakalulugod.” Siya’y huminto sandali. O, doon niya nagawa ang kanyang pagkakamali, nang siya ay huminto sandali.

<sup>131</sup> Huwag kayong huminto para sa anuman. Taglay ninyo ang Mensahe. Si Hesus ay nabubuhay. Ang Diyos ay manggagamot. Iyan ang Mensahe. Huwag huminto para sa anuman, walang mga pangangatwiran, walang iba pang bagay.

<sup>132</sup> Subali’t huminto siya sandali. Diyan nakapasok si Satanas sa mismong pag—iisip na iyan. Sabi, “Bueno, para bang makatwiran ito.” O, huwag gawin iyan. Tanggapin lamang ang sinabi ng Diyos.

<sup>133</sup> Si Abraham, ano kaya kung huminto siya sandali para sa pangangatwiran, nang sabihin Niya sa kaniya na magkakaroon siya ng anak kay Sarah, at Si Sarah noon ay animanpu’t—limang taon at siya ay pitumpu’t—limang taon? At nang siya ay isandaang taon na, at si Sarah ay—at si Sarah ay siyamnapung taon; siya, parin, kaniyang—kaniyang—kaniyang ipinahayag na ang Salita ng Diyos ay totoo. At tinawag ang bagay na yaon, na hindi pa hayag, na tila hayag na. Kita n’yo? Siya . . . Maging sa

pag—asa, mayroon bang anumang pag—asa noon? Ni hindi niya ginamit ang pag—asa.

<sup>134</sup> “Buena,” sasabihin n’yo, “Umaasa akong ako’y magiging mabuti. Umaasa akong ako’y gagaling. Umaasa akong makakamtan ko ang Espiritu Santo. Umaasa akong ako’y isang Kristiyano. Umaasa akong magagawa ko *ito*.” Hindi n’yo gusto iyan.

<sup>135</sup> Si Abraham ay ni hindi man lamang tumingin diyan. Amen. “Laban sa pag—asa, sinampalatayanan pa rin niya ang Salita ng Diyos.” Ang pananampalataya ay higit pa sa pag—asa. Ang pananampalataya ay nagmumula *rito*, sa loob. Ang pananampalataya ay nagmumula *rito*.

<sup>136</sup> Papaano siya nakakapasok? Sa pamamagitan ng pag—iisip na ito, ito—ang pintuang ito, ang harapan ng labanan ay nakatayo doon.

<sup>137</sup> Ngayon, kapag naihanda na ninyo ang labanan! Ngayon, ang Diablo ay naririyon mismo sa bawa’t puso, ngayong umaga. Siya’y naririyon, sa puso ng batang babae na ito. Siya’y naririyon sa inyong mga puso. Siya’y naroroon sa lahat ng palibot diyan. Sinasabi niya, “O, nakita kong sinubukan mo noon. Narinig ko iyan noon.”

<sup>138</sup> Palayasin siya. Iyan lang. Palayasin siya. Anong sinabi ng Biblia rito, sa ating teksto? “Palayasin siya.” Iya’y tama. “Palayasin siya.” Tayo’y sinanay.

<sup>139</sup> Naisip ko, “Anong nangyayari sa atin na mga mangangaral?” ako’y nagtaka kung anong uri ng pagsasanay mayroon tayo.

<sup>140</sup> Nagsasanay ang Diyos para sa matinding labanan na ito. Sa Mateo 24 sinabi doon, at maging Daniel 12, sabi, “Magkakaroon ng panahon ng kahirapan, na hindi pa nangyari kailanman sa lupa.” At tayo’y nabubuhay sa panahon na iyan, kung saan ang kultura, at edukasyon, at mga bagay—bagay, ay tinakpan ang Salita ng Diyos, at napunta sa mga pangangatwiran at iba pa. Ang labanan ay ngayon na. Sino ang maninindigan? Aleluya! Ang labanan ay handa nang kumilos. Siya’y nahahanda ngayon. Tingnan n’yo kung gaano kalaki ng kalaban natin doon.

<sup>141</sup> Sino ang magiging tulad ni David? Sabi, “Nakatayo kayo at pinababayaan ang Filisteo na iyan na hindi tuli na hamunin ang mga hukbo ng buhay na Diyos? Lalabanan ko siya.” Amen. Nais ng Diyos ang mga kalalakihan at mga kababaihan sa umagang ito na makapaninindigan at magsasabing, “Panghahawakan ko ang sinabi ng Panginoon sa Kaniyang Salita.” Amen. Anuman ang mabigo, kung saan *ito* at *iyon*, at kung ano ang ginawa ng isang *iyon*. Walang itong kinalaman dito. Kayong mga Saul, at iba pa, kung kayo’y takot sa kaniya, bumalik kayo kung saan kayo kabilang. Nguni’t, ang hukbo ng Diyos ay sumusulong, amen; mga magigiting na kalalakihan, kalalakihan ng—ng—ng pananampalataya, kalalakihan ng kapangyarihan, kalalakihan

ng kaunawaan. Hindi nila kailangang maging matalino. Hindi nila kailangang maging edukado. Kailangan nilang maging mga daluyan. Ginagamit ng Diyos ang mga munting daluyang iyan.

<sup>142</sup> Huminto siya panandali, para mangatwiran, na sinasabi, “Bueno, ngayon, tingnan natin.” Bueno, tulad lamang ng, ano kaya kung . . .

<sup>143</sup> Ang munting dalagang ito, ngayong umaga, walang duda na sinabi ng doktor sa kaniya, siya’y halos nasa dulo na ng landas, “Wala nang magagawa pa.” Bueno, ngayon, iyan ang iyan ang doktor. Hindi ko siya hinahatulan. Ang lalaking iyon ay isang lalaki ng siyensiya. Nakikita niya na ang karamdaman ay ginapi ang katawan ng bata. Iyan ay lagpas na ng kahit anuman. Wala na siyang gamot na makapipigil dito.

<sup>144</sup> Gayundin na ang kanser na iyan ay gagapiin ang babaeng iyan; tiyak, ginapi ng kamatayan ang sanggol na iyan; subali’t ang ating Punong Kapitan, aleluya, ng dakilang hukbo na ito, Siya ang pagkabuhay na mag—uli at Buhay. Walang makagagapi sa Kaniya. Aleluya!

<sup>145</sup> Ang mga utak ng hukbo ay nakasalalay sa mga pinuno nito, ang talino. Si Rommel, sa Alemanya, ang utak noon ng Alemanya; hindi si Hitler. Si Rommel! Iya’y tama. Si Eisenhower! Kalalakahang militar! Si Patton! Ang mga kalalakahang iyon na mga nasa unahan, ito’y depende sa kung saan nila ibibigay ang utos. Sundin mo ang iyong kapitan, kung siya’y tamang uri na heneral. Kung siya’y tamang uri, kung siya’y isang four—star na heneral, kung siya’y subok na, kung subok na siyang tama, sundin siya. Bagama’t ito’y para bang mali, para sa iyo, pumaroon sa labanan. Gawin mo ang gaya ng sinabi niya sa iyo.

<sup>146</sup> Aleluya! Mayroon tayong five—star na Heneral, bumabaybay na H—e—s—u—s, naglalagay ng limang bituin sa atin, p—a—n—a—n—a—m—p—a—l—a—t—a—y—a. Siya’y hindi pa kailanman natalo sa labanan. Aleluya! Ginapi Niya ang kamatayan, impiyerno, at ang libingan. Tinataboy ang mga diablo sa daan. Siya ang dakilang Punong Kapitan. Kaya, ang Diablo ay wala man lamang sa larawan.

<sup>147</sup> Ang pinakadakilang labanan na kailanman ay sumiklab, ay nahahanda na ngayon. Tiyak, ito nga. O! Aleluya!

<sup>148</sup> Kapag naiisip ko ito! Nang ako’y tumayo at pagmasdan Siyang gumawa ng bagay—bagay, makita Siyang magpahayag ng bagay—bagay, buksan ang bagay—bagay, sasabihing, “Ito’y magiging *ganitong* paraan at *ganiyang* paraan,” hayan iyon! O, titingin *dito*, at sasabihing, “Sino ang dakilang Kapitan na ito?” O, hindi ako lilingon at titingnan kung ito’y si Doktor *Ganito—at—ganoon*. Nakikita ko ang sinabi ng Kapitan. “Siya ang Pinuno ng ating kaligtasan.” Aleluya! Ano ba ang kaligtasan? Paglaya! Luwalhati! “Siya ang Pinuno ng ating paglaya.”

149 Ang dakilang oras ng pagsalakay ay nalalapit na. Aleluya! Kawal, na kumikislap ang mga baluti, ang mga kulay ay wumawagayway! Ang pananampalataya at pag—aalinlangan ay inihahanda ang inyong sarili, sa tabernakulong ito, ngayong umaga; pag—aalinlangan sa isang panig, pananampalataya sa kabila. Mga kawal, tumindig sa inyong tungkulin. Aleluya! Ang ating Kapitan, ang Tala sa Umaga, ay nangunguna. Hindi Siya kailanaman umurong. Hindi Niya (kailanman) alam ang salitang atras. Hindi Niya kailangang umatras. Amen. Tiyak.

150 Ang pinakadakilang labanan na naganap kailanman, siya ay umiiral dito mismo ngayon, opo, sa pagitan ng buhay at kamatayan, sa pagitan ng karamdaman at kalusugan, sa pagitan ng pananampalataya at pag—aalinlangan, o, naku, sa pagitan ng kalayaan at pagkaalipin. Ang labanan ay umiiral! Pakislapin ang inyong mga sibat, mga kawal. Pakintabin ang inyong baluti. Inihahanda ng Diyos ang Kaniyang mga kawal. Amen. Pinapahiran ng Diyos ang Kaniyang hukbo.

151 Ginagayakan ng Amerika ang kanilang mga kawal ng pinakamainam na maibibigay sa kanila upang maisuot, mga bakal na turbante, at mga baluti, at anuman ang mayroon sila, mga baluting tanke, anuman ang pasukin nila.

152 Ginagayakan ng Diyos ang Kaniyang hukbo. Aleluya! Anong uri ng kasangkapan ang ginagamit natin? Ang Espiritu ng Tabak, ang Salita ng Diyos! Amen! “Ang Salita ng Diyos ay mas matalas kaysa tabak na dalawang talim,” Hebreo 4, “na bumabaon maging hangang sa buto, maging sa—sa utak ng buto, Kumikila rin ng mga kaisipan ng pag—iisip.” Ang Salita ng Diyos! Ang sampalatayanan ang Kaniyang Salita, at iyan ang paraan ng pagagayak ng Diyos.

153 Iyan ang ibinigay Niya kay Eba para sandatahan ang kaniyang sarili. At sinira niya ang kaniyang baluti. Papaano niya nagawa ito? Sa pagbubukas ng kaniyang pag—iisip sa pangangatwiran. Hindi kayo dapat na mangangatwiran sa Salita ng Diyos. Wala Itong pangangatwiran. Inyong. . . Ito’y Salita ng Diyos lamang. Walang—walang alinlangan Dito. Walang pangangatwiran Dito. Ito’y Salita ng Diyos. Iyan ay sapat na. Iyan na nagtapos niyan. Lubos na iyan magpakailanman.

154 Naunawaan mo ang ibig kong sabihin, giliw? [Ang may sakit na kapatid na babae ay nagsabing, “Amen.”—Pat.] Ito’y Salita ng Diyos. Ipinangako ito ng Diyos. Sinabi iyan ng Diyos.

155 Sinabi nila kay Abraham, “Papaano mo alam na mapapasaiyo ang anak na iyan?”

“Sinabi ng Diyos na mangyayari.” Iyan ay sapat na.

“Bueno, bakit wala pa iyon sa iyo?”

156 “Hindi ko alam kung kailan iyon mapapasaakin, nguni’t mapapasa akin iyon. Sinabi na nga Diyos. Iyan ay hindi makakapigil sa akin kahit kaunti.” Siya ay tuma— . . .

157 “Ba’t hindi ka magbalik sa iyong tahanan, kung saan ka nanggaling?”

158 “Ako’y maging manlalakbay at dayuhan sa lupaing ito.” Amen! . . .? . . . “Ibinigay ng Diyos ang pangako. Ibibigay ng Diyos ang anak dito mismo sa lupaing ito kung saan Niya ako isinugo.” Aleluya!

159 Pagagalingin ka ng Diyos dito mismo sa kapaligirang ito ng Espiritu Santo, kung saan ka Niya isinugo. Amen. Ibibigay ito ng Diyos sa iyo. Sampalatayanan mo lamang ito. Amen. Buksan silang mga daluyan ng kaluluwa at katawan, mga pandama, at budhi, at hayaan lamang na ang mga Salita ng Diyos ay makapasok muna, tanganan ang pag—iisip na iyan. Diyan ay ang lugar ng labanan.

160 Huwag sabihing, “Bueno, kung mararamdaman ko ito, kung maramdaman kong bumababa ang kaluwalhatian ng Diyos! O!” Iyan ay walang kinalaman dito; wala ni isa.

161 Buksan ang pag—iisip na iyan. Iyan ang lugar ng labanan. Diyan ay kung saan naihanda ang labanan, dito mismo sa unahang hanay, ang inyong pag—iisip. Buksan ito, at sabihing, “Aking . . . Bawa’t pag—aalinlangan, pinag—aalinlanganan ko ang aking mga alinlangan.” Amen. “Ako’y nag—aalinlangan ngayon sa aking mga alinlangan. Nananampalataya ako sa Salita ng Diyos. Heto na ako, Satanas.” May bagay na magaganap. Tiyak, mangyayari. Opo, ginoo.

162 Pinapahiran Niya ang Kaniyang mga lingkod ng Kaniyang Espiritu. Nagsusugo Siya sa kanila ng mga anghel. Pinagtatawanan iyan ng mga tao, kung minsan, “mga anghel.” Hayaan akong—hayaan akong magtungo lamang kasama kayo sa isang bagay dito, sandali lamang. Magtungo tayo dito sa Mga Hebreo, sandali lamang. Sa Mga Hebreo ang ika—4 na kabanata, ika—4 kabanata, at ating . . . ibig kong sabihin, ang ika—1 kabanata ng Mga Hebreo, at tayo’y magtungo sa ika—14 na talata.

*Hindi baga silang lahat ay mga espiritung tagapaglingkod, na mga sinugo mula . . . sinugo upang magsipaglingkod sa kapakinabangan ng mangagamaman ng kaligtasan?*

*. . . kanino sa mga anghel sinabi niya . . . Lumuklok ka sa aking kanan . . . ?*

*. . . lahat ng mga anghel ng Diyos . . .*

163 Ngayon, dito ang Biblia mismo ay bumalik at nagsasabi sa atin dito, na ang Diyos ay nagsusugo ng mga anghel. Luwalhati! Ano sila? “Mga espiritung tagapaglingkod.” Luwalhati! Mga

espiritung tagapaglingkod, isinugo (saan?) mula sa Presensya ng Diyos. Anong gagawin? Ipaglingkod ang Kaniyang Salita. Amen! Hindi nila ipaglilingkod ang isang teolohiya ng isang grupong maka—denominasyon, kundi upang ipaglingkod ang Kaniyang Salita. Iyan nga. “Mga espiritung tagapaglingkod, na isinugo.”

<sup>164</sup> Paano natin malalaman na sila nga? Sinabi ng Biblia, na, “Ang Salita ng Panginoon ay dumating sa mga propeta.” Iyan ba’y tama? Ang mga anghel na ito ay ipinaglilingkod ang Kaniyang Salita, sa pamamagitan ng Kaniyang Espiritu; ipinaglilingkod ang Salita, sa pamamagitan ng Banal na Espiritu. At ang Espiritu at ang Salita ay dumating sa mga propeta, at ang mga propeta ay may Salita ng Diyos. Iyan ang dahilan na nakagagawa sila ng mga himala na ginawa nila. Hindi yaong tao; iyon ay ang Espiritu ng Diyos na nasa tao. Ang Espiritu ni Kristo na nasa tao, para sa Salita ng Diyos. Anong ginawa niya? Nilinis ang bawa’t daluyan. Pinili siya ng Diyos, at siya ay pinahiran ng Banal na Espiritu. At hindi siya iyon. Wala siyang ginawang anumang hanggang sa makita niya iyon sa isang pangitain. Sinabi ni Elias, sa Bundok Carmel, “Lahat ng ito ay ginawa ko ayon sa Iyong utos. Ngayon, Panginoon, ipaalam mo na Ikaw ay Diyos.” O, luwalhati sa Diyos!

<sup>165</sup> Nakita ko na ito ng maraming pagkakataon, kapag nakita ninyo na ang Espiritu ng Diyos ay dumating sa isang lugar, at ang lugar na iyan ay mapasa ilalim ng pahid! Kung itong munting grupo na narito ngayong umagang ito, ay magawa lamang na panghawakan ang pag—iisip na ito rito, magawang alisin ang bawa’t pag—aalinlangan sa daan! Papaano kayo mag—aalinlangan pa, kapag nakita ninyo ang patay—ang patay ay nabuhay, ang pilay ay lumakad, ang bulag ay nakakita, ang bingi ay nakarinig?

<sup>166</sup> Ang Anghel ng Panginoon, maging ang Kaniyang larawan ay nakasabit dito sa dingding, ay hindi masagot ng siyensya, sa lahat ng dako. Anong ginagawa Niya? Manatili mismo sa Salita. Amen! Sinusugatan Nito ang bawa’t diablo. Oo, ginagawa Nito. Ano Ito? “Ang mga espiritung tagapaglingkod, isinugo mula sa Presensya ng Diyos,” upang pahiran ang mga tagapaghayag ng Salita, na nananatili sa Salita. At pinatutunayan Niya ang Salita na may mga tanda na sumusunod, dinadala si Hesus na Siyang kahapon, ngayon, at magpakailanaman. Hayun Siya.

<sup>167</sup> Papaano tayo makapag—aalinlangan, kung Siya’y kapuwa ayon sa siyensya, ayon sa materyal, ayon sa espirituwal, sa lahat ng paraan na mapapatunayan, ay pinatunayan Niya *rito*?

<sup>168</sup> Anong dahilan? Iyon ay nasa ating mga pag—iisip. Binubuksan natin ang ating mga pag—iisip sa bagay, na sinasabi, “Bueno, ngayon, aywan ko kung ito’y mangyayari o hindi.

Siguro, kung mabuti ang pakiramdam ko bukas.” O, iyan ay walang anumang kinalaman dito.

169 Gaya ng lagi kong sinasabi, maaaring sinabi ni Abraham kay Sarah. . . Siya noon ay lipas na sa kapanahunan ng—ng pagiging isang babae. Alam n’yo ang ibig kong sabihin; iyon ay panahon ng buhay, ang kaniyang dalawampu’t—walong mga araw. Kita n’yo, siya ay animnapu’t—limang taong gulang. Siya marahil ay lipas na dito, ng mga labinlima, dalawampung taon. At sinabi niya sa kaniya, siguro, sa mga sumusunod na mga araw, sabi, “May kakaiba ka bang nararamdaman, mahal?”

“Wala kahit kaunting kakaiba.”

170 “Iyan ay walang isa mang kinalaman dito. Tayo’y magpapatuloy pa rin, kahit paano. Bueno, ngayon, kung ikaw ay babalik gaya ng isang—isang dalagang muli, alam natin, sa pamamagitan ng dugo ng buhay na iyan, bueno, kung gayon, nakita natin doon na iyan ay makapagpapaginhawa sa bata, at lahat ay magiging mabuti. Ngayon, may kakaiba ka bang nararamdaman ngayon? Ito’y isang buwan na mula nang ipangako Niya sa akin. May nararamdaman ka bang kakaiba, mahal?”

171 “Wala kahit kaunti, Abraham. Walang isa mang tanda, wala. Ako—ako’y katulad pa rin ng ako—ako noon ngayon sa ilang nagdaang taon. Walang kahit kaunting pagkakaiba.”

“Luwalhati sa Diyos! Mapapasaatin ito, kahit pa.”

172 “Ibig mong sabihin, Abraham, sa. . . Tingnan mo, kung ipinangako Niya sa iyo, tiyak na bibigyan Niya tayo ng isang tanda sa *ganitong* paraan. Tiyak na bibigyan Niya tayo ng isang tanda.” Huh! Aleluya!

173 “Ang isang mahina at mapangalunyang lahi ay naghahanap ng mga tanda.” Iya’y tama. Mayroon siyang tanda. Ano iyon? Salita ng Diyos. Iyon ang tanda.

174 Paano pagagalingin ng Diyos ang batang ito? Sinabi nga ng Salita ng Diyos; kung makaramdan ako ng isang sensasyon, o walang sensasyon. Kung aking. . . anuman ang mangyari, sinabi ng Diyos na mangyayari. Iyan ay sapat na.

175 Sinabi ni Abraham, “Kunin ang inyong mga bonete at ipunin lahat—lahat, tayo’y aalis patungo sa lupain.”

“Saan kayo pupunta?”

176 “Hindi ko alam.” Amen. “Subali’t, aalis pa rin tayo, kahit paano. Heto alis na tayo!” Nag—impake at naglakbay. Aleluya! Iyan ang totoong Salita ng Diyos. Ano bang kapangyarihan sa unahan niya? Ang pangako ng Diyos, ang Salita ng Diyos. “Mapapasaatin ito.”

177 “Lumabas ka mula sa iyong bayan, Abraham. Sila, ang dahilan kung bakit, sila’y mga mapag—alinlangan at mga di—

mananampalataya. Isasama ka nila sa gayon ding kalagayan. Lumabas ka. Ihiwalay mo ang iyong sarili, at mamuhay ng para sa Akin.” Ano iyon? “Iwanan lahat ang iyong budhi at mga pandama sa likuran mo, tulad niyan. Buksan ang iyong pag-iisip, at alalahanin, ito’y Ako. Halika, makipamuhay kasama Ko.” Amen.

<sup>178</sup> Tinatawag ng Diyos ang bawa’t Binhi ni Abraham, sa umagang ito, tungo sa gayon ding uri ng buhay. Ang matinding labanan ay nagaganap na, ngayon, sa buong mundo. Gusto ng Diyos na ang Kaniyang mga anak ay inihihwalay ang kanilang sarili mula sa ano? Paningin, panlasa, pakiramdam, pang-amoy, pandinig; mga imahinasyon, budhi, mga alaala, pangangatwiran, mga pagmamahal; lahat. Buksan ang kanilang pag-iisip at papasukin ang Salita, at sumulong na taglay ang Salita. Iyan ang tunay na kawal.

<sup>179</sup> Ganiyan ang paraan ng pagtindig ng mga bituin. Ang sistema ng araw at mga planeta ay hindi nagbago; ang zodiac. Ang tala sa umaga ay lumilitaw sa lugar ng kaniyang tungkulin, tuwing umaga, katulad na katulad lamang ng ginawa nito nang ang lupa ay malalang. Ang bituin sa gabi ay lumalagay sa kaniyang lugar; bawa’t bituin. Ang Maliit na Lumbo, at mismong sa oras ng kapanahunan, ay nasa mismong dapat nitong kalagayan. Ang Tala ng Hilaga ay nanatili sa lugar at hindi kumikilos. Aleluya! Ang lahat ay umiikot sa palibot ng Tala ng Hilaga, silang lahat, dahil iyon ay nasa mismong sentro ng mundo.

<sup>180</sup> Iya’y si Kristo. Amen. Tumatayo Siya doon, nag-uutos sa Kaniyang hukbo tulad ng isang dakilang Kapitan.

<sup>181</sup> Katulad ni Moises sa bundok na nakataas ang kaniyang mga kamay, at ang Israel ay nakikipaglaban, tuluy—tuloy na sumusulong, at siya ay tumayo na nakataas ang kaniyang mga kamay. Siya ay tumayong nakataas ang kaniyang mga kamay hanggang sa lumubog ang araw. Kinailangan nilang hawakang nakataas ang kaniyang mga kamay. Iyan ay si Moises.

<sup>182</sup> Siya ay tipo ni Kristo. Upang matiyak na ang Kaniyang mga kamay ay nakataas, ang Kaniyang mga kamay ay naipako sa krus. Aleluya! At inakyat Niya ang mga muog ng Kaluwalhatian, ngayon, dala ang Kaniyang Duguang kasuotan sa harapan ng Diyos, sa kanan ng Kaniyang Kamahalan Doon. At ang labanan, sa bawa’t kawal, ay hahawiin ang daan patungo doon. Walang anuman sa akin kung ano ang mangyari; dala ang Salita ng Diyos, tuluy—tuloy siya patungo sa kalayaan. Amen.

<sup>183</sup> Katulad ng isang manok sa itlog, ano kaya kung siya ay takot na sumungaw? Ano kaya kung takot niyang tukain ang itlog? Ano kaya kung ang munting manok sa loob ng itlog, isang munting ibon, ay takot na sagiin ang balat ng itlog? Ano kaya kung nakarinig siya ng ingay sa labas, sasabihing, “Huwag



mong sagiin ang balat na iyan, baka masaktan ang sarili mo”?  
Subali’t mismong ang kalikasan, sa ibon, ay nagsasabi sa kaniya,  
“Tukain mo ito! Butasan mo ito.”

<sup>184</sup> Hayaang sabihin ng lahat ng mga lumang organisasyon na,  
“Ang mga araw ng mga himala ay lipas na. Sasaktan mo lamang  
ang iyong sarili. Hahantong ka sa panatismo.”

<sup>185</sup> Tumuka mismo sa balat, sinlakas ng makakaya mo. Aleluya!  
“Satanas, lumayas ka! Lalabas ako rito.” Iyan nga. “Hindi na  
ako mahihimlay rito, muli. Hindi na ako mananatili rito, muli.  
Hindi na ako para sa lugar ng Diablo na ito. Binubutas ko na ang  
aking daan palabas, sa umagang ito. Amen. Ako’y isang agila.”  
Amen! Aleluya!

<sup>186</sup> Subali’t ang munting agilang iyan, ang leeg na mala—  
martilyong mabigat na iyan doon, ay tumutuka sa balat na  
iyan. Gaano man katigas ang balat, ito’y tumuka papalabas  
dito. Ang unang bagay na masusumpungan n’yo, pagkatapos,  
naipapagaspas niya ng kaunti ang kaniyang mga pakpak. Siya  
ay maayos.

<sup>187</sup> Tumuka kayo palabas. Iya’y tama. Paano nyo gagawin iyon?  
Pasabugin iyon sa pamamagitan ng, “GANITO ANG SABI  
NG PANGINOON. GANITO ANG SABI NG PANGINOON.  
GANITO ANG SABI NG PANGINOON.” Sa wakas, magsisimula  
kayong makalanghap ng sariwang hangin. “GANITO ANG SABI  
NG PANGINOON.” Nailabas na ang inyong ulo. “GANITO  
ANG SABI NG PANGINOON.” Tumulak ng malakas ngayon,  
lumalabas na kayo!

<sup>188</sup> Hindi na siya babalik pang muli sa balat. Amen. Siya’y  
malaya na. O, naku! Kapag ang Salitang iyan ay makapasok,  
sa lahat ng mga pandamang iyan at mga budhi at bagay—  
bagay, upang makapanahan *rito*, at ang pag—iisip na iyan ay  
magbuksan at papasukin Ito. O Diyos, mahabag Ka! Wala nang  
anumang aalipin dito muli. Kayo’y malaya na. Siya na pinalaya  
ng Anak ay nakalabas na sa balat. Ang inyong denominasyon  
ay hindi na kayo matatawag pabalik. Ang Diablo ay wala nang  
magagawang ano pa man sa inyo. Maaari siyang sumutsot at  
sumigaw, kung gayon.

<sup>189</sup> Nguni’t kayo’y nasa Daan na, tumatakbo ng napakabilis, o,  
naku, tumatakbo sa Daan ng Hari, pinahirang kawal ng krus.  
At ito’y lahat kayong mga agila, na may pananampalataya,  
ipinahahayag si Hesus, ang Ilaw ng sanglibutan, tumakbo sa  
Daan ng Hari. Tootoo. Opo, ginoo!

<sup>190</sup> Ang mga ito ay mga “espiritung tagapaglingkod,” sinugo  
mula sa Presensya ng Diyos, upang maging mga ministro, para  
ipaglingkod ang (ano?) Kaniyang Salita; hindi isang teolohiya,  
kundi Salita ng Diyos. Sila ay mga espiritung tagapaglingkod,  
isinugo mula sa Diyos, upang maglingkod. Mga espiritung  
tagapaglingkod! O! At, tandaan, kung ito’y maghahayag ng

ibang bagay maliban sa Salita, ito'y hindi galing sa Diyos. Dahil, "Ang Iyong Salita ay laging napagtibay sa Langit." Lagi, sa Langit, ang Salita, ang Diyos ang nagbabantay Dito. At hindi siya kailanman magsusugo ng isang espiritu para mangaral ng iba liban sa Salita.

<sup>191</sup> Hindi Siya kailanman magsusugo ng isang espiritu na may dakilang D.D.D., Ph.D., at ang kaniyang kwelyo ay nakapihit palikod, lahat ng tulad niyan, sasabihin, "Bueno, siyempre, ang mga araw ng himala ay lipas na. Alam nating lahat iyan." Hindi, hindi. Hindi iyan galing sa Diyos. Iyan ay salungat sa Salita. Amen.

<sup>192</sup> Isinusugo Niya sila na mga ipinapaglingkod ang Espiritu ng Salita. Amen.

<sup>193</sup> O, mayroon pa akong mga apat o limang bagay, nguni't lalampanan ko ito sa ngayon, tatalakayin ito sa susunod na Linggo. Bueno.

Si Satanas at ang kaniyang mga demonyo ay pinahiran.

<sup>194</sup> Kung ang mga espiritung anghel na ito ay pinahiran upang dalhin sa inyo ang Salita, upang udyokan kayo para sampalatayanan ang Salita, ngayon makakakita ba kayo kung saan makaririnig kayo ng isang propeta, isang tunay na propeta ng Diyos, ikinakaila ang Salita ng Diyos? [Ang kongregasyon ay nagsabing, "Hindi."—Pat.] Hindi, po. Anong nangyari nang ang mga organisasyon ay tumayo sa kanilang panahon at nagsabing, "Ngayon, siya'y mali"? Siya'y nanindigan sa kaniyang sarili, at nanindigang mag—isa. Sabi niya, "Ito'y tama."

<sup>195</sup> Tingnan si Micheas doon noong araw na iyon, ang munting holly—roller, kita n'yo, anak ni Imla. Mayroon doong apat na raang pinahiran, dapat sana, mga propetang pinahiran na naroroon, lahat ay pinakakain ng maayos, nabihisan, at may dakilang mga natapos na kurso, at mataas ang pinag—aralan at magagaling na mga iskolar. Sabi, "Humayo kayo, aming matapat na hari. Sumainyo ang Panginoon. Iyan ay pagmamay—ari natin. Ibinigay iyan ni Josue sa atin. Kaya humayo kayo at kunin iyon. Iyan ay tumpak. Humayo kayo at kunin iyon. Anong . . ." Sabi niya, "Bueno, si Jos— . . ."

<sup>196</sup> Alam n'yo, sinabi ni Josaphat, "Wala na bang isa pa, kung saan?" Bueno, mayroon silang apat na raan. Bakit hindi paniwalaan ang apat na raan? Sabi niya, "Nguni't, tiyak na mayroon pa kayong isa, kung saan."

<sup>197</sup> Sabi, "ako'y—ako'y . . .Bueno, may isa pa kami. Mayroon pang isa, pero, o, galit ako sa kaniya." Huh! Kita n'yo?

<sup>198</sup> "Iyan—iyan, iyan ang lalaking gusto kong mapakinggan, kita n'yo." Sabi, "Dalhin siya rito. Pakinggan natin kung ano ang sasabihin niya."

199 At kaya sila'y pumaroon at sinabi sa kaniya, sabi, "Ngayon, makinig ka. Isaayos mo ng tama ang iyong pangaral, ngayong umaga, 'pagka't ika'y mangangaral sa hari. Ika'y mangangaral sa . . . lahat ng—ng kapisanan ng mga ministro ng *ganito—at—ganoon*, naunawaan mo, ng Palestina. Ang buong kapisanan ng mga ministro, ngayon, tandaan mo, narito ang sinabi nila. Sabihin mo ang gayon din bagay. Paniwalaan mo ang gayon ding bagay." Ang maliit na . . .

200 Siya'y—nagkamali siya ng inilagay na lalaki doon. Ang lalaking iyon ay nakalayo na sa lumang pangangatwiran na ito. Nalinisan na niya ang mga daluyan, kita n'yo, ang kaniyang budhi.

201 "At, bueno, aba, alam mo ba kung ano ang gagawin nila? Kung sasabihin mo ang gayon ding bagay, nakikini—kinita kong gagawin ka nilang presbiteryong pang—distrito. Gagawin nila marahil. Kanilang—kanilang gagawin kang pangkalahatang tagapangasiwa ng local na distrito dito, kung ika'y—ika'y sasang—ayon sa kanila." Hindi iyan tunay na lalaki ng Diyos.

202 Aba, ang kaniyang mga daluyan ay nilinis na, lahat ng kaniyang budhi at lahat ay malinis. Ang kaniyang pag—iisip ay nabuksan na para sa Salita ng Diyos. At ang Salita ng Diyos, lamang, ang paniniwalaan niya. Iyan ay mga espiritung tagapaglingkod. Iyan ay isang espiritung tagapaglingkod.

203 Sabi niya, "Hindi ko alam kung ano ang sasabihin sa ngayon. Nguni't, sasabihin ko sa iyo ang isang bagay na ito, sasabihin ko lamang kung ano ang sasabihin ng Diyos sa akin upang sabihin."

Kaya sila'y naghintay nang gabing iyon. Nagkaroon siya ng isang pangitain.

204 Kinabukasan, nakikini—kinita ko na si Micheas ay nagsasaliksik sa mga Kasulatan at sinasabing, "Ngayon, tingnan natin ngayon. Ang pangitain bang iyan . . . Ngayon, silang lahat na mga kalalakihan, may bagay na mali dito kung saan, 'pagka't Ito'y salungat sa kanilang sinabi. Bueno, anong sinabi Nito? Tingnan natin kung ano ang sinabi ni Elias sa dako rito, ang propeta, 'pagka't nalalaman naming siya ay isang propeta. Tingnan kung ano . . . Ang Salita ng Diyos ay dumating kay Elias. Oo. At ano ang sinabi Nito? 'At didilalan ng mga aso ang iyong dugo. Si Jezebel, kakainin siya ng mga aso. At 'pagka't kay matuwid na Achab . . . isang matuwid na Naboth.'" Sinabi niya pagkatapos . . . Nang makita niya iyon, nakita niya na ang pangitain ay tugma sa Salita ng Diyos, sa gayon, ang matandang Achab na iyon dapat ay mangyayari iyon sa kaniya.

205 Lumabas siya doon, sinabi, "Humayo kayo, nguni't nakita ko ang Israel . . ." Kita n'yo, hindi na niya ikinahiyang sabihin ang kaniyang pangitain pagkatapos, 'pagkat iyon ay ang Salita ng Panginoon. Nalalaman niya na sadyang mapanghahawakan niya ang bagay na iyon ng lubos. Ano? Binuksan niya ang kaniyang

puso, ang kaniyang pag—iisip, sa Salita ng Diyos, at ang Salita ng Diyos ay nahayag pabalik, kaya nalalaman niyang iyon ay ganap na Salita ng Diyos.

<sup>206</sup> Ngayon, sinasabi n'yo, “O, kung ako lamang ay magiging isang Micheas!” Maaari kang maging gayon. Ikaw nga. Ikaw, din, giliw. [Muling nakipag—usap si Kapatid na Branham sa kapatid na babae na may sakit—Pat.] Ikaw ay isang Micheas, ang propeta. Anong magagawa mo? Buksan mo ang iyong pag—iisip. Ano ang ibig kong ipaunawa sa inyo sa umagang ito? Ang Salita ng Panginoon. Naunawaan n'yo? Buksan ang inyong pag—iisip, sabihing, “Ngayon, alam mo, naniniwala akong ako’y gagaling.” Bueno, ano Ito, kung gayon? Ito ba ay Salita ng Panginoon? Tiyak, Ito’y Salita ng Panginoon.

<sup>207</sup> At sinasabi ng lalaking *ito* rito, “Ang mga araw ng himala ay lipas na. Hindi mo magagawa *ito*. At ikaw. . .” Kalimutan iyan. Unahin ang Diyos.

<sup>208</sup> Narito dumarating ang Salita ng Panginoon, at binigkas niya Ito, at Ito ay nangyari.

<sup>209</sup> Ngayon, ano ang ginawa ni Satanas? Pinahiran ni Satanas ang mga iba. Ngayon, pinapahiran ni Satanas ang kaniyang mga lingkod. O, totoo. Uh—huh. Totoo. Pinapahiran niya ang kaniyang mga lingkod. Ano ang ipinapahid niya sa kanila? Ng di—pagsampalataya. Si Satanas at ang kaniyang mga demonyo ay pinapahiran ang sangkatauhan para di—sampalatayanan ang Salita ng Diyos.

<sup>210</sup> Ngayon, kung gusto n'yong mapatunayan iyan, dumako kayo sa Genesis 3:4. Dumako lamang tayo pabalik doon at pakinggan ito, sandali lamang, at tingnan kung hindi iyan ang una niyang taktika. Iyan ang unang bagay na kaniyang ginawa. Hindi niya kailanman iniwan ang kaniyang dating mga taktika. Ginagawa niya iyan palagi. Ngayon, tingnan lamang kung iyan—iyan nga 'yon. Ngayon, hindi siya sumalungat sa Salita. Inudyukan lamang niya siya na medyo pamalian Ito ng kaunti, alam n'yo, medyo gawin Itong parang kasing inam pakinggan sa paraan na nais niya Itong marinig, hindi panghawakan ang buong Salita. Ngayon, Genesis, nasa akin rito, Genesis 3:4. Tingnan natin kung iyan nga ang sinabi niyan ngayon. Bueno.

*At sinabi ng serpiyente sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay:*

<sup>211</sup> “Tunay na hindi mamamatay.” Nakita n'yo kung paano niya inulit ito ng pabaliktad? “O, naniniwala kaming ang mga araw ng himala ay lipas na. Hindi kami naniniwala na mayroong gayong mga taong nakakatanggap ng Banal na Espiritu na katulad ng nangyari sa kanila sa Pentecostes. O, kahit papaano nabautismuhan ka naman, wala ring kaibahan iyan.” Nakita n'yo ang Diablo? Nakita n'yo ang kaniyang mga taktika? “Bueno,

kung sinabi sa iyo ng doktor na hindi ka na gagaling, iyan na nga.”

<sup>212</sup> Ngayon, hindi sa binabale—wala, di—pinaniniwalaan ang doktor. Ang doktor ay gumagawa sa hanay na maka—agham. At nagawa na ng doktor ang lahat niyang makakaya, para iligtas ang buhay ng tao. At hindi na ito maililigtas, dahil wala na siyang alam pang gawin. Siya’y nasa dulo na ng kaniyang nalalaman. Ang tao ay tapat. Nguni’t, ngayon, ang puno ng kaalaman ay mainam, nguni’t kung kayo ay magpapatuloy hanggang sa layo ng mararating nito, kung gayon ay humakbang ka patungo sa Punungkahoy ng Buhay at magpapatuloy lamang. Amen. Iyan nga. Iyon ay sadyang makakarating ng napakalayo. Oo.

<sup>213</sup> Ngayon, anong ginagawa ng taktika ni Satanas ngayon? Ano ang sinabi niya rito? Ngayon masdan ang 1 at ang—ang ika—2 talata. Ngayon hayaan—hayaang basahin ko ang ika—1 talata rito, hanggang 3.

*Ngayon ang serpiyente nga ay ang pinakatuso kaysa lahat, alin man sa mga hayop sa parang na nilikha ng Panginoong Diyos. At sinabi niya sa babae, oo, tunay bang sinabi ng Diyos, Huwag kayong kakain. . . sa alin mang punong kahoy sa halamanan?*

<sup>214</sup> Pakinggan ninyo siya ngayon, sadyang kung gaano siya kasama, at kung paano siya—kung paano niya tinatakpan ang Salitang iyan. Kita n’yo? Siya’y. . . Anong sinisikap niyang gawin? Makapasok sa pag—iisip niya. Kita n’yo? Nakikipag—usap siya sa kaniya, matapos na ang Salita ay pinagtibay na doon.

<sup>215</sup> Ngayon, huwag hayaan si Satanas na pagtibayin ang anuman. Kita n’yo? Ingatan ninyo ang Salita ng Diyos na napagtibay sa inyong puso. Kita n’yo? Gayon din ang gawin n’yo. Ngayon tingnan, kayong mga Micheas.

*. . . sinabi ng babae sa serpiyente. Kami ay makakakain sa bunga ng mga punong kahoy sa halamanan: nguni’t ang. . .*

*Datapuwa’t sa bunga ng punong kahoy na nasa gitna (gitna, kita n’yo) ng halamanan, ay sinabi ng. . . Diyos, Huwag kayong kakain niyaon, ni huwag ninyong hihipuin, baka kayo’y mamatay.*

<sup>216</sup> Kita n’yo, ngayon, iyan ang Salita. Inuulit niya Ito pabalik sa kaniya. Ngayon masdan.

*At sinabi ng serpiyente sa babae, Tunay na hindi kayo mamamatay:*

<sup>217</sup> Nakita n’yo ang kaniyang taktika? Kita n’yo? Ano ang sinisikap niyang gawin? Ang unang taong nilalang na iyon, sinisikap niyang pahiran ang tanging babaeng iyon doon,

babaeng anak ng Diyos, ng di—pagsampalataya sa Salita ng Diyos. Iyan ang mismong sinisikap niyang maipagawa sa kaniya.

<sup>218</sup> Iyan ang sinisikap niyang gawin mo, giliw. [Muling nakipag—usap si Kapatid na Branham sa kapatid na babae na may sakit—Pat.] Iyan ang sinisikap niyang ipagawa sa bawa't isa sa inyo, diyan, pahiran kayo. At ang tanging bagay na dapat n'yong gawin ngayon...Kayo'y isang malayang kinatawan. Ngayon maaari ninyong tanggapin ito kung gusto ninyo. Subali't sipain ito palabas. Kung hindi sana huminto si Eba ng sandaling iyon, para makinig! Huwag huminto sa anumang bagay. Huwag huminto.

<sup>219</sup> Nang—nang sabihin ni Elias kay Giezi, sabi, “Dalhin mo ang aking tungkod, ipatong mo ito sa patay na bata. At kung ang sinuman ay bumati sa iyo, huwag kang sumagot. Kung ang sinuman ay magpigil sa iyo, magpatuloy ka lamang.”

<sup>220</sup> Tingnan n'yo ang babae nang tawagin niya ang kaniyang lingkod. Sinabi niya, “Siyahan mo ako sa asno at humayo ka, at huwag mong ihihinto hanggang sa sabihin ko sa iyo.” Iyan nga.

<sup>221</sup> Kapag natanggap n'yo ang Mensahe, magpatuloy kayo. Amen. Sasabihing, “Hindi na ako makakalakad pang muli. Hindi, nanghihina na ako.” Magpatuloy lamang kayo. Huwag huminto. Isinasantabi ang lahat ng bagay, magpatuloy lamang sa pagsulong. Kapatid, hawak mo sa iyong kamay ang Tabak, magpatuloy lamang sa pag—taga.

<sup>222</sup> Nagpunta ako sa isang football stadium, minsan, at ako ay mangangaral. At huminto ako sa may pintuan at tumingala, doon sa itaas. Sinabi doon, “Hindi ang laki ng aso sa labanan. Kundi ang laki ng laban na nasa aso.” Kaya iyan ang makapagwawagi sa labanan. Kita n'yo?

<sup>223</sup> Sinasabi n'yo, “Bueno, tingnan. Tingnan mo ang lahat—lahat ng malalaking mga iglesia ay laban dito.”

<sup>224</sup> Hindi mahalaga sa akin kung gaano man sila kalaki. Iyon ay ang laban na nasa aso, iyan ang mahalaga. Iyan ay ang pananampalataya na nasa indibidwal. Kung ikaw ay isang duwag, magbalik ka sa iyong lungga. Subali't, kapatid, kung ikaw ay isang kawal, lumabas ka doon. May nagaganap na labanan doon. Ang tama at mali ay nagtagpo. Makipaglaban tayo.

<sup>225</sup> Katulad ni Peter Cartwright, nagpunta sa isang siyudad, sabi, “Sinabi ng Panginoon sa akin na—na pumarito at magkaroon ng rebaybal.” Umupa siya ng isang lumang bodega, pumasok doon at nagsimulang linisin ito.

<sup>226</sup> At ang malaking siga ng bayan, ang pistola ay nakasabit sa kaniyang tagiliran, lumapit doon. May mga pinto... Ilan sa kanila, sabi, “Anong ginagawa ng lalaking iyon doon?”

227 Sabi, “Siya’y isang mangangaral. Siya’y gagawa ng isang pagtitipon, sabi niya.”

228 “Bueno,” sabi niya, “palagay ko kinakailangan lamang akong pumunta roon at ihagis siya sa kalsada, at paalisin siya rito. Iyan lang. Hindi natin gusto ng mga pagtitipon dito sa ating lugar.”

229 Kaya nagpunta siya roon, sinipa ang pintuan. At si Peter Cartwright ay suot ang kaniyang amerikana, alam n’yo, at kaniya lamang hinuhugasan ang mga bintana at mga dingding. Isang maliit na lalaki, alam n’yo.

230 Ang matandang mangangaral ay tinawanan siya, alam n’yo, sa pagkain ng manok gamit ang kaniyang mga kamay; na isang kaugalian ngayon, alam n’yo.

231 Kaya hinuhugasan lamang niya ang mga bintana at inaayos ang paligid. Ang malaking siga ay lumapit, hinila ang kaniyang amerikana papalikod, nakasabit sa kaniyang tagiliran ang pistola, sabi, “Anong ginagawa mo?”

232 “O,” sabi niya, “naghuhugas ako ng mga bintana.” At patuloy lamang sa paghuhugas ng bintana, alam n’yo. Mayroon siyang isang layunin. Sinabi sa kaniya ng Diyos na magdaos ng isang rebaybal. Hinuhugasan ang mga bintana, nang patuloy.

Sabi niya, “Hindi namin pinahihintulutan ang mga rebaybal dito.”

233 Sabi niya, “O, pero sinabi sa akin ng Panginoon na—na magdaos ng rebaybal na ito.” Kita n’yo? Nagpatuloy lamang siya, sa kaniyang trabaho. Kita n’yo? Kita n’yo?

234 “Bueno,” sabi niya, “may bagay na dapat mong—mong maunawaan.” Sinabi niya, “ako ang nasusunod sa bayang ito.”

235 Sinabi niya, “O, ikaw ba?” At patuloy lamang na hinuhugasan ang mga bintana, alam n’yo.

236 Sinabi niya, “Bago ka makagagawa ng isang rebaybal, dapat mo muna akong hampasin.”

Sinabi niya, “O, kailangan kong gawin ‘yon? Bueno, ‘yan ang susunod kong gagawin kung gayon.”

237 Inalis lamang niya ang kaniyang amerikana. Lumakad doon, at hinablot sa may kuwelyo, at pinabagsak siya sa sahog, at lumundag sa ibabaw niya. Sabi, “Kailangan kong lumaban, kung kailangan kong maghari. Dagdagan Mo ang katapangan ko, Panginoon.” Pinalo nya siya nang husto.

Sabi, “Sapat na ba sa iyo?”

238 Sinabi niya, “Oo.” Tumayo siya at kinamayan siya. Naligtas siya nang gabing iyon, sa bahay sambahan.

239 Hayan kayo. Kita n’yo? Ito’y, panghawakan ang Salita ng Diyos at hawiin ang inyong daan sa bawa’t alinlangan. Naunawaan n’yo ito? Totoo, iyan nga. Iyan ang susunod na

trabaho, tapusin natin ito. Tama. Ang susunod na kailangan kong gawin ay lumayo sa aking mga alinlangan, putulin ito. Iyan ang susunod kong trabaho, ay alisin lahat ng aking kalituhan. Kung sinasabi sa akin ng mga pandama ko, “Bueno, masama ang pakiramdam mo,” ang susunod na dapat gawin ay putulin ang bagay na iyan. Tama.

<sup>240</sup> Sasabihin n’yo, “Bueno, ikaw . . . Sinasabi nila sa akin na . . . Alam mo, sinasabi sa akin ng budhi ko, Kapatid na Branham, na ako . . .” Bueno, mas maiging putulin mo na ang bagay na iyan. Hindi mo magagawang lalayo ng higit pa dyan. Tapusin lamang ang susunod mong trabaho. Alisin mo ang iyong amerikana at harapin ito mismo. Magpatuloy lamang. Isang layunin, “ako’y magwawagi.” Amen. “Hindi ako maaaring matatalo. Magwawagi ako.” Amen.

<sup>241</sup> Nagpapahid si Satanas. Kita n’yo? Ano ang una niyang taktika? Ano ba ang unang lugar na gusto niyang marating? Ang pag—iisip. Huminto siya panandali, para makinig sa kung anong sinabi niya. “O, hindi sinasabi ang gayon?”

<sup>242</sup> Diyan ay kung saan maraming batang babae ay nagawa ang kaniyang pagkakamali, at maraming batang lalaki ay nagawa ang kaniyang pagkakamali; tama, huminto sandali, huminto lamang panandali. Ilang beses na akong nakakita ng mga paghihiwalay ng mag—asawa at may mga bagay—bagay na nangyari, sa ganyan.

<sup>243</sup> “Bueno, sinasabi ko sa iyo, Kapatid na Branham, sumipol siya tulad ng ‘wheet—whew’, alam mo, at huminto ako, at, tapatan, aking—hindi ko ibig na gawin.” Uh—huh. Hayan kayo.

<sup>244</sup> “O, siya, ako’y nauupo sa kabila ng mesa mula sa kaniya. Siya’y—mayroon siyang pinakamagandang mga mata!” Kita n’yo? Uh—huh. Kita n’yo? Iyan nga.

<sup>245</sup> Ang Diablo ay ganyan din ang ginagawa. “O, sinabi sa akin ng doktor na hindi na ako gagaling, kaya ako . . .” Hayan kayo, ganoon ding bagay, kita n’yo, ang pinakamatinding labanan na naganap kailanman.

<sup>246</sup> “Bueno, sinasabi nila sa akin. Nakita ko si *Ganito—at—ganoon* ay nagsabing nasa kaniya ang Banal na Espiritu.” Oo, tumingin kayo sa isang mapagkunwari. Paano naman sila na totoong mayroon Nito? Uh—huh. Oo. Ituturo kayo ng Diablo sa isang lumang pain na uwak, pero hindi niya ipakikita sa inyo ang tunay na kalapati. Uh—huh. Tama iyan. Hindi niya ipakikita iyan sa inyo, at pananatilihin niyang nakatago iyan sa inyo.

<sup>247</sup> O, siya’y isang mangdirigma, rin, tandaan. Subali’t dakila ang ating . . . “Higit na dakila Siya na nasa inyo, kaysa sa kaniya na nasa sanglibutan.” Datapuwa’t manghawakan sa Salita ng Diyos; sampalatayanan Ito, kayong mga kapitan ng hukbo rito. Panghawakan ang iyong tanggulan, kapatid. Iya’y tama, panghawakan ang inyong tungkulin.



248 Kaya, mayroon ako noong isang munting batang babae rito, minsan. Maaaring nakaupo rito ngayon ang babae. Ang pangalan niya ay Nellie Sanders. Isa sa mga unang pagkakataong nakita ko na ang isang diablo ay napalayas. Nanirahan kami, ngayon, kung maituturo ko lamang ang lugar; at halos tatlong bloke lamang sa dako rito, lampas ng libingan. At bago—bago lamang akong mangangaral, at ako'y nangangaral dito mismo sa kanto na ito, sa isang pagtitipon sa tolda.

249 At ang munting babaeng iyan ay isa noon sa mga magagaling na mananayaw. Pumasok siya sa mataas na paaralan rito, at siya at si Lee Horn. At marami sa inyo rito sa bayan ay kilala si Lee Horn sa banda rito, nangangasiwa sa isang pool room. At kaya sila, siya at si Lee Horn, ay mga pinakamagaling na mananayaw na mayroon sa bansa. Siya'y Katoliko, siya mismo. Siyempre, hindi mahalaga sa kanila ang relihiyon, kaya sa gayon. . . si Nellie at sila. Kaya, siya ay isang magaling na mananayaw, at siya ay, ganoon din. At mayroon sila ritong sayaw na tinawag na "black bottom," at "jitterbugs," at lahat silang mga bagay. At siya noon ang. . . Silang dalawa ang pinakamagaling noon sa bansa.

250 Isang araw, siya ay napadako rito, isang gabi, sa pagtitipon. Doon siya'y lumuhod, sa may altar, ang munting si Nellie. Pagpalain ang puso niya. Nanatili siya roon sa altar. Itinaas niya ang kaniyang kamay. At siya'y umiyak, at ang mga luha ay umaagos sa kaniyang pisngi. Sabi nya, "Billy. . ." Kilala niya ako. Sabi nya, "gustong—gusto kong maligtas, talaga."

251 At sinabi ko, "Nellie, maaari kang maligtas. Iniligtas ka na ni Hesus, iha. Dapat mo lamang itong tanggapin ngayon sa pamamagitan ng Kaniyang Salita."

252 At siya'y nanatili doon. At umiyak siya, at nanalangin siya, at sinabi niya sa Diyos na hindi siya makikinig pang muli sa mga bagay ng sanglibutan. Bigla—bigla, isang kaibig—ibig na maamong kapayapaan ay dumating sa kaniyang kaluluwa. Tumayo siya mula roon, sumisigaw at pinupiri ang Diyos, niluluwalhati ang Diyos.

253 At halos mga anim o walong buwan pagkatapos niyaon, siya'y naglalakad sa may Spring Street, isang gabi.

254 Ngayon, isa lamang dalaga, siya'y isang tinedyer pa lamang, mga labingwalong taong gulang. At lumapit siya sa akin, at sinabi niya, "Si Hope. . ." Iyon ang aking may—bahay noon, ang yaong isang yumao na. Sinabi niya, "Gusto ko sanang matulad ako kina Hope at Irene." Sinabi niya, "Alam mo, hindi sila kailanman nakihalubilo sa sanglibutan." Sabi, "Maglalagay ng marka ang sanglibutan sa inyo." Sabi, "Mayroon akong maligasgas na anyo." Sabi, "Ngayon, tumigil na ako sa paggamit ng make—up at iba pa, pero mukha akong napakamaligasgas.

Maging ang impresyon sa akin, sa mukha ko,” sabi niya, “mukha akong magaslaw.” Sabi niya, “Mukha silang walang kamalayan at napakamagiliw.” Sabi, “Hangad ko na sana ay hindi ko kailanman nagawa iyon.”

<sup>255</sup> Sabi ko, “Nellie, ang Dugo ni Hesus Kristo ay naglilinis sa lahat ng kasalanan, giliw. Magpatuloy ka, sampalatayanan ito.”

<sup>256</sup> Si Wayne Bledsoe, marami sa inyo rito ay kilala siya, isang matalik kong kaibigan, at maraming mga taon. Siya ay manginginom. At pumarito siya kasama ang kapatid ko, si Edward. At siya ay nalasing dito sa may kalsada, at binuhat ko siya, ‘pagka’t huhulihin siya ng mga pulis. At dinala ko siya rito. At isa akong mangangaral noon at nakatira rito, sa nanay at tatay ko, bago pa ako ikinasal. At dinala ko siya, inihiga siya sa papag doon. Natulog ako, natutulog ako sa isang detiklop na upuan. Maraming mga anak na Branham, alam n’yo, sampu kami. At kaya mayroon kaming mga apat na kwarto, at kailangan naming medyo magsiksikan, ng kaunti. Kaya, mayroon akong lumang detiklop na upuan na tinutulugan ko. Hinila ko ito ng *ganito*, at—at inihiga ko si Wayne kasama ko. Lasing, kailangang buhatin ko siya papasok sa bahay at pahigain siya.

<sup>257</sup> At ako ay nakahiga doon. Sinabi ko, “Wayne, hindi ka ba nahihiya sa sarili mo, na ganyan ka?”

<sup>258</sup> At sinabi niya, “Uh, Billy, huwag kang mangusap sa akin ng ganiyan.” At pagkatapos ipinatong ang kamay ko. Sinabi ko, “Ipapanalangin kita, Wayne. Pagpalain ka ng Diyos.” At naligtas na ako noon halos, o, palagay ko halos, siguro isang taon na.

<sup>259</sup> At kaya pagkatapos, biglang bigla, isang—isang taksi, ibinagsak ang pinto doon sa labas, at may isang kumakatok ng malakas. “Kapatid na Bill! Kapatid na Bill!” [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito—Pat.]

<sup>260</sup> Naisip ko, “Naku, mahabagin, marahil ay may isang namamatay.” Lumundag ako, sa may pinto; kinuha ang lumang gamit doon, inihagis ang padyama ko, tulad *nito*; at tinakpan ko si Wayne. Tumakbo sa may pinto.

<sup>261</sup> Iyon ay ingay na tulad sa isang babae. Binuksan ko ang pinto, at ang batang babaeng ito ay nakatayo sa may pinto. Sinabi niya, “O, pwede ba akong pumasok?”

Sabi ko, “Pumasok ka.” At isinindi ang ilaw.

<sup>262</sup> At ngayon nag—iiyak lamang siya na tulad niyan, at sinabi niya, “O, Kapatid na Billy, ako’y—ako’y—nawala na ako! Nawala na ako!”

<sup>263</sup> Sabi ko, “Anong nangyari, Nellie? Ikaw ba ay may—inaatake sa puso?”

<sup>264</sup> Sinabi niya, “Hindi.” Sinabi niya, “Kapatid na Bill, naglalakad ako sa may Spring.” Sabi niya, “Sa totoo, Kapatid

na Bill! Sa totoo, Kapatid na Bill, hindi ko gustong makasakit. Hindi ko gustong makasakit.”

265 Sabi ko, “Anong nangyari?” Naisip ko, “Anong gagawin ko sa kaniya ngayon?” Hindi ko alam kung anong gagawin. Ako’y, isang binata palang. At ako’y . . .

266 Sabi, “O, Kapatid na Bill,” sabi, “lubos akong—lubos akong—lubos akong nagkadurog—durog.”

Sabi ko, “Ngayon, pumayapa ka, kapatid. Sabihin mo sa akin lahat.”

267 At sinabi niya, “Bueno,” sabi niya, “ako’y naglalakad sa kalsada, at sa may Redman’s Hall . . .” At dati silang nagkakaroon doon ng mga sayawan kapag Sabado ng gabi. At sinabi niya, may dala akong gamit, na iuuwi ko para gawing damit.” At sinabi niya, “narinig ko ang tugtuging iyon.” At sinabi niya, “Alam mo,” sabi, “huminto ako sandali.” At sabi, “Iyon ay patuloy na gumaganda. Kaya naisip ko, ‘Alam mo, hindi makakasama kung tatayo ako mismo rito.’”

268 Doon niya nagawa ang pagkakamali niya, ang huminto sandali. Nakinig lamang siya.

269 Sabi, “Bueno, iisipin ko.” Sabi, “O Panginoon, gayon man, alam Mong mahal Kita”. Sabi, “Alam Mong mahal Kita, Panginoon. Subali’t totoong naaalala ko ang panahon nang si Lee at ako ay dating pinananalunan ang lahat ng—ng mga kopa, at iba pa.” Sabi, “Naku, natatandaan ko na ang tugtuging iyan ay dating umaakit sa akin. Hindi na ngayon.”

270 Uh—oh, uh—oh! Sa akala mo lamang na hindi. Naakit ka na niya, doon mismo. Iyan lang ang sadyang gusto niya, doon mismo. Naunawaan n’yo?

271 Ilan ang nakakikilala kay Nellie Sanders? Bueno, palagay ko marami sa inyo. Oo. Tiyak. Kaya sila—sila ay—sila ay . . .

272 Sabi, sinabi niya, “Bueno, alam mo ba?” Sabi, “Siguro kung aakyat ako sa may hagdanan doon,” sabi, “siguro ay magagawa kong makapagpatotoo sa ilan sa kanila .”

273 O! Kita n’yo, naroon ka mismo sa lugar ng Diablo. Umalis ka diyan. “Itakwil ang anumang anyo ng masama.”

274 Pero umakyat siya, paakyat sa hagdanan, at tumayo doon sumandali. At ang unang bagay alam n’yo, siya’y nasa mga bisig na ng isang lalaki, doon sa bulwagan.

275 Pagkatapos siya’y nagkamalay sa kaniyang sarili. At siya ay naroon tumatayo, umiiyak at patuloy na umiiyak, sabi, “O, naligaw na ako ngayon, tuloy.”

276 Naisip ko, “Bueno, wala akong gaanong alam tungkol sa Biblia, pero naniniwala akong sinabi ni Hesus ito, ‘Sa aking Pangalan ay makapagpapalayas sila ng mga diablo.’” Ako . . .

277 At si Wayne ay nahimasmasan na, ng kaunti, at nauupo doon, nanonood. Kita n'yo? Kaya sinabi ko, “Ngayon, diablo, hindi ko alam kung sino ka, nguni't sinasabi ko sa iyo ngayon, ito ay kapatid ko, at wala kang karapatang tanganan siya. Hindi niya gustong gawin iyan. Huminto lamang siya sandali.” Gayon ma'y, doon niya nagawa ang pagkakamali niya. Sinabi ko, “Subali't kailangan kang lumabas sa kaniya. Narinig mo ako?”

278 At kaya tulungan ako, Diyos, doon sa Paghuhukom, ay alam iyon. Ang tela—metalikang pintuan na iyon ay nagsimulang bumukas at sumara, ng kusa. “Plampiti, plampiti,” doon sa may pinto. Pam, ka—plam, ka—plam.” Naisip ko.

At sinabi niya, “Bill, tingnan mo roon. Tingnan mo roon.”

At sinabi ko, “Oo. Ano iyan?”

Sinabi niya, “Aywan ko.”

Sinabi ko, “Hindi ko rin alam.”

279 At ang pinto ay patuloy na “pampiti—pam, ti—pam,” sumasarang tulad nyan. Naisip ko, “Anong nangyayari rito? Anong nangyayari?”

280 Tumingin uli ako, tulad *niyan*. At sinabi ko, “Iwanan mo siya, Satanas! Sa Pangalan ni Hesus, lumabas ka sa kaniya!”

281 Nang sabihin ko iyan, iyon ay parang tulad ng napakalaking paniki, mga *ganito* kahaba, umangat mula sa kaniyang likuran, na may mahabang buhok na nakabitin sa mga pakpak nito at umangat ang kaniyang mga paa, tulad *niyan*. Na gumaganito, “Ooooooh.” Nagsimulang pumunta patungo sa akin, ng talagang napakabilis.

282 Sinabi ko, “O Panginoong Diyos, ang Dugo ni Hesus Kristo ay ingatan ako mula diyan.”

283 At si Wayne ay lumundag sa papag, tumingin. At narito ito, tulad ng isang malaking anino, imikot—ikot, at pumaroon at pumailalim sa may likuran ng papag. Mula sa papag nagpunta si Wayne, doon sa kabilang kwarto, ng kasing bilis ng makakaya niya. Kaya kami . . .

284 Kinuha ko si Nellie at iniuwi siya. At bumalik ako, at hindi ko . . .

285 Pumasok si nanay roon at pinagpag ang mga sapin at lahat. Wala ng naroroon sa papag na iyon. Ano iyon? Isang diablo ay lumabas sa kaniya. Anong nangyari? Huminto siya sandali. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito ng dalawang beses—Pat.] Iyan lang.

286 Huwag huminto, sa ano man. Kapag ibinaon ng Diyos ang Kaniyang Salita sa inyong puso, tanganan lamang ang Tabak na iyan at magsimulang tumaga at pumutol. Aleluya!

287 “Wala akong panahon para maghintay pa ng iba pang bagay. Sadyang nakatawid na, wala man lamang akong panahon na magpirmi.”

288 Sabi niya, “Bueno, at dalhin mo ang tungkod ko at ipatong sa bata. At kung may makipag—usap sa iyo, ni huwag kang kumibo sa kanila.”

289 Kung sabihin ng Diablo, “Hoy, alam mo ba ang nararamdaman mo?” Ni huwag kumibo sa kaniya. Magpatuloy lamang.

290 Ang Diablo, alam n’yo, sasabihin ng Diablo, “Pero alam mo ba? Alam mo, si *Ganito—at—ganoon*, nang matanggap nila ang Banal na Espiritu, alalahanin mo sila’y—sila’y halos nasiraan sa kanilang pag—iisip.” Ni huwag kumibo sa kaniya. Magpatuloy lamang. Hindi mo alam ang tungkol kay *Ganito—at—ganoon*.

291 Ito’y ikaw at ang Diyos. Iya’y tama. Ingatan ang Diyos. Pinapahiran Niya ang Kaniyang mga lingkod. Kailangan akong magmadali. Pinapahiran ng Diyos ang Kaniyang mga lingkod. Kita n’yo?

292 Ngayon kailangan kong lampasan ang ilang mga naitala dito, nguni’t gusto kong sabihin ito. Dito, makinig ngayon, ng maigi.

293 Munting babae, makinig kang maigi ngayon. [Si Kapatid na Branham ay muling nakipag—usap sa kapatid na babae na may sakit—Pat.]

294 Dito nakikita natin ang mga taktika ng Diablo. Paano ang gagawin natin? Ngayon, mayroon akong maraming mga Kasulatan dito, ng mga propeta at iba pa, kung saan siya ay lumapit sa kanila, at sa iba’t—ibang mga tao sa buong Biblia, at ginawa ang gayon ding bagay. Iyon ang lagi niyang taktika, ay ang sikap ng dalhin ang tao sa di—pagsampalataya sa Salita ng Diyos. Makinig, kayong mga kawal ng krus. Kapag inyong hindi sinampalatayanan ang isang Salita ng Dios na nasusulat sa Biblia, kayo’y naalisan na ng sandata.

295 Naniniwala ka diyan, giliw? [Si Kapatid na Branham ay muling nakipag—usap sa kapatid na babae na may sakit—Pat.]

296 Ika’y naalisan na ng sandata. Susuko ka, ikaw na dikya. Isuot ang buong kagayakan ng Diyos. Amen. Tayo’y . . . isang labanan. Ang sinabi ng Diyos ay totoo. “Ang salita ng bawa’t tao ay kasinungalingan.” Kita n’yo? Nguni’t kapagka kayo . . . makuha kayong makinig sa ibang bagay, iyan ang taktika niya, nadis—armahan kayo.

297 Gaano ba karami noon ang kinailangang pakinggan ni Eba? Isa. Siya ay nadis—armahan mismo doon. Ano ang ginawa ng Diablo? Pumasok agad mismo doon sa pag—iisip niya, patungo sa kaniyang espiritu, at doon siya ay napamali na. Tama ba iyan? Siya ay napamali na sa mismong sandali na siya ay nadis—

armahan, nang siya'y di—nanampalataya sa Salita ng Diyos. Bueno. Dito nakikita natin ang kaniyang mga taktika.

<sup>298</sup> Ang mga kawal ng Dios ay inutusan na “Isuot ang buong kagayakan ng Diyos.” Tama ba iyan? [Nagsabi ang kongregasyon ng, “Amen.”—Pat.] Ngayon, kung gusto ninyong isulat ang Kasulatan na iyan, ito'y makikita sa Efeso 6:10 at 13. Kita n'yo? Binasa natin ito kanina. Ito ang teksto natin. Bueno. Pansinin. “Isuot ang buong kagayakan ng Diyos.” Tayo'y... May kaunting sandali pa ba kayo? [“Amen.”] Bumalik tayo dito sandali. Tingnan lamang natin kung ano ang buong kagayakan ng Diyos. Bueno. Simulan natin sa ika—10 talata. Ngayon, makinig na mabuti ngayon. Hanapin natin ang buong kagayakan ng Diyos. “Sa katapus—tapusan, mga kapatid ko...” Ngayon, alam kong ako'y tutungo... ako'y...

<sup>299</sup> Ito'y biente minuto na, ngayon mismo, para alas dose, halos. Aking—hindi ko... hindi ko ninais na magturo sa inyo ng masyadong mahaba, sa araw na ito, nguni't ako—maaaring hindi na ako magkakaroon kundi mga isang Mensahe na lamang hanggang sa ako ay lumarga sa ilan sa aking mga biyahe para sa tag—araw, kita n'yo.

<sup>300</sup> At alam ba ninyo? Alam ba ninyo kung bakit ko ginagawa ito? Sasabihin ko sa inyo. Nang isang araw mayroon akong panaginip. Hindi ko noon sasabihin ito, nguni't ito lamang ay nasa isipan ko. Mas maiging sabihin ko ito, matapos na ibigay sa akin ng Panginoon ang mga kapaliwanagan.

<sup>301</sup> Nanaginip ako na ako ay naghahanda para tawirin ang isang malaking ilog, para sa gawaing pang—misyon. At ngayon, una, naroon ako kasama ko ang aking asawa...

<sup>302</sup> At ilan ba ang nakakikilala kay George Smith, six—second Smith, dito sa bayan? Si George Smith, ang anak niyang lalaki ay nasa pulisya rito. Siya, kawawang George, ay isa ng lasenggo ngayon. Pero isa siya noon sa mga pinakamagaling na makipaglaban. Siya ang nag—ensayo sa akin, bago pa man ako nagpunta sa Y.M.C.A. at saan man. Dati niya kaming sinasanay. At siya ay mabilis, talagang mabilis. Siya lamang ay isang welterweight, para sa isandaan—at—apatnapu't limang libra. At sinanay niya ako. At dati akong tumatayo doon, at maigaganito niya ang kamao niya, katulad *niyan*, at tamaan ako mismo sa tiyan, isasandal ako sa dingding, kita n'yo, nguni't, at hindi iyon nakakaabala sa akin. Sinasanay lamang niya ako, walang anuman doon kundi pagsasanay lamang.

<sup>303</sup> At sa gayun ako'y—ako'y nanaginip, nang isang gabi, na nakita ko si six—second Smith. Ngayon, hindi ito isang pangitain. Ito'y isang panaginip. At nakita ko si six—second Smith, may mga kabataan na gustong makipaglaban sa kaniya, sa wrestling. At siya, ang matandang lalaking iyon, mga, o, palagay ko... Ako'y singkuwenta'y—dos. Siya'y halos

singkuwenta'y—otso, sesenta. Walang isa man sa kanila na mga kabataan ang makakasagi sa kaniya, sa anumang paraan. Ibinubuhol lamang niya sila, tulad niyan, pinahihiga lamang sila sa sahig at hinahawakan sila ng kaniyang kamay.

<sup>304</sup> Naisip ko, “Iyan ay kakaiba.” Naisip ko na kasama ko ang asawa ko, at sinabi ko, “Kakaiba iyan.” Sabi ko, “alam mo ba, Meda? Dati siyang tagapagsanay ko.”

Sinabi niya, “Aking—natatandaan ko iyan, na sinasabi mo sa akin.”

<sup>305</sup> Sabi ko, “Opo, ginoo. Sa kaniyang magandang pagtuturo, nanalo ako ng labinlimang propesyonal na laban, at huminto sa—sa ganung hanapbuhay; nangaral ng Ebanghelyo.

<sup>306</sup> Pagkatapos ito ay nagbago, at ako ay nagsisimulang tawirin ang isang—isang tubig. Pero nang ako'y paalis na, ako'y paalis sa isang bangkang de—motor. Tumingin ako, at naroon ang dalawa sa aking mga kapatid na nakasakay doon, sa isang maliit na bangka, naghahandang sumama sa akin. Sabi ko, “Hindi n'yo magagawa iyan, mga kapatid. Huh—uh. Kailangan kong umalis mag—isa.”

<sup>307</sup> At ang mama—mangka ay lumapit, at sinabi niya, “Narito ang isang bangka para sa iyo,” isang puting—puti na plastik na maliit na bangka.

Sabi ko, “Hindi.Huh—uh. Hindi iyan.”

<sup>308</sup> Sabi niya, “Aba, magagawa mong tumakbo patungo sa gawing *ito* sakay ito, limampung milya bawa't oras.”

Sabi ko, “Pero kailangan kong tumawid papunta *roon*.” Kita n'yo?

“Bueno,” sabi niya, “sumabay ka sa mga lalaking *iyang*.”

<sup>309</sup> Sabi ko, “Hindi sila mama—mangka. Wala silang gaanong alam tungkol diyan. Nagpapakita lamang sila ng interes. Hindi nila makakaya iyan. Pareho silang malulunod doon. Sadyang hindi nila magagawa iyan.”

At sinabi niya, “Ikaw ba . . . mapagkakatiwalaan mo ba . . .”

<sup>310</sup> Sabi ko, “Makinig ka, ako'y—mas may alam ako tungkol sa bangka kaysa sa kanila, at hindi ko susubukang lumarga na sakay iyan, sa ganyang uri lamang materyal.” Sabi ko, “Kinakailangan ang isang de—motor na bangka para tawirin iyan.” Sabi ko, “Kinakailangan ko ng mas malaki kaysa diyan.”

<sup>311</sup> At nakita ko siyang lumingon, sa isa sa mga kapatid, at sinabing, “Kayo ba'y mama—mangka?”

Sinabi ng mga kapatid, “Oo.” Kita n'yo?

Sabi ko, “Mali iyan.”

<sup>312</sup> At bumalik ang mama—mangka. Sabi niya, “Sasabihin ko sa iyo ang gagawin mo.” Sabi, “Mahal ka nila. Naniniwala sila sa

iyong. Pero,” sabi niya, “kung susubukan mong tumawid na sakay ang bangkang de—motor, susubukan nilang sundan ka sakay ang maliit na bangka na iyan. Pareho silang mamamatay, kita mo.” Sabi, “Hindi ka nila masusundan.”

At sinabi ko, “Bueno, anong dapat kong gawin?”

<sup>313</sup> At itong mama—mangka sa may daungan, sinabi niya, “Bumalik ka sa dako *roon*.” Sabi, “Mayroon lamang iisang maliit na kamalig sa buong bansang ito, isang maliit na kamalig. At maglagay ka lamang doon ng maraming panustos,” sabi, “at sila’y mananatili rito. Sila’y—sila’y mananatili rito habang ikaw ay—habang wala ka. Nguni’t,” sabi, “kailangan mong maglagay ng mga panustos.”

<sup>314</sup> At ako ay kumukuha lamang ng lahat ng uri ng repolyo, at mga singkamas, at mga labanos, at mga bagay—bagay, tinambak sila doon sa loob gaya niyan. Pagkatapos ay nagising ako.

<sup>315</sup> Hindi ko alam kung ano iyon noon, pero alam ko na ngayon. Kita n’yo, nag—iimbak tayo ng mga panustos, mga kapatid. Ito ay buhay na dapat ninyong lakarang mag—isa.

<sup>316</sup> Leo, natatandaan mo ang napanaginipan mo nang panahon na ikaw ay unang pumarito? [Si Kapatid na Leo Mercier ay nagsabi ng “Amen.”—Pat.] Tungkol sa piramide, at naisip mo na kailangan mong umakyat doon. Sinabi ko, “Leo, walang sinumang nakaka—akyat dito. Diyos ang kailangang magdala ng tao dito. Inakyat mo ang bawa’t lupaing likas na maaaring akyatin.” Sinabi ko, “Hindi ka makakaakyat dito, Leo. Kita n’yo? Bumalik ka sa ibaba. Sabihin mo lamang sa mga tao na ito’y nagmumula sa Diyos.” Naunawaan n’yo? Kita n’yo?

<sup>317</sup> Ito’y bagay na inyong—hindi ninyo maaaring asahan, na kasing buti ng mga kapatiran at kapatirang babae, at ang aking iglesia at lahat, at kasing buti ng ibang mga iglesia, at mga kapatiran, sa lahat ng dako.

<sup>318</sup> Ngayon, hindi ko magawang lumayo mula sa iglesia sa labas doon. May nagsasabing, “Bueno, bakit ka nakikisama sa kanila na mga tao, silang mga trinitarian, lahat *nito*, *niyan*, at ng *iba pa*, at ang oneness, at Jesus Name, at lahat ng iba pa doon? Bakit ka nakikihalubilo sa kanila, pa?” Sila’y akin. Kahit ano pa ang nagawa nila, sila’y akin. Sila ay aking pulpito.

<sup>319</sup> Nang makagawa ang Israel ng napakasama, hanggang sa sabihin mismo ng Diyos kay Moises na, sabi, “Thiwalay mo ang iyong sarili. Magsisimula ako ng isang bagong—bagong angkan sa iyo.”

<sup>320</sup> Inilagay ni Moises ang sarili niya sa daanan, sinabing, “Bago Mo silang kunin, ako muna.”

<sup>321</sup> Kahit ano pa ang nagawa nila, sa kanila ako isinugo. Nagsusugo Siya ng Ilaw, hindi para papagliwanagin kung saan mayroong Ilaw. Kung saan naroon ang kadiliman, doon ang



ilaw ay mailagay. At kailangan mong makasama ang mga tao. Kailangan mong tumayong kasama nila, maging ano pa man, kailangan mong gawin, sa kanilang kamalian.

<sup>322</sup> Ang Israel noon ay sadyang napakamali. Sila’y maling—mali hanggang sa sila ay pabayaang ng Diyos. Nguni’t, si Moises, lagi kong pinagtatakan kung paano iyan nangyari, nguni’t ang Espiritu ni Kristo ay nakay Moises. Naunawaan n’yo?

<sup>323</sup> Kita n’yo, lahat tayo ay mali. Nanindigan Siya para sa ating lahat nang tayo ay nasa ating kamalian.

<sup>324</sup> Kahit gaano pa sila kamali, huwag natin silang ihiwalay o ilayo ang ating mga sarili sa kahit ano man. Hangga’t tayo’y nakapagwawagi ng isang kaluluwa, magpatuloy tayo na may “matalinong gaya ng serpiyente, matimtimang gaya ng kalapati,” naunawaan n’yo, at sikaping mapagwagian ang bawa’t kaluluwa na magagawa natin.

<sup>325</sup> Ngayon, ito ang sinasabi ko sa umagang ito, ay ang pag—iimbak ng Pagkain. Pag—iimbak ng Pagkain, para mayroon kayong makakain, para mayroon kayong mapagpistahan. Kunin Ito sa inyong mga teyp. Ilagay sa isang malamig na silid. Marahil, kapag ako ay nasa malayong malayo, ay maaalala n’yo pa rin na ang mga bagay na ito ay totoo. Maupo sa inyong silid at makinig. Naunawan n’yo? At ito ay Pagkain, na iniimbak, doon sa kamalig. Hindi ko alam kung saan ang biyahe. Nguni’t maging saan man ito, nalalaman Niya kung saan Siya nangunguna; hindi ko alam. Ako’y sumusunod lamang.

<sup>326</sup> Ngayon, ano ang sinabi niya rito ngayon? Makinig na mabuti.

*Sa katapustapusan, mga kapatid ko, magpalakas kayo sa Panginoon, at sa kapangyarihan ng kaniyang kalakasan.*

*...magpalakas...sa kapangyarihan ng kaniyang kalakasan.*

*Mangabihis kayo ng buong kagayakan ng Diyos, upang kayo’y magsitibay laban sa mga lalang ng diablo.*

*Sapagka’t ang ating pakikibaka ay hindi laban sa laman at dugo,...*

Bumabaril at at tumataga gamit ang mga itak, kita n’yo, hindi iyan.

*...kundi laban sa pamunuan, laban sa mga kapangyarihan, laban sa mga namamahala ng ... kadilimang ito sa sanglibutan,...*

<sup>327</sup> “Ang mga namamahala ng kadiliman.” Sino ang namamahala sa sanglibutan? Ang Diablo. Totoo. Sino ang nagpapatakbo ng lahat ng ito, lahat nitong mga bagay na walang kabanalan na nagaganap, sa buong paligid rito, at itong mga

pamahalaang ito, at iba pa? Lahat ng ito ay ang Diablo. Sinabi ng Biblia na ito nga. Ang Diablo ang namamahala sa Estados Unidos. Ang Diablo ang namahala sa Alemanya. Ang Diablo ang namumuno sa bawa't bansa sa mundo. Papunta na ako doon, sa ilang sandali na lamang, at malalaman natin kung pinamumunuan nga niya, o hindi. Maging. . . Bawa't kaharian na lumitaw at lilitaw pa, hanggang sa itatag ng Diyos ang Kaniyang kaharian, ay pinamumunuan ng Diablo.

<sup>328</sup> Hindi ko ibig sabihing ang lahat sa loob nito ay ang Diablo, ngayon. May mga taong makadiyos sa—sa mga tanggapan ng pamahalaan.

<sup>329</sup> Mayroong isa rito sa mga susunod na gabi, dito mismo, para ipakita ang isang larawan rito kasama si Kapatid na Lalaking Arganbright, dito sa ating lugar. Siya'y diplomatiko sa halos limang iba't—ibang mga pangulo, si Kapatid na Lalaking Rowe. At siya'y isang. . . Darating siya rito, palagay ko ito'y mga ikalawang sanglinggo sa Abril. Iaanunso ito ni Kapatid na Neville. At siya'y isang kahanga—hangang lalaki.

<sup>330</sup> Sinabi niya na kaya niyang makapagsalita sa walong iba't ibang wika, palagay ko. Nguni't nang matanggap niya ang Banal na Espiritu, wala siyang wika na maipangusap sa Panginoon, kaya binigyan lamang siya ng Panginoon ng isa, sabi niya, kaya nakipag—usap siya sa Kaniya sa isang iyan. Binigyan siya ng isang bago, na hindi niya kailanman kinailangang pagsanayan. Bueno.

*. . . ukol sa espiritu ng kasamaan sa mga dakong kaitaasan.*

*Dahil dito . . .*

<sup>331</sup> Ngayon pakinggan, lahat kayong mga kawal ngayon, bago lamang natin simulan ang hanay ng pananalangin.

*. . . magsikuha kayo ng inyong . . . kayo ng (b—u—o—n—g) buong (hindi lamang bahagi nito) . . . ng buong kagayakan ng Diyos, upang kayo'y mangakatagal sa araw na masama, . . .*

Iyan ay ang araw na kinabubuhayan natin.

*. . . at kung magawa ang lahat, ay magsitibay.*

*Magsitibay . . .*

<sup>332</sup> Amen. Naunawaan n'yo iyan? Naunawaan mo, giliw? [Si Kapatid na Branham ay muling nakipag—usap sa kapatid na babae na may sakit—Pat.] Kapag nagawa mo na ang lahat ng magagawa mo, para magpakatibay, kung gayon magpakatibay. Huwag kumilos.

*Magsitibay nga kayo, na ang inyong mga baywang . . .*

<sup>333</sup> Pakinggan ito. Makinig rito, kung ano ito. "Ang inyong mga baywang." Iyan ang gitnang bahagi ninyo, rito, kita n'yo.

. . . may bigkis na katotohanan, . . .

334 Ano ang Katotohanan? Ang Salita ng Diyos. Tama iyan. “Ang Salita Mo ay Katotohanan.” Bueno.

. . . na may sakbat na baluti ng katuwiran;

335 Iyan ay, “Gawin mo kung ano ang tama.” Nasa inyo ang Salita ng Diyos, na ginagawa kung ano ang tama. “Ang baluti ng katuwiran.”

*At ang inyong mga paa ay may panyapak na paghahanda ng evangelio ng kapayapaan;*

336 Magpunta kahit saan, saan mang lugar, anumang panahon, ang mga paa na may panyapak na Evangelio: Naunawaan n’yo? At tingnan n’yo:

*Bukod dito, higit sa lahat nito, ay taglayin ninyo ang kalasag ng pananampalataya, . . .*

337 Iyan ang siyang sumasalag sa mga sibat, naunawaan n’yo, “Ang kalasag ng pananampalataya.”

*. . . na siyang ipapatay ninyo sa lahat ng nangagniningas na suligi ng masama.*

*At magsikuha rin kayo ng turbante ng kaligtasan, . . .*

338 Iyan ay ang kaluluwa . . . Ang pag—iisip—ang pag—iisip, rito sa loob, ang ulo; tinatakpan ang ulo.

*. . . at ang—at ang tabak ng Espiritu, na siyang salita ng Diyos:*

339 Papaano ninyo gagamitin ang turbante na ito, anong ginagawa nito? Ito’y isang proteksyon. Saan gawa ang turbante? Tanso. Ang tanso ay hindi man lang maaaring subhan; matigas, mas matigas kaysa bakal. Ang isang sumbrerong tanso, (ang ano?) ang kaligtasan, kaalamanan sa pagkaalam nito, “At ang kagalingan ko ay nagmumula sa Diyos. Ang kaligtasan ko ay nagmumula sa Diyos. Ang karanasan ko ay tumutugma sa Kaniyang Salita, hindi ang haka ng mga iglesia; ang Salita!” Amen. Hayan kayo. Natatakpan, na may proteksyon, ang turbante ng kaligtasan, paglaya. Isuot iyan, pagkatapos ay sumulong. O, ngayon, ngayon iyan ang dapat natin gawin. Ang hukbo ni Satanas . . .

340 Ngayon masdan ito, ngayon, tayo . . . Kailangan ko lamang magmadali, nguni’t ako—kailangan kong ipasok ito.

341 Ang hukbo ni Satanas ay nagdadala ng mga karamdaman. Iyan nga si Satanas, siya’y maninira. Si Satanas, ang buong kaharian ni Satanas, ay mga sakit, kamatayan, at kalumbayan, at mga kalituhan, at pag—aalala, lahat kay Satanas.

Ang Diyos ay Buhay, pananampalataya, kagalakan, kapayapaan, sa dako rito. Naunawaan n’yo?

342 Ngayon, iyan ang dalawang malalakas na mga puwersa na magtatagpo na ngayon mismo. Sila'y naglalaban. Sila'y naglalaban dito mismo sa gusaling ito ngayon. Naglalaban sila, araw—araw, kasama kayo, bawa't puwersa.

343 Si Satanang, ay sinusundan kayo, ang malakas, malaki, mala—hari, mala—saserdoteng si Goliath ay sinusubukang takutin kayo ng husto. Siya'y tama, nguni't ang Diyos. . .

344 Kayo'y pinagtibay, amen, sa pamamagitan ng Ebangelyo, na nakabigkis ang Salita ng Katotohanan sa inyong baywang. Luwalhati! Mangangaral, iyan nga ay kung ano ito. Ang turbante ng kaligtasan; ang kalasag ng pananampalataya; at ang Tabak, na iwinawagayway Ito sa inyong kamay! "Satanang, dumarating ako para harapin ka. Kinakatagpo mo ako sa pangalan ng siyensa. Kinakatagpo mo ako sa pangalan ng—ng kultura. Kinakatagpo mo ako sa pangalan ng organisasyon. Kinakatagpo mo ako sa pangalan *nito*, *niyan*, o ng *iba*. Subali't kinakatagpo kita sa Pangalan ng Panginoong Diyos ng Israel. Pumapariyan ako sa iyo. Umalis ka diyan!" Maging ang kamatayan mismo ay hindi makakapanindigan doon. Tumaga ng butas patagos dito. Iya'y tama.

345 Ang hukbo ni Satanang ay nagdadala ng mga karamdaman, at ang hukbo ng Diyos ay napag—utusang palayasin sila. Amen. Hayan kayo. Sa tuwing si Satanang ay ibabato ang anumang, sa inyo, ang hukbo ng Diyos ay palalayasin siya. Amen. Palayasin!

346 Iyan ang mismong pamamaraan na ginamit ng Diyos. Ginamit ni Satanang ang hukbo ng pagkasira, upang di—sampalatayanan ang Salita ng Diyos, at magtatag siya ng isang kaharian na mas maganda kaysa mayroon si Miguel, at pinalayas siya ng Diyos.

347 Ang kaparaanan ng Diyos, ay, palayasin ang masama. Itakwil ang pangangatwiran. Itakwil ang pamahiin. Itakwil ang pag—aalala. Itakwil ang mga sakit. Itakwil ang kasalanan. Amen. Kayo'y nasa itaas nito, binuhay na mag—uli kay Kristo Hesus, na nauupo sa Makalangit na mga dako, na ang bawa't diablo ay nasa ilalim ng inyong mga paa. Kung simulan niyang iangat ang kaniyang ulo doon, ano. . .

348 Alam n'yo, kayo'y patay na. Ang buhay n'yo ay nakatago. Ano ba ang *patay*? Kayo'y patay na sa inyong mga pandama. Kayo ay patay na sa inyong budhi. Ang sarili n'yong makataong kalooban ay magsasabing, "Oo, palagay ko ako'y. . ." Patay na sa inyong pangangatwiran. Patay na sa lahat ng mga bagay na iyan. At kayo ay nailibing na sa Pangalan ni Hesus Kristo; at nabuhay na muling kalakip Niya. At saan man Siya naroroon, naroon din kayo.

349 Anong nangyari nang sila, isa sa kanila na mga mapag—alinlangan, ay makapasok sa Langit? Sinipa siya ng Diyos palabas. At ano ang sinabi Niya sa mga kawal na nabuhay na

mag—uli kay Kristo? “Kapag may lumapit na diablo, sipain siya palabas. Palayasin siya.” Nang turuan ni Hesus ang Kaniyang hukbo, at isinugo sila hanggang sa mga dulo ng sanglibutan, “Humayo kayo sa buong sanglibutan, ipangaral ang Ebangelyo sa lahat na nilalang. Ang sumasampalataya at mabautismuhan ay maliligtas; ang hindi sumampalataya ay maparurusahan. At ang mga tandang ito ay magsisilakip sa mga magsisisampalataya, mga kawal Ko. Sa Aking Pangalan ay mangagpapalayas sila ng mga diablo; magsasalita ng mga bagong wika; magsisihawak ng mga ahas, o iinom ng bagay na nakakamatay, ay hindi makakasama sa kanila; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa may karamdaman, sila’y gagaling.”

Sulong, mga Kristiyanong kawal!  
Na nagmamartsa tungo sa digmaan,  
Na dala ang krus ni Hesus  
Na nangunguna.

<sup>350</sup> “Ako’y napako sa krus na kasama Niya, gayon ma’y ako’y nabubuhay; hindi ako ang nabubuhay, kundi Siya ang nabubuhay sa akin.” Ang Salita ay patuloy, sa unahan, ang Diyos lumulusob, hawak ang Kaniyang matalas na dalawang—talim na Tabak.

<sup>351</sup> Kung gayon, hindi katakataka, nang si Grant ay sakupin ang Richmond, at ang munting babaing taga—timog na iyan ay makita si Grant na dumarating, ang inspirasyon ay dumapo sa kanya. At sinabi niya:

Nakita ng mga mata ko ang kaluwalhatian ng pagdating ng Panginoon;

Kanyang niyuyurakan ang pisaan kung saan ang ubas ng matinding galit ay nakaimbak;

Pinakawalan Niya ang nakatalagang kidlat sa pamamagitan ng nakakakilabot Niyang tabak;

Ang Kaniyang mga kawal ay sumusulong na.

<sup>352</sup> Amen. Papaano sinakop ni Grant ang Richmond? Sa pagpunta lamang niya rito. Amen. Ganyan niya sinakop ang Richmond.

<sup>353</sup> Ganyan sinasakop ng mga kawal ng Diyos ang kasalanan, sakit; sa kanilang paglapit lamang dito. Amen. Ganyang paraan nila napagtatagumpayan ang kanilang mga pag—aalinlangan, at mga takot, at mga bagay—bagay. Kapag nagbangon ang isa, kanila siyang tinataga. “Umalis sa daanan!” Oh, naku! Iyan nga. Pinalalayas sila ng Diyos, katulad ng ginawa Niya doon sa Langit. Ang ating dakilang Punong Kapitan ay ipinakita sa atin kung papaano ito ginawa. Amen.

354 Sina Roy Roberson at Lalaking Kapatid na Funk, marami sa inyong mga matatandang beterano rito, alam ninyo kung ano ang tunay na kapitan.

355 Minsan ako ay . . . ang munting kagawaran ng pamatay—sunog na ito rito ng Jeffersonville. Ang lugar ng Pfau's ay nasunog. At narito ang kagawaran ng pamatay—sunog ng Jeffersonville na naroon, at ang kapitan naglalakad palibot, sabi, “Magbuga ng kaunting tubig *dito*.” “Sp—sp—sp—sp,” tulad ng maliit na hose dito. Narito dumating ang Clarksville, “Magbuga ng kaunting tubig sa banda *rito*.” “Sp—sp—sp.” Nasunog ang gusali ng Pfau.

356 Tinawagan nila ang Louisville. Narito dumating ang mga lalaking naisanay. O, gaano silang mga sirena na umalingawngaw doon!

357 At narito ang mga punong kapitan dito, ng mga kagawaran ng pamatay—sunog na ito, sinabi, “Magbuga ng kaunting tubig sa itaas *dito*. Magbuga ng kaunting tubig sa ibaba *dito*.” Mga lalaking hindi sinanay.

358 Kapatid, paghinto na paghinto ng makinang iyon, sino ang nasa ulunan ng hagdan? Ang kapitan. Nang tumaas ang hagdan na iyon, kasama siya nitong tumaas. Nang binasag niya ng bintana, hindi pa siya nakaabot sa may bintana. Kinuha niya ang kaniyang palakol at ibinato sa bintana, at sinabi, “Tara, mga bata.” At ang apoy ay napatay, sa ilang sandali. Isang kapitan!

359 Hindi isang kapitan ang, magsasabing, “Magbuga ng kaunting tubig *dito*. Subukan ng kaunti *rito*.”

360 Kundi, “Tara, mga bata!” Amen. Pinangunahan niya. Ipinakita niya kung papaano iyon isinasagawa.

361 Naisip ko, “Iyang maiging naisanay na kagawaran ng pamatay—sunog, napatay nila ang apoy sa ilang sandali.” Bakit? Mayroon silang kapitan doon na nalalaman ang kaniyang ginagawa.

362 Kapatid, mangusap ka tungkol sa lahat ng teolohiya na gusto mo. Ang iyong mga denominasyong gawa ng tao, ang iyong mga organisasyon, makipaglaro ka riyan.

Mayroon akong Punong Kapitan na nagsabi sa akin kung paano ito isinasagawa.

Sasabihing, “Bueno, kung maaamoy ko ito, maramdaman ito.” Oh, walang kabuluhan!

363 *Ganito* ang paraan na sinabi ng Punong Kapitan na ito'y isinasagawa, sa Lucas ang ika—4 na kabanata. Wala na akong panahon para basahin ito. Basahin ninyo, kayo mismo. Bueno. Lucas ang ika—4 na kabanata, simulan sa ika—1 talata.

364 Hindi Niya kailanman sinabing, “Ngayon sasabihin ko sa inyo. Magpunta kayo *rito* at gumawa kayo ng isang malaking

organisasyon. Magkaroon kayo ng mga presbitero, at mga dyakono, at, o kumuha ng mga kardinal, at mga obispo, at kumuha ng *ganito*.” Hindi Niya kailanman sinabi iyan.

<sup>365</sup> Nang katagpuin Siya ni Satanas, sinabi niya, “Ngayon gutom Ka na. Gawin Mong tinapay ang mga batong ito.”

Sinabi Niya, “Nasusulat. . .”

<sup>366</sup> Sinabi Niya, “*Dito* sa itaas, dadalhin Ka namin dito at may bagay na ipakikita sa Iyo.”

“Nguni’t Nasusulat. . .”

“Gagawin ko *ito*, kung gagawin Mo ito.”

“Nasusulat. . .”

<sup>367</sup> Ganyan ang sinabi ng Punong Kapitan kung papaano ito isinagawa. Paano ito ginagawa, Kapatid? “Nasusulat, ‘Kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa may sakit, sila’y magsisigaling.’” “Nasusulat, ‘Sa Aking Pangalan ay mangagpapalayas sila ng mga diablo.’” Amen. Ano ito? “Nasusulat!” Iyan ang utos ng Kapitan. “Ito ‘y nasusulat, ‘Sinoman ang dumirinig ng Aking mga Salita at sumasampalataya sa Kaniya na nagsugo sa Akin, ay may Buhay na Walang hanggan.’ Nasusulat! Nasusulat! Nasusulat!” Iyan ang –iyan ang mga utos. Iyan ang kawal. Iyan ang paraan. Iyan ang mga kanyon na ating pakikilusin.

<sup>368</sup> Anong ginawa niya? pumunta siya doon mismo, sa isang Goliath. Ipinakita niya ang isang. . . Paano ipinakita ni David sa isang hukbo kung paano iyon isinasagawa? Paano ipinakita ng isang David sa Israel kung paano iyon isinasagawa? Ang kahulugan ng David ay “sinisinta, tagapagligtas.” Naunawaan n’yo? Paano iyon isinagawa ni David? Sinabi niya, “Heto ang paraan na ito’y isinasagawa. Magtiwala sa Salita ng Panginoon.”

<sup>369</sup> At lumabas doon si Goliath, sinabing, “Alam mo ba? Isasabit kita sa dulo ng sibat na ito, at ipapakain kita sa mga ibon.”

<sup>370</sup> Sabi niya, “Kinakatagpo mo ako bilang isang organisasyon. Kinakatagpo mo ako bilang isang makabagong siyentipiko. Kinakatagpo mo ako na dala ang iyong napakalaking labing—apat na—talampakang tabak. Kinakatagpo mo ako na may suot na turbanteng tanso, at may isang kalasag na ni hindi ko kayang iangat sa lupa. Kinakatagpo mo ako bilang isang sinanay na mandirigma. Kinakatagpo mo ako na may Ph.D, at L.L.D. at dobleng L.D. Kinakatagpo mo ako sa lahat ng mga bagay na ito. Nguni’t naparito ako sa Pangalan ng Panginoong Diyos ng Israel, at sa araw na ito pupugutin ko ang iyong ulo mula sa iyong mga balikat.” Amen. Ang napakaliit na kulugo na iyan pumupunta doon laban sa higanteng iyan, subali’t nalalaman niya kung saan siya nakatayo.

Ang Israel, ay nanginginig lamang doon, “O, munting kawawang tao.”

Sinabi ni Goliath, “Ipakikita ko sa iyo kung sino ang gagawin ko.” At heto siya dumarating.

<sup>371</sup> Mayroon siyang p—a—n—a—n—a—m—p—a—l—a—t—a—y—a, kita n’yo, k—a—y H—e—s—u—s, limang bato, limang maliit na bato. Isang maliit na bato doon, para pasimulan ito. Ipinapaikot ito tulad niyan, tinanganan ng Espiritu Santo ang bato, at pinakawalan ito. Bumagsak sa lupa si Goliath, Ganyan isinagawa iyon.

<sup>372</sup> Ganyan ang paraan na sinabi ni Hesus, anong sabi Niya. “Ngayon, kung kayong mga kapatid na paroroon sa larangan, kung gusto ninyong malaman kung paano madadaig ang mga diablóng ito, ipakikita Ko sa inyo kung paano ito isinasagawa.”

<sup>373</sup> Sinabi ni Satanas, “Katatagpuin kita.” Si Goliath, “Ipakikita ko sa Iyo kung ano ang magagawa ko. Nagugutom Ka. Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, hinahamon Kita. Sinasabi Mong Anak Ka ng Diyos. Hinahamon Kita. Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, gawin Mong tinapay ang batang ito. Kumain Ka; nagugutom Ka. At kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, may kapangyarihan Kang gawin ito.”

<sup>374</sup> Sinabi Niya, “Nguni’t Nasusulat, ngayon, ‘Ang tao’y hindi mabubuhay sa tinapay lamang.’” O, sa gayong paraan iyon ginawa ng Punong Kapitan.

Dinala Siya sa itaas ng taluktok ng templo. Sabi niya, “Kung ihuhulog Mo ang Iyong sarili,” sabi, “Alam mo Nasusulat din. . .”

<sup>375</sup> Sabi niya, “Oo.” Sabi, “Nasusulat, muli, ‘Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Diyos.’” Nakita n’yo kung ano ang itinawag Niya sa Kaniyang sarili? “Ang Panginoon mong Diyos.” Uh—huh. “‘Huwag mong tutuksuhin ang Panginoon mong Diyos,’ Nasusulat, muli, tulad niyan.” Naunawaan n’yo? Oh, naku!

<sup>376</sup> Anong ginawa Niya? Dinaig Niya siya, sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Ang taktika ng Diablo ay dalhin kayo sa di—pagsampalataya sa Salita ng Diyos. At sinabi ng Punong Kapitan, “Panghawakan ang Salita ng Diyos at gawin Ito. Sa aking Pangalan ay magpapalayas sila ng mga diablo.”

<sup>377</sup> O, si Satanas, ang kanilang punong kapitan, o, oo, alam n’yo, ilan sa mga denominasyon na ito ay nagsisikap na papaniwalain kayong siya’y may nagsangang paa, alam n’yo, at isang biyak na buntot, at lahat na iyan. Huwag n’yong paniwalaan iyan. Hindi siya ganyan. Hindi, po, kapatid. Siya’y isang tusong mandaraya. Huwag ninyong paniniwalaan na mayroon siya niyan. Ginagawa lamang nila iyan para takutin kayo paalis. Hindi iyan ang Diablo. Ang Diablo ay walang hating paa, sa una; pinag—



aalinlanganan ko iyan ng husto. Siya'y isang espiritu lamang. Ang Diablo ay isang espiritu. Wala siyang nagsangang paa at bagay—bagay, na tulad ng sinusubok n'yong ilarawan siya. Hindi, hindi.

<sup>378</sup> Nguni't, siya'y matalino. Kapatid, siya'y totoong matalinong lalaki, totoong edukado, dati pa, sa makasanglibutang karunungan. O, oo. Siya'y maganda. Itinatag ang kaniyang hukbo sa makasanglibutang karunungan, hanggang, kapatid, huwag mong subukan na—subukan na mangusap sa iyong mga salita. Kailangang alam mo kung ano ang sinasabi mo kapag nakatagpo mo ang isa sa mga taong ito, na nagsasabing, "Ang mga araw ng mga himala ay lipas na." Hindi, wala siyang—wala siyang hating paa. Siya'y, o, siya'y—siya'y—siya'y galing mismo sa seminaryo. Siya'y naturuang husto, kapatid. Ibig kong sabihin, siya'y matalino, Ph.D., L.L.D., Q.U.S.T., at lahat ng iba pa nito. Naunawaan n'yo? Lahat na nandoon, siya talagang matalino. Marunong, totoo, siya ay isang serpiyente, pinakatuso sa kanilang lahat. Pinakintab ang kaniyang buhok, kapatid, at, ibig kong sabihin, magara ang bihis, at walang isa mang lukot sa amerikana. Marunong, sadyang matalino at tuso. Iya'y tama.

<sup>379</sup> Huwag mo siyang susubuk—subukan maliban na alam mo kung ano ang sinasabi mo. Totoo 'yan. O, subali't nalalaman natin ang kaniyang dating—kaniyang dating mga taktika. Nalalaman natin kung ano ang sinisikap niyang gawin: ang tayo'y dalhin sa di—pagsampalataya sa Salita ng Diyos.

<sup>380</sup> At wala siyang nagsangang mga paa. Hindi, hindi, hindi. Ngayon, nasumpungan natin na kung wala siyang nagsangang mga paa, kung gayon siya ay iba pa. Siya'y isang napakatuso. Siya'y may karunungan, edukado, organisado. Kapatid, gayon ang kaniyang hukbo.

<sup>381</sup> Tingnan, isang panahon, doon sa Switzerland. Sadyang wala akong makitang lugar na mapaghihintuan, mga kasama. Mayroong isang—isang...Doon sa Switzerland, dumating itong hukbong Aleman, nagmar—...na ang mga dayuhan ay dumarating. Aba, ito'y parang isang pader na laryo; bawa't lalaki ay sinamay, bawa't sibat naaayos ng *ganito*, walo o sampung talampakan sa harapan. At kanilang inakyat ang mga kawawang munting mga Swiss doon, anong mayroon sila? Sila'y nasasandatahan ng—ng mga karit na may matalas na talim, batuta at mga bato, at doon nanindigan sila. Kanila silang itutulak. Doon mismo sa burol ay ang kanilang mga tahanan. Narito ang hukbo ng Swiss ay lumabas para harapin sila. Wala silang ginawang anumang sa kanila. Dumating lamang sila at aagawin ang kanilang lupain.

<sup>382</sup> Anong nagawa ng batang ito, isa lamang paslit? Si Satanas, iyan nga siya, babawian niya siya ng buhay kung magagawa niya. Tiyak. Hayan siya; ng wala pa sa panahon. Kita n'yo?

<sup>383</sup> Walang ginawang anuman ang mga Swiss. Mababait silang mga tao. Sinisikap nilang ipagtaggol ang kanilang mga tahanan, nguni't lumabas sila doon para magtaggol. Pagkalipas ng sandali, mayroong isa na nagngangalang Arnold von Winkelried. Narito dumarating ang hukbong ito. Sila ay napapalibutan ng husto. Sinabing, "Ano bang magagawa natin?"

<sup>384</sup> Sa lahat ng dako, dagat—dagat na mga kalalakihan, sinanay na maigi. Ganyan ang paraang ito'y ginagawa ni Satanas. Sinanay na maigi, ang kaniyang sibat na nakatutok, bawa't lalaki humahakbang; isa, dalawa; isa, dalawa; sumusugod lamang sa maliit na hukbong ito. Lamang—patuloy lamang na lumalakad, iyan lang ang kailangan nilang gawin, At tusukin lamang sila, bawa't isa, ng mga tabak. Patuloy na tumatagos ang mga sibat sa kanila. Iyon na maaring tatapos sa mga hukbong Swiss. Iyon na maari ang lahat. Doon mismo sa may ibayo ng burol ay ang kanilang mga tahanan at mga minamahal. Ang mga kababaihan nila marahil ay inagaw at ginahasa, at ang kanilang mga kabataang anak na babae, at mga anak ay pinatay, at mga tahanan ay sinunog, at lahat, kinuha ang mga pagkain, mga bakahan at gamit, ay wala na. Hayun sila.

<sup>385</sup> Anong nangyari? Ang inspirasyon ay dumapo sa isa na nangngangalang Arnold von Winkelried. Sinabi niya, "Mga kalalakihan ng Switzerland, sa araw na ito ay mamamatay ako para sa Switzerland." Amen. "Sa araw na ito ako ay mamamatay para sa Switzerland."

Sinabi nila, "Anong gagawin mo?"

<sup>386</sup> Sabi niya, "Sumunod lamang kayo sa akin at makipaglaban ng buo ninyong makakaya." Nagtindig siya doon; inihagis ang kaniyang sibat, isang maliit na batuta na hawak sa kaniyang kamay, tulad *niyan*. At sumigaw siya, na nakataas ang kaniyang mga kamay, tulad *niyan*, at tumakbo papunta diyan, humihyaw, "Magbigay daan para sa kalayaan!" Tumakbo ng sinbilis ng kaniyang makakaya, paroon mismo sa mga hukbo. At, nang gawin niya, hinawakan niya ang bawa't isa sa mga sibat na mahahawakan niya, at ginamit na panangga ang kaniyang dibdib mismo tulad *niyan*, at namatay.

<sup>387</sup> Sinabi niya sa kanila, 'bago siya umalis. Sabi, "Naroon ang isang maliit na tahanan doon, isang may—bahay at isang sanggol, na aking iiwan, isang maliit na tahanan na kabibili ko pa lamang." At sabi, "Aking—mahal ko sila, nguni't, sa araw na ito, ay mamamatay ako para sa Switzerland. Ibinigay niya ang aking..." Sinabi niya, "Ibinigay ko ang aking buhay upang iligtas ang bansa." At iyan ay isang bayani. Hindi na sila nagkaroon pa digmaan mula noon. Iyan, iyan ang tumapos dito.

<sup>388</sup> Pinuksa niyan ang hukbong iyon, sa kabayanihang iyon na naipakita, hanggang sa wala ng... Ang—ang hukbo ay

nataranta. Ang mga Swiss ay nagpagulong ng mga bato sa kanila, at itinaboy sila paalis ng bansa; at hindi na kailanman nagbalik pa mula noon. Iyan ay daan—daang taon na ang nakararaan. Kita n'yo? Bakit? Iyon ay isang dakilang gawa.

<sup>389</sup> Nguni't, o, kapatid, isang araw, nang ang walang kamalayan, mga pamahin, pag—aalinlangan, mga kalituhan, at mga pagkatakot, ay itinulak ang mga tao ng Diyos sa isang sulok. May Isang nagngangalang Hesus Kristo, "Sa araw na ito ay mamamatay Ako para sa mga tao." Iya'y tama.

<sup>390</sup> Anong sinabi niya sa kaniyang hukbo? "Sumunod kayo sa akin at makipaglaban ng buo ninyong makakaya. Kung may dala kayong garote, makipaglaban na dala ang garote. Huwag matakot. May dala kayong batuta, makipaglabang dala ang batuta. May dala kayong bato, makipaglabang dala ang bato, anumang mayroon kayo."

<sup>391</sup> Iyan ang sinasabi sa atin ng ating Punong Kapitan ngayon. "Pinanghawakan Ko ang Salita ng Diyos, at dinaig Ko ang Diablo at ang kaniyang kapangyarihan." Sinibak Niya siya nang pira—piraso, amen, sa Salitang iyan. Ngayon, anumang mayroon kayo, kung mayroon lamang kayong dalang isang Salita, "Ang Panginoon mong Diyos na nagpapagaling sa iyo," tagain siya. Sumunod. Amen. Sundan ang ating Kapitan. Opo, ginoo. Tinaga Niya siya.

<sup>392</sup> Si Satanas, sa kaniyang malaki, magagandang mga kaharian, at higit na kagandahan, at lahat, lahat ay nahapanahon. Walang anumang kinalaman sa atin. Iya'y tama. Siya pa rin ang pinaka—tuso sa lahat ng mga hayop sa parang. Opo, ginoo. Sinabi ni Hesus na ang mga anak ng sanglibutang ito ay higit na mas matalino kaysa sa mga anak ng Kaharian ng Diyos.

<sup>393</sup> Ngayon, itong dalawang matinding alitang ito. Tayo ay . . . Kailangan akong . . . kailangang magtapos. Itong dalawang matinding alitang ito ay nagtatagpo ngayon mismo. Ngayon mismo ang oras na ang karamdaman at mga bagay ay humampas sa sanglibutan, hanggang sa ang siyensya medikal ay walang magawa, at lahat ay walang magawa. Walang bagay na, at—at atin lamang . . . at ang hukbo, ang maliit na hukbo ng Diyos, ay itinutulak doon sa sulok at lahat. Kapatid, panahon na para sa panibagong Arnold von Winkelried. Panahon na, panahon na para sa isa pang tao ng Diyos upang magtindig. Panahon na para sa isang Elias para lumantad. Panahon na para sa isang bagay upang maganap.

<sup>394</sup> Ang hukbo ng Diyos, isara ang inyong pag—iisip. Huwag huminto panandali, para pag—isipan ang anumang bagay na iniaalok sa inyo ng Diablo sa pamamagitan ng inyong mga pandama. Nguni't tandaan, na ang Salita ng Diyos ay hindi kailanman mabibigo.

<sup>395</sup> Ang dalawang dakilang mga hukbo na ito! Kapag dumating ang kaaway na gaya ng baha, na gaya ng dumarating ngayon, anong sinabi ng Diyos na gagawin Niya? “Ang Espiritu ng Panginoon ay magbabangon ng isang katapat laban nito.” Kayo ba’y isa sa kanila? Opo, ginoo.

<sup>396</sup> Tinuruan tayo doon sa Santiago 4:7...Wala na akong panahon para basahin ito. Santiago 4:7, na, “Salangsangin ang Diablo, at,” hindi lamang siya lalakad paalis, kundi, “tatakas siya.” “Salangsangin ang Diablo.” Paano ninyo sasalangsangin ang Diablo? Sa paraan din na sinabi sa atin ng ating Punong Kapitan na gawin ito. Panghawakan ang Salita ng Diyos. Ganiyan ninyo masasalangsang ang Diablo, ay sa pamamagitan ng Salita ng Diyos. Ang Punong Kapitan ay nagsabi sa atin kung paano ito isinasagawa. Bueno.

<sup>397</sup> Ngayon, sa pagtatapos, gusto kong sabihin ito. Ang matandang Diablo na iyan, ngayon, inaakala ninyo na siya’y pangahas. Inaakala ba ninyo na sasalakayin niya ang isang bata? Sasalakayin niya kahit ano. Sinalakay niya si Hesus Kristo. Lumapit siya sa Kaniya, sa pamamagitan ng tatlong mabangis na pagsalakay. Alam n’yo ba iyan? Si Satanas ay hindi lamang sumalakay ng minsan. Sasalakayin niya kayo sa isang sakit, pagkatapos narito babalik siya at sasalakayin kayo, sasabihin sa inyo, “Ang mga araw ng himala ay lipas na. Hindi ka gumaling. Wala iyan.” Alam n’yo bang iya’y tama?

<sup>398</sup> Sinalakay niya si Hesus ng tatlong beses. Tatlong mababangis na pagsalakay, dumaluhong siya kay Hesus, dala ang kaniyang di—pagsampalataya sa Salita ng Diyos. Si Hesus ay ang Salita. Totoo, na hindi niya pinaniniwalaan ito. “Kung Ikaw nga... Kung Ikaw nga...” Heto na siya, mababangis na mga pagsalakay, tulad kung minsan ang kaaway ngayon. Heto sila, sinasabing, “Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, magpakita Ka sa akin ng isang himala. Hayaan mong makita ko itong magawa.” Kapatid, tatlong mababangis na mga pagsalakay siya’y dumarating, “Kung Ikaw... Kung Ikaw nga...”

<sup>399</sup> Ngayon, anong ginawa ni Hesus? Si Hesus ay ang Salita ng Diyos. Siya ang Salita. Sinalakay niya ang Salita. Luwalhati! Ako—ako lamang ay nagiging...maganda lamang ang pakiramdam, para mangaral ngayon, tapat nga ako. Iya’y tama. Si Hesus ang Salita. “Sa pasimula ay ang Salita, at ang Salita ay sumasa Diyos, at ang Salita ay Diyos. At nanahan ang Salita, nagkatawang tao, at nanahan...” Si Hesus ang Salita. Anong ginawa Niya? Pinagputol—putol Niya siya. O, naku! Titigil na ako. Anong ginawa ni Hesus? Siya ang Salita. Kaya, taglay ang Salita, tinaga Niya si Satanas sa kaniyang mabangis na pagsalakay. Lumipad siya doon na tulad ng isang pangkat ng para—, mga storm—trooper, o ibang bagay na tulad niyan, lumipad patungo kay Hesus, ang Salita, tulad niyan. At kinuha ni Hesus ang Salitang iyan, at hiniwa siya ng pira—

piraso. Aleluya! Totoo, hiniwa siya ng pira—piraso, dinaig siya sa pamamagitan ng Salita.

<sup>400</sup> Nakita n'yo ang kaniyang pagsalakay? Tingnan, makinig na maigi, sa pagtatapos na ito. Ang pagsalakay niya ay ano? Di—pagsampalataya sa Salita ng Diyos, iyan ang pagsalakay niya. Doon, nakikita ba ninyo ang pinakadakilang labanan na naganap kailanman? Mayroon lamang dadalawang puwersa; si Satanas at ang Diyos. At ano ang sandata ni Satanas laban sa inyo? Ay ang sikaping dalhin kayo sa di—pagsampalataya sa inyong Sandata. Inaalis niya ang inyong sandata. Tayo'y—makinig tayong matahimik ngayon. Makinig. Kung magawa niya na kayo'y hindi sampalatayanang inyong Sandata ay katapat, kung magawa niyang mapaniwala kayo na ang inyong Sandata ay hindi lubos na malakas, nadis—armahan niya na kayo.

<sup>401</sup> O, Kapatid na Neville, umaasa akong hindi natin iiwan iyan. [Nagsabi si Kapatid na Neville na, “Umaasa ako at dumadalangin na hindi.”—Pat.]

<sup>402</sup> Tingnan. Nadis—armahan niya kayo kapag nagawa niya kayong di—sampalatayanang ang Sandatang iyan. Kapag ibinaba n'yo Iyan, iyan ang tumapos sa inyong pakikipaglaban. Natalo na kayo. Panghawakan ang Sandatang iyan. Huwag ninyong ibaba Ito. Nakikita natin ang kaniyang di—pagsampalataya. Hayaang. . .

Isa pang bagay na gusto kong sabihin ngayon, sandali.

<sup>403</sup> Ang Rusya. Gusto kong sabihin ito alang—alang sa mga beterano, at iba pa, rito, at kayo na mga mag—aaral ng Biblia. Ano ba ang inyong pinagbabahala at dinadaeng tungkol sa Rusya? Huh! Hindi ninyo ako naririnig na nagsasabi sa inyo na magtayo ng taguan sa bomba, narinig ba ninyo? Ano ba ang inyong pinagbabahala tungkol sa Rusya? Ang Rusya ay walang anuman. Hindi sila magwawagi sa anumang digmaan. Hindi nila masasakop ang sanglibutan. Hindi masasakop ng Komunismo ang sanglibutan. Anong nangyayari sa mga tao? Magkakamali ba ang Salita ng Diyos?

<sup>404</sup> Makinig, ito'y naka—teyp ngayon. Sa sanglibutan, mangungusap ako, o saan mang dako mapunta ang mga teyp na ito. At sa inyong mga tao rito, kahit pa anuman ang mangyari sa akin, paniwalaan ninyo ito.

<sup>405</sup> Ang Rusya, komunismo, ay hindi makasasakop ng anuman. Hindi magkakamali ang Salita ng Diyos. Ang Romanismo ang sasakop sa sanglibutan.

<sup>406</sup> Kunin natin ang pangitain ni Daniel. Iyan ay ang Salita ng Diyos. “Ikaw, Oh Daniel. . .” “Ikaw, Oh Haring Nabucodonosor, ay itong ulo na ginto,” ang Babilonia. “Iba pang kaharian ay papalit sa iyo, na siyang pilak,” naunawaan n'yo, na siyang Medes—o—Persia. Ang isa pa ay Gresya, si Alexander the Great.

Sumunod, ay dumating, ang Roma. At walang sinabi doon tungkol sa komunismo. Sinakop ng Roma ang sanglibutan.

407 Ipinanganak si Hesus Kristo sa kaharian ng Roma, at inusig, ang una Niyang pagparito, sa pamamagitan ng kaharian ng Roma. At sa ikalawa Niyang Pagparito, Dumarating na ngayon, ang Kaniyang Mensahe ay tinuligsa ng mga denominasyong Romano, na siyang ina nilang lahat. At kapag siya ay bumalik, Siya ay darating para wasakin ang kahariang Romano na iyan, na siyang matagal nang hinihintay ng mga Hudyo na Siya'y pumarito at wasakin ang kahariang Romano.

408 Ang herarkiyang Katoliko kasama ang lahat ng mga denominasyon sa mundo, ngayon mismo ay nagsasama—sama bilang isang organisasyon, ang konpederasyon ng mga iglesia pinagsasama—sama ang kanilang mga sarili. Hindi ito Rusya. Ito'y Roma. GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Oo. Pakitaan ako ng isang Kasulatan kung saan ang komunismo, o iba pa maliban sa Roma, ay mamamahala.

409 Pinalitan ba ng Medes—o—Persia si Nabucodonosor? Totoo. Pinalitan ba sila ng Gresya? Oo. Sinakop ba sila ng Roma, mula doon? Ito ba'y nahati sa sampung kapangyarihang Ottoman na gaya lamang ng mayroon tayo ngayon? Nagawa . . .

410 *Eisenhower*, na ang ibig sabihin ay “bakal.” *Khrushchev* ibig sabihin ay “putik.” Hindi ba't nagkaroon sila ng kanilang pagpupulong dito mismo? At inalis ni Khrushchev ang kaniyang sapatos. [Si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito—Pat.] Para gawin itong isang malinaw, hayag na bagay, pinukpok ang mesa, tulad *niyan*, para ipakita sa mga tao. [si Kapatid na Branham ay kumatok sa pulpito.]

411 Bueno, anong nangyayari sa mga tao ngayon? Saan napunta ang pananampalataya? Bakit, hindi ba ninyo pinaniniwalaan na ang Salita ng Diyos ay ang Katotohanan? [Ang kongregasyon ay nagsabing, “Amen.”—Pat.] At ang bagay na iyan ay wala *Rito*. Anong nangyayari sa mga mangangaral ngayon? “Komunismo!” Bawa't mangangaral ay narito sinisikap labanan ang komunismo. Komunismo, walang halaga!

412 Ang bagay, Ang Diablo ay inihahabi ito mismo sa inyong harapan, at hindi ito nalalaman; ito'y Romanismo, denominasyonalismo. At ang Roma ay siyang ina ng mga denominasyon. Sinabi ng Biblia na, “Siya ay isang patutot, at ang kaniyang mga anak na babae ay mga patutot,” laban sa Diyos, laban sa Kaniyang Salita.

413 Mga kawal, kunin ang Salita. Mga anghel ng kaawaan, manatili sa Salitang iyan. Mawawala ako isang araw, nguni't ang Salitang ito ay hindi mawawala. At kayong mga kabataan, kung hindi ito mangyayari sa aking henerasyon, makikita ninyo. Hayun ang bagay na iyan.

414 Narinig ba ninyo ang balita kaninang umaga? Si Gng. Kennedy ay aalis, makikipagkita sa papa, at kung ano ang sinabi ng papa. Makita, ang lahat ng mga relihiyon sa sanglibutan! O! Bueno, siguro may malalaman pa tayo tungkol diyan, sa susunod na Linggo.

415 Kita n'yo, huwag kayong mag—alala tungkol sa Russia. Ang Russia ay isang maliit na bato sa dalampasigan. Huwag kayong mag—alala tungkol sa komunismo. Bantayan ninyo ang Romanismo kapag ito'y nakikipagka—isa sa mga iglesia. Walang anumang nakasulat sa Kasulatan tungkol sa ang komunismo ay mamumuno sa sanglibutan.

416 At ako ay sasang—ayon sa Salita, maging ano pa man ang mangyari. Ang Salita ang siyang sinasampalatayanan ko. Ang Romanismo ang siyang sasakop sa sanglibutan. At Romanismo ang siyang ina ng organisasyon. Wala kailanman isa mang organisasyon hanggang sa dumating ang Roma, at bawa't isa sa kanila ay nagmula dito. At sinabi ng Biblia ang gayon, "Siya ang ina ng mga patutot." Maaari akong manatiling mangusap ng kalahating araw tungkol diyan, uli, pero palagay ko ay mas mabuting magpatuloy ako.

417 Kapag sinalakay tayo ng kaaway, kung gayon, "O, sasabihin ko sa inyo, dapat kayong umanib sa aming . . ." Ano ang gagawin ninyo, umurong, makipagkompromiso? Hindi sa isang tunay na kawal, hindi niya gagawin. Hindi, po.

418 Anong gagawin natin kung gayon? Ang pag—iisip, "Ang pag—iisip na nakay Kristo . . ." Iyan ay ang sinabi ng Biblia? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, "Amen."—Pat.] "Ang pag—iisip na nakay Kristo, ay mapasa inyo." Anong uri ng pag—iisip mayroon Siya? Manatili sa Salita. Tama 'yan. Manatili sa Salita, ang Salita ng Ama, at dinaig ang kaaway palagi. Ngayon kapag sumalakay ang kaaway at magsasabing dapat mong gawin *ito* at gawin *iyang*, anong gagawin mo? Manatili sa Salita. Iya'y tama.

419 Anong gusto mong gawin kung gayon? Panghawakan ang Salita. Ano ang Salita? Sinabi ng Biblia rito. Kababasa lamang natin. Sapagka't ang Espiritu, at ng Diyos, ay siyang Salita. Kita n'yo? Tingnan dito. "At isuot ang turbante ng kaligtasan, at ang Tabak, ang Tabak ng Espiritu." Ang Tabak ng Espiritu! Ano? Ang Espiritu na pumapasok sa pamamagitan ng inyong pag—iisip at papasok sa inyo, at ang Tabak ng Espiritung iyan ay ang Salita ng Diyos.

420 Ano ang gamit ng Espiritung iyan sa pakkikipaglaban? Ano ang gamit ng Banal na Espiritu sa pakikipaglaban, sensasyon, pakiramdam? [Ang kongregasyon ay nagsabing, "Ang Salita."—Pat.] Ang Salita; puso! Whew! Luwalhati! Ano ang gamit Nito sa pakikipaglaban, pakiramdam? Salita! Salita! Sabihin natin ito, Salita! ["Salita!"] Salita! ["Salita!"] Ang Salita ng Diyos ang gamit ng Espiritu sa pakkikipaglaban.

421 Ang Espiritu ng Diyos ay lumapit mismo sa Diablo, at nagsabing, “Nasusulat!” Amen! “Nasusulat!” At ang Diablo ay lalayas.

422 Anong gagawin natin? Panghawakan ang Tabak, na siyang Salita ng Diyos, hatakin Ito sa pamamagitan ng (ano?) kamay ng pananampalataya, malakas na kamay ng pananampalataya, ang Tabak na dalawang talim. Sinabi ng Biblia, sa Hebreo 4, “Ito’y—Ito’y isang Tabak na dalawa ang talim,” hinihiwa pareho ang dumarating at umaalis.

423 Kapatid, anong ginagawa niya? Panghawakan ang Salita. Panghawakan ang Espiritu, hayaan ang Espiritu na pumasok sa inyong puso. Buksan ang inyong pag—iisip, sabihing, “Ang Salita Mo ay totoo.” Ngayon, gawin mo ito, kapatid. [Si Kapatid na Branham ay muling nakipag—usap sa kapatid na babae na may sakit—Pat.] “Ang Salita Mo ay totoo.”

424 “Panginoon, hindi ko papansinin kung ano ang pakiramdam ko, ano ang sabihin ng iba, sabihin ng sarili ko. Aking sinasarhan, aking ibinubawal ang bawa’t isa sa aking mga lagusan, lahat ng mga kalituhan, at mga pag—aalinlangan, at mga di—pagsampalataya na taglay ko. Bawa’t pakiramdam na mayroon ako, lahat ng karamdamang taglay ko, lahat ng iba pang taglay ko, tinataboy ko silang lahat. Nilalampasan ko lahat iyan. Dumidiretso ako mismo doon sa aking espiritu. O Panginoon, bumaba Ka. Sinabi Mo na ginawa Mo akong isang malayang nilalang.”

“Ikaw nga, anak Ko.”

425 “Oo, aking binubuksan ang aking puso at aking pag—iisip. Pumasok Ka, Panginoong Hesus.”

426 At hawakan ang Pananampalataya, iyang Tabak ng Espiritu, GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Isigaw ang, “Aleluya!” Amen. Pagkatapos ay tagain ang bawa’t kaaway sa harapan ninyo. Amen. Hayan nga. Tagain ang bawa’t kaaway. Kung ang isang—isang matandang mala—multong espiritu ay ipinaparamdam sa inyo ang lahat. . . tagain ang bagay na iyan, sa pamamagitan ng Salita ng Panginoon.

Nguni’t ang ating kalakasan, ay, “Ang kagalakan ng Panginoon ay kalakasan ko.”

427 “Lumayo ka sa akin.” Whack! Tagain mo siya sa pamamagitan ng Salita. Maging ito man ay demonyo, maging ito man ay kaaway, maging ito man ay karamdaman, maging ito man ay sakit, maging anuman ito, panghawakan ang Salitang iyan at hugutin Ito sa pamamagitan ng Tabak. At kapag itinaga mo ito sa unang pagkakataon, para bang ito’y hindi matinag, tagain uli ito, at tagain uli ito, at tagain uli ito. At tagain ito hanggang sa makahiwa kayo ng butas dito, tulad ng isang maliit na manok na sumusungaw palabas; o isang agila, kung ano kayo. Isungaw ang inyong sarili palabas sa balat na iyan ng



karamdaman. Hawiin ang inyong daan palabas, at sabihing, “Aleluya! Nasaan ang susunod na isa pa?” Amen. Iyan ang labanan. Iyan ang kawal. Iyan ang kawal ng krus. Opo, ginoo. Pabagsakin ang bawa’t kaaway.

428 Bakit? Bakit? Tayo, na isang itinalaga, maharlikang Binhi ni Abraham. Nang itinakwil ni Abraham ang lahat ng bagay na salungat sa Salita ng Diyos, hiniwa niya ang daraanan niya patagos sa bawa’t hadlang na lumagay sa harap niya. Sinabi nila, “Ang asawa mo ay napakatanda na.” Tinaga lamang niya ang bagay na iyan paalis sa daan. Sinabi ng Diablo, “Hindi mo magagawa *ito*. Hindi mo magagawa *iyang*.” Tinaga ito ni Abraham paalis sa daan. Itinaga niya ito, at tinagpas niya ito, hanggang sa mailampas ang sarili.

“Saan ang susunod, Panginoon?”

429 “Ilipat mo ang iyong tolda *dito*.” Pumaroon siya at ipinagtayo niya Siya ng isang altar doon.

430 Nagpunta siya doon, at si Satanas ay dumating, sabi, “Ngayon, sasabihin ko sa iyo, hindi ito ang tamang lugar.”

“Mananatili ako rito. Umalis ka sa aking lugar.” Sinabi niya, “Aleluya!”

431 Sinabi ni Lot, “Mas mabuting bumaba ka rito. Nagkakaroon kami ng kasiyahan *dito*. Narito lahat ng aming organisasyon *dito*. Aba, ang asawa ko ay pangulo ng pampanitikang samahan at lahat ng iba pang bagay, sa siyudad. Sinasabi ko sa iyo, dapat kang bumaba rito.”

Sinabi ni Sarah, “Abraham. . .”

432 “Tumahimik ka, Sarah.” Aleluya! “Manatili ka rito mismo. *Dito* ako inilagay ng Diyos. *Dito* mismo ako maninindigan.”

433 *Dito* ako inilagay ng Diyos.

Magalak lahat sa kapangyarihan ng Pangalan ni Hesus!

Ang mga anghel ay magpatirapa;  
Dalhin ang maharlikang diadema,  
At putungan Siya na Panginoon ng lahat.

Kay Kristo, ang Batong matatag, ay  
maninindigan ako;  
Lahat ng iba pang lugar ay gumuguhong  
buhangin,  
Lahat ng iba pang lugar ay gumuguhong  
buhangin.

434 Maging ang kamatayan mismo, lahat ng iba pa, ay gumuguhong buhangin. Kay Kristo, ang matatag na Bato, ay maninindigan ako.

435 “Ang maharlikang Binhi ni Abraham.” Ang maharlikang Binhi! Aba, ang pinaka hirang na hukbo ng Inglatera ay ang

lahing maharlika ng Inglatera, maharlikang dugo, lahat. At ang maharlikang Binhi ni Kristo ay ang Iglesiang puspos ng Banal na Espiritu, pinuspos ng Banal na Espiritu. Ano? Maharlikang Binhi, sa pamamagitan ng pangako, hindi sa sensasyon. Kundi, sa pamamagitan ng pangako ng Diyos, naninindigan sila sa Salita ng Diyos, at hinahawi ang kanilang daan, na sumisigaw, “Aleluya!”

Maging ang kamatayan ay dumarating at sinasabing, “Papalapit na Siya sa iyo.”

<sup>436</sup> Sabihing, “Tumabi ka, Jordan. Ako’y tatawid.” Hawiin ang inyong daan mismong patungo, tungo sa Lupang pangako. Amen.

<sup>437</sup> Anong mangyayari kapag natapos na lahat ang labanan? Magtatapos na ako ngayon, tiyak na. Kapag ang labanan ay natapos na, at ang mga banal nagmamartsang Pauwi, gusto kong tanungin sa inyo ang isang bagay, anong nangyari?

<sup>438</sup> Anong nangyari nang si Hitler ay dumating sa Pransya? Aba, sinabi nila na ni hindi mo makita ang himpapawid, ng sandali, sa mga eroplano. Ang lakad na gansa ng Aleman. [Si Kapatid na Branham ay naglakad—gansa sa plataporma ng dalawang beses—Pat.] Kita n’yo, sila noon ay nakatayo, dumaraan, ipinagdiriwang ang isang tagumpay.

<sup>439</sup> Nang si Stalin ay dumating sa Rusya, milya—milya sa likuran, bawa’t tanke halos nakadikit sa likuran ng isa pa, pinaulanan lamang ng bomba ang Berlin hanggang sa walang natira dito. Iyan lang. At nang sila ay magpunta, at ang mga Aleman na ito. . . Ang kawal na mga Ruso na ito ay nagdiriwang, pumasok silang dala iyan, alam n’yo, ang munting kakatuwang bagay na ginagawa nila. Nakita ko iyon sa isang larawan, minsan sa London, kung paano sila pumasok, ang mismong larawan ng bagay na iyon kung saan, ang nangyari, pagpasok, pagdiriwang. Oh, naku!

<sup>440</sup> Nang marinig nating ang digmaan ay tapos na, humiyaw tayo, hipan natin ang mga silbato. Nang magbalik ang mga bayani, sinalubong natin sila doon. Sila’y sumigaw. Sila’y humiyaw. At ako ay may pinsan na naroon, sabi, nang siya ay magbalik, lahat ng matatandang. . . Ang mga beterano na nasugatan ng husto, hindi sila makaalis sa higaan, kaya sila ay dahan—dahang ibinuhat lamang sa itaas ng barko nang sila dumating, para makita ang Estatwa ng Liberty na nakatayo. Sabi, “Silang mga malalaking lalaki na nakatayo doon, sila’y umiiyak, at nagpatirapa na tulad *niyan*, nang makita nila ang Estatwa ng Liberty.” Nalayo sa tahanan ng apat na taon, nakikipaglaban, nagka—sindak sa labanan, at lahat na. Nguni’t nalalaman nila na ang asawa na iyon, at giliw, at ina, at ama, at mga anak, at lahat ng mga minamahal nila, ay nasa likod mismo ng Estatwa ng Liberty na iyan. Ikinakatawan nito ang

kanilang ipinaglalaban. O, hinipan ang mga silbato, at ang New York nagsigawan, lahat na iyan, nang ang kanilang mga bayani ay dumating na nagmamartsa. Iyan ay isang maliit na lamang bagay.

<sup>441</sup> Minsan nang si Caesar, matapos ang isang matinding labanan, sinabi niya, “Gusto ko na ang pinakatangyong kong mandirigma ay sumakay sa tabi ko sa pagdiriwang na ito ng tagumpay laban sa ating kaaway.” At bawa’t isa sa mga pinuno ay inayos ang kanilang mga pluma at pinakintab ang kanilang mga kalasag, at dumaang nagmartsa, alam n’yo, tulad niyan, gaya—gaya ng tunay na kawal na tulad niyan. Paglipas ng sandali, ang isang maliit, matandang lalaki ay dumaan, sugatan. Naku! Siya’y parang tumingala lamang, at nagpatuloy, tulad *niyan*. Sinabi ni Caesar, “Sandali lamang. Sandali lamang. Ikaw,” ni hindi nakabihis na tulad ng isang—isang pinuno, sabi, “halika rito.” Sabi, “Saan mo nakuha ang mga pilat na iyan?”

Sinabi niya, “Doon sa larangan ng labanan.”

<sup>442</sup> Sabi, “Umakyat ka rito. Ikaw ang lalaking gusto kong maupo sa tabi ko.” Bakit? Naipakita niya na siya ay galing sa labanan.

<sup>443</sup> O Diyos, mahabag sa isang taong masusugat niya ang kaniyang kamay sa isang lata ng sardinas at makatanggap ng papuri. Gusto kong maging sugatan sa labanan. Gaya ng sinabi ni Pablo, “Taglay ko sa aking katawan ang mga sugat ni Hesus Kristo.” Iyan ang kung bakit gusto kong makipaglaban sa larangan.

<sup>444</sup> Balang araw, kapag ang ating dakilang Punong Kapitan ay dumating, Na naggayak sa atin, Na nagbigay sa atin ng kagayakan ng Diyos, ang Banal na Espiritu, ibinigay sa atin ang Kaniyang Salita upang gamitin sa pakikipaglaban, tatayo doon; kapag ang ating dakilang Punong Kapitan ay dumarating na nakasakay, gusto kong umakyat sa karwahe at sumakay Pauwi kasama Niya. Hindi ba gusto n’yo? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Pagkatapos kapag tinanganan ko sa kamay ang aking asawa, lilingon sa dakong ito at makikita ang aking mga kapatid at ang kanilang mga asawa, at ang kanilang mga anak, kapag nagsimula tayong lumakad patungo doon sa mga paraisong iyon ng Diyos, at ang mga anghel ay pinupuno ng mga awitin ang alapaap, sa itaas tulad niyan, mangusap tungkol sa pagdiriwang!

<sup>445</sup> At kapag ang labanan ay natapos na, isusuot natin ang korona. O, naku! O, mga kawal ng krus, sa umagang ito, hugutin ang kamay na iyan ng pananampalataya rito, at tanganan ang Sandatang ito.

<sup>446</sup> Ano na, kapatid, handa ka na ba? [Ang Kapatid na Branham ay muling nakipag—usap sa kapatid na babae na may sakit—Pat.] Hugutin ang Sandatang iyan, sabihing, “Diyos, wala akong pakialam kung ano—ano ang sinabi sa aking ng

Diablo, gaano pa man ang sinabi ng iba pa. Sa umagang ito, ako’y nananampalataya.” [Sinabi ng Kapatid na babae na, “nananampalataya rin ako.”] “Nananampalataya ako.”

<sup>447</sup> Gaya ng sinabi ko nong isang araw, isang maliit. . . Palagay ko mga ilang Linggo na ang nakararaan, may isang lalaki nagkaroon ng panaginip. Napanaginipan niya na ang Diablo isang napakaliit na bagay, tumakbong palapit sa kaniya. Sabi niya, “Boo!” At siya ay napaatras, at ang Diablo ay medyo lumaki. “Boo!” At napaatras siya, at mas lumaki ang Diablo. Bandang huli, ang Diablo ay lumaki na ng kasing laki niya, madadaig na siya. Nalalaman niya na kailangan niyang labanan siya ng may isang bagay, kaya tumingin siya sa palibot. Wala siyang makitang bagay na magamit para ipanglaban sa kanya. Dinampot na lamang niya ang Biblia. At sinabi ng Diablo, “Boo!” Sinagot niya, “Boo!” pabalik sa kaniya, at ang Diablo ay paliit, at lumiit pa, at lumiit pa. At, sa wakas, kaniya siyang dinaig ng husto sa pamamagitan ng Salita.

<sup>448</sup> Ikaw ay kawal, hindi ba, kapatid? [Si Kapatid na Branham ay muling nakipag—usap sa kapatid na babae na may sakit—Pat.] Panghawakan ang Salitang iyan at sabihing, “Nasusulat.” Amen. “Hindi ako mamamatay. Mabubuhay ako. Mauupo ako sa tabernakulong ito mismo at pupurihin ang Diyos sa Kaniyang kabutihan, kasama nila.”

<sup>449</sup> Pinaniniwalaan n’yo ba iyan, mga banal? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Amen.

Iyukod natin ang ating ulo.

<sup>450</sup> O Panginoong Diyos, Tagapaglikha ng kalangitan at lupa, ipaalam ngayon na Ikaw pa rin ay Diyos. Gaano man ako mangaral, gaano man karaming bagay ang sabihin ko, Panginoon, isang Salita mula sa Iyo ay siyang tatapos nito.

<sup>451</sup> Ang mga panyong ito na nakalagay rito, kumakatawan sa mga taong may sakit. Dalangin ko, Makalangit na Ama, na ang Iyong mga pagpapala at kapangyarihan ay mapasa bawa’t isa sa kanila, habang ipinapatong ko ang aking mga kamay sa kanila. Diyos, sa Pangalan ni Hesus Kristo, dalangin ko na Iyong pahiran ang mga panyo ito ng Iyong banal na Presensya, sapagka’t Nasusulat sa Salita. Ito’y hindi labag sa Salita. Kundi ito’y sinabi sa Salita, na, “Kinuha nila mula sa katawan ni Pablo, mga panyo at mga panapi. Mga maruruming espiritu ay lumabas sa mga tao, at sila ay gumaling sa iba’t ibang karamdaman.” Ngayon, hindi kami si San Pablo, nguni’t Ikaw pa rin ay Diyos, at Ikaw ang siya pa ring Banal na Espiritu. Ipinapatong ko ang aking mga kamay sa mga panyong ito, sa Pangalan ng Panginoong Hesus, at hinihiling na Iyong pagpalain at pagalingin ang bawa’t isa sa kanila.

<sup>452</sup> At, Diyos, nakahiga rito sa isang higaan, na nakalagay rito, isang bata lamang, isa lamang magandang batang babae.

Hindi siya mabubuhay, Panginoon. Ginawan siya ng masama ni Satanang. At ang minamahal na mga manggagamot ng lupang ito ay sinikap ng husto, walang duda, upang iligtas ang bata. Sadyang hindi nila magawa ito. Sila'y nasa dulo na ng kanilang kakayanan. Wala na silang ibang alam na gawin pa. Nguni't, Panginoon, ako'y labis na nagagalak na mayroong iba pang kabanata na nasulat. Maaari naming ilipat sa ibang pahina, at sa pahinang ito ay makikita ang Dakilang Manggagamot na pumasok. Tinatawag naming Siya para sa payo sa umagang ito.

<sup>453</sup> Ngayon, Panginoon, hindi ba't nakasulat rito sa sa Iyong Salita, na, "Ang mga tandang ito ay magsisilakip sa kanila na magsisisampalataya"? Panginoon, kung ako'y hindi mananampalataya, gawin Mo ako ngayon. Kung ang batang babaeng ito ay hindi mananampalataya, gawin Mo siya ngayon. "Ang mga tandang ito ay lalakip sa kanila na magsisisampalataya; kung ipapatong nila ang kanilang mga kamay sa may sakit, sila'y magsisigaling." Nasusulat din, "Sa Aking Pangalan ay mangagpapalayas sila ng mga diablo." Panginoon, sila—sila ay mga Salita Mo. Iyo Ito. Salita Mo Ito. At ngayon bilang lingkod Mo . . .

<sup>454</sup> Gaya ng sinabi Mo, "Kung mayroong dalawa o tatlo sa inyo na magtitipon, Ako'y nasa inyong kalagitnaan; at kung kayo'y magkasundo, patungkol sa isang bagay, at hilingin, inyong makakamtan ito."

<sup>455</sup> Diyos, ang batang ito ay marahil ang pinakamalubhang tao sa loob ng gusali sa umagang ito, dahil hindi siya mabubuhay ng wala Ka, ng mahaba pa, at siya ang pinakamalubha ang may sakit. Kaya, kaming lahat ay, kami'y nagkakasundo, habang bawa't kawal ay nakatayo rito. At sa grupong ito ay tumatayo ang maharlikang Binhi ni Abraham.

<sup>456</sup> Kami'y nagmamartsa na patungo kay Satanang ngayon. At makabubuting maghanda ka nang umalis, Satanang, dahil ang aming kagayakan ay kumikinang, ang mga kulay ay wumawagayway; kabalakihan at kababaihan ay hawak ang mga Tabak, nagmamartsa pasulong ngayon sa iyo, para sa munting batang ito. Lumabas ka sa kaniya, Satanang. Iwanan mo ang batang iyan. Bilang hukbo ng buhay na Diyos, hinahamon ka namin. Iwanan mo siya, sa Pangalan ni Hesus Kristo.

<sup>457</sup> Papatungan ko siya ng mga kamay. At, Satanang, ginapos mo ang batang ito, ginawa mo ang kasamaang ito. Alam ko na ikaw ay higit pa laban sa isang tao, nguni't wala kang laban sa aking Panginoon, kaya ako ay lumalapit sa Kaniyang Pangalan. Iwanan mo siya, ikaw espiritu ng Diablo. Ikaw na demonyo ng karamdaman, lumabas ka sa batang ito, at nawa siya ay mapalaya, mula sa araw na ito. Ipinahahayag ko ito, sa Pangalan ni Hesus Kristo.

458 Ngayon, Panginoong Diyos, Ikaw Na nagbangon sa mga patay at pinatunayan na Ikaw ay Diyos, ibangon ang dalagang ito patungo sa kaniyang kalusugan at kalakasan muli, upang siya'y tatayo sa gusaling ito rito. Ang Diablo ay nawala na sa kaniya! . . . ? . . . gagaling na siya. Nawa'y mamuhay siya sa ikaluluwalhati at karangalan ng Diyos.

Ito—Ito'y nabigkas na, ngayon ay papangyarihin ito.

459 May iba pa ba rito na gustong itaas ang inyong mga kamay at sabihing, “gusto kong maipanalanginan. Ako'y may karamdaman. Kailangan ko ang Diyos?” Hindi ko alam kung ilan pang oras mayroon tayo. Mayroon tayong sapat na oras para padaanin silang mga rito. Ako'y sadyang nakakaramdam na totoong nakakaghinhawa sa umagang ito ngayon. Oo. Oo. Gusto kong pumunta ka rito, Billy, at kunin mo lamang siguro ang isang bahaging ito dito, sa panig na *ito* banda rito, mag—isa. Paunahin lamang ang panig na ito, pagkatapos kukunin natin ang likurang bahagi pagkatapos niyan, hanggang doon lamang sa pasilyong iyon. Pagkatapos atin silang kukunin gaya niyan, sa gayun hindi sila . . .

460 At ngayon gusto ko na si Kapatid na Neville at ilan sa aking mga kapatid na ministro na tumayo rito sa tabi ko, dito mismo, para madala ninyo sila papunta mismo sa pasilyo uli. Bueno. Bueno. Ngayon aking . . .

461 Ilan sa inyo ang nakasuot ang inyong kagayakan? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, “Amen.”—Pat.]

462 [Si Kapatid na Branham umalis mula sa pulpito at nakipag—usap sa kapatid na babae na katatapos niyang ipanalangin—Pat.] Magiging kakaiba na ngayon. Umuwi ka, magiging mabuti na ngayon, magpagaling ka.

463 Amen. O, naku! Lahat kayong mga kawal, hugutin ang Tabak. Hugutin ang Tabak, mga kawal ng krus, sumulong, sumulong.

Kay Kristo, ang matatag na Bato, ay maninindigan ako.

Lahat ng ibang lupa ay gumuguhong buhangin.

464 Bueno, pumarito na, tuloy dito mismo sa dako *rito*. Lahat ay mapasa pananalangin ngayon, habang sila ay dumaraan.

Sa Pangalan ni Hesus, pagalingin ang babaing ito. Amen.

Hugutin ang inyong Tabak ngayon. Manatili sa inyong upuan, na sumisigaw.

465 [Si Kapatid na Branham at ang mga ministro ay nanalangin para sa may sakit, malayo sa mikropono, ng apatnapu't—limang segundo—Pat.]

Onward, Christian Soldiers!  
 Marching as to war  
 With the cross of Jesus  
 Going on before.

<sup>466</sup> “Umalis ka, Satanas!” Anong nangyayari, mga kawal? Hindi ba ninyo iniisip na tayo’y makapananagumpay? [Ang kongregasyon ay nagalak at nagsabing, “Amen.”—Pat.] Siya’y nagtagumpay na. Tayo ay higit pa sa mga mananagumpay kay Kristo Hesus. Bawa’t diablo ay napalayas, lahat ng iba pa. Amen.

Halikayo rito, mga kapatid ko! . . . ? . . .

Dumadalangin ako na kayo ay mapagagaling! . . . ? . . .

Pagalingin ang kapatid ko, si Doc; pagalingin siya, Ama, sa Pangalan ni Hesus.

Sa Pangalan ni Hesus Kristo, pagalingin ang babaeng ito. Halika . . . ? . . .

<sup>467</sup> Ngayon, kaniyang kinuha . . . kailangan kong hilingin sa mga kapatid na kalalakihan sa likuran. Sa lahat ng dako, ang Panginoon . . . ? . . .

<sup>468</sup> O Panginoong Diyos, Tagapaglikha ng kalangitan at lupa! O Diyos, Iyong nalalaman kung ano ang nasa kaniyang puso. Alam Mo ang lahat ng ito. Ako’y dumadalangin para sa ina at ama. Sa Pangalan ni Hesus Kristo, ipinagkakatiwala ko . . . ? . . .

Sa Pangalan ni Hesus Kristo, aking . . . ? . . .

Sa Pangalan ni Hesus Kristo, aking . . . ? . . .

<sup>469</sup> Diyos, pumasa aking kapatid na babae. Nalalaman naming na, ang mga taon ay nagsisimulang gumapang at magdulot sa kamatayan upang gustuhin na tanganan ang katawan ng babae. Ngayon, sa Pangalan ni Hesus . . . ? . . .

<sup>470</sup> Sa Pangalan ni Hesus Kristo, pagpalain ang batang babae na ito, Panginoon. Ang aming mga pakikipaglaban sa paaralan doon, nalalaman ko ang pinagdaraan niya. Dalangin ko na Iyong pagpalain. Nawa ay hugutin niya ang Tabak na iyan, sa umagang ito, at lumakad pasulong! . . . ? . . . Iyan ay ang Aklat na *Ito*, para dito, Panginoon. Na tinatawag ang Iyong Pangalan, sa umagang ito, dalangin ko na Iyong samahan . . . ? . . .

<sup>471</sup> Diyos, pagpalain ang aking kapatid, na ipinagkakaloob sa kaniya ang kaniyang kahilingan. Sa Pangalan ng aming Panginoong Hesus, Binigkas ko ito! . . . ? . . .

Sa Pangalan ni Hesus Kristo, aming iniaalay ang panalangin na ito.

Sa Pangalan ni Hesus Kristo, aming iniaalay ang panalangin na ito.

Sa Pangalan ni Hesus Kristo, aming iniaalay ang panalangin na ito.

Sa Pangalan ni Hesus Kristo, aming . . . ? . . .

Sa Pangalan ni Hesus Kristo, aming iniaalay  
ang panalangin na ito.

Sa Pangalan ni Hesus Kristo...?...?

Sa Pangalan ni Hesus Kristo...?...?

Sa Pangalan ni Hesus Kristo, pagalingin ang  
aking kapatid.

Sa Pangalan ni Hesus Kristo...?...?

Sa Pangalan ni Hesus Kristo!

Sa Pangalan ni Hesus Kristo!

Sa Pangalan ni Hesus Kristo!

Sa Pangalan ni Hesus Kristo!

Sa Pangalan ni Hesus Kristo!

<sup>472</sup> [May nagsabing, “Namatay si tatay.”—Pat.] Diyos, tulungan  
siya, sa Pangalan ni Hesus.

Diyos, sa Pangalan ni Hesus Kristo,  
aming...?...?

Diyos, sa Pangalan ni Hesus!

Sa Pangalan ni Hesus Kristo...?...?

Sa Pangalan ni Hesus Kristo, pagalingin ang  
kapatid ko.

Sa Pangalan ni Hesus...?...?

Naunawaan n’yo na ngayon?

O Diyos ko, nawa’y umalis ito sa...?...?

<sup>473</sup> Sa Pangalan ni Hesus Kristo, dalangin namin!...?...?  
Ipagkaloob sa kapatid na babaeng...?...?

<sup>474</sup> O Diyos, nalalaman na ang pinakamamahal na munting ina  
na iyan, nagdaraan sa lahat ng kabagabagan na ito, dalangin ko,  
Diyos, na Ikaw’y...?...? sa kaniya.

Hugutin ang Tabak na iyan, Ed, at sumulong, sa Pangalan  
ni Hesus.

<sup>475</sup> O Diyos, pagalingin ang babae. Ipagkaloob nawa ang  
kaniyang kahilingan. Nawa ay dalhin niya ang Tabak na iyan sa  
unahan niya, sa panahon ng kagipitan.

O Diyos...?...? sa umagang ito. Dalangin ko na  
Iyong...?...?

<sup>476</sup> Amang, Diyos, dalangin ko na Iyong pagalingin ang aming  
lalaking kapatid at pagalingin siya. At sa Pangalan ni Hesus  
Kristo...?...?

<sup>477</sup> Diyos, dalangin ko na Iyong pagalingin ang aming kapatid  
na babae, pagalingin siya, sa Pangalan ni Hesus Kristo.

<sup>478</sup> Amang, Diyos, dalangin ko na Iyong—pagalingin ang aming  
lalaking kapatid.

Pagalingin ang aming kapatid na babae, Panginoon!...?...?

Ama, sa Pangalan ni Hesus, pagalingin ito, ang aming  
kapatid na babae, Ama.



479 Ama, . . . ? . . . dalangin namin sa Pangalan ni Hesus. Diyos, pagalingin ang babaeng ito.

O Diyos, dalangin ko na Ikaw . . . ? . . .

480 O Diyos, pagpalain siya, Ama! . . . ? . . . Minamahal namin ng lubos yaong mga matatanda, Panginoon. At dalangin ko na Iyong ipagkaloob ang kaniyang kahilingan! . . . ? . . .

481 Aming Makalangit na Ama, dalangin ko na ang aming kapatid. . . ? . . . O Diyos, . . . ? . . . siya, O Diyos. . . ? . . . kawal ng krus. At huhugutin niya ang Tabak na iyan, sa umagang ito, at lalakad pasulong.

Diyos, aming . . . ? . . . Ipagkaloob ito, O Panginoon, ang kaniyang kahilingan.

482 Diyos, pagpalain si lalaking kapatid na . . . ? . . . dalangin ko na Iyong pagagalingin siya, Panginoon! . . . ? . . . Ibigay Mo sa kaniya ang hangarin ng kaniyang puso, sa Pangalan ni Hesus Kristo.

483 O Makalangit na Ama, ang munting ministro na ito ng Ebanghelyo, ang kaniyang lalamunan. . . ? . . . Kung saan siya ay naghugas sa mga palayok. . . ? . . . Diyos, dalangin ko na Iyong. . . ? . . . At habang ang dakilang hukbo ng Diyos ay kumikilos pasulong ngayon, na ang mga Tabak ay nakataas, ibigay sa kaniya ang tagumpay, Panginoon. Ang kaniyang munting asawang lalaki rito, Panginoon, na ibinangon mula sa highaan ng kanser kung saan siya ay nararatay noon, namamatay sa kanser, at tinanggihan na siya ng mga doktor, sa kaniyang pagparoon. At narito siya, sa umagang ito, isang munting kawal ng krus. Palakas siya, Panginoon, para sa Iyong gawain, dalangin namin, sa Pangalan ni Hesus.

484 Gusto ko na ang munting babaeng iyan. . . Mayroon pang isang bagay na kakaiba sa munting mangangaral na ito rito. Halika, Kapatid na Kidd. Ang lalaking ito ay pinauwi mula sa ospital, kamakailan lamang, namamatay na, nilamon na ng kanser. [Ang Kapatid na babaeng Kidd ay nagsabing, “Isang taon na ang nakararaan.”—Pat.] Isang taon na ang nakararaan. [“Dalawa.”] Dalawang taon na ang nakararaan, na may prostrate. Ang kaniyang doktor ay binigyan na lamang siya ng kaunting mga araw para mabuhay. At isang umaga, nagpunta kami doon, ng napakaaga, nag-alay ng panalangin para sa kaniya, kagaya rin ng tulad ng para sa inyo, at ni hindi sila makakita ng isa mang bakas nito. [Nagalak ng lubos ang kongregasyon.] Siya ay pinagaling. Amen. Siya—siya. . . [Sinasabi ni Kapatid na babaeng Kidd, “Kinikilala ko ito.”] Siya ay mas mabigat ng timbang ngayon kaysa kailanman. Siya at ang munting asawa niyang babae ay nasa larangan ng Ebanghelyo, siguro ay bago pa ako ipanganak. Siya’y narito ngayon. . . [Sinasabi ni Kapatid na Kidd, “Limampu’t—limang taon.”] Limampu’t—limang taon. Bago pa man ako dumating sa lupa, ipinapangaral

na nila ang Ebanghelyo. At narito siya, magaling na, sa gulang na mga pitumpu't lima o... ["Walumpu't—isa."] Walumpu't—isa. [Sinasabi ni Kapatid na Kidd, "Nagkaroon kami ng isang rebaybal, dalawang linggong pagtitipon, nangangaral gabi—gabi."] Dalawang linggong rebaybal, kadadaos lamang ng dalawang linggong rebaybal, at nangaral gabi—gabi. Walumpu't isang taong gulang, pinagaling, sa kanser, nang siya ay matanda na.

<sup>485</sup> Bueno, kapatid, panahon mo na ngayon. Nananampalataya ba kayo? [Nagalak ang kongregasyon at nagsabing, "Amen."—Pat.] *Sulong, Mga Kristiyanong Kawal*. Bueno, babaing kapatid. Ikaw, sa bawa't isa sa inyo, ano ang gagawin natin? GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Anong gagawin natin, manatili rito?

<sup>486</sup> Satanas, natalo ka na. Dumarating na kami ngayon. Kami'y nagmamartsa patungo doon sa Lupang pangako. Ano iyan? "Ano ang bundok na ito, sa harapan ni Zerubbabel? Sino ito, tumatayo sa harapan doon? Magiging patag ka." Aba? Taglay ang dalawang talim na Tabak, tatagain natin siya pabagsak. Iya'y tama. Bueno.

Onward, Christian soldier!  
 Marching as to war  
 With the cross of Jesus  
 Going on before;  
 Christ, the royal Master,  
 Leads against the foe; (with His Word)  
 Forward into battle,  
 See, His banners go!  
 Onward, Christian soldiers!  
 Marching as to war,  
 With the cross of Jesus  
 Going on before.

<sup>487</sup> Aleluya! Anong ginawa nila? Ang unang bagay na humayo, sa labanan, para sa Israel, ano ang unang bagay? Ang mga mang—aawit ay humayo, muna. Ano ang sumunod? Ang Kaban. Pagkatapos ay ang labanan. Bueno. Nananampalataya na kayo ngayon? [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, "Amen."—Pat.] Inaawit natin ang *Sulong, Mga Kristiyanong Kawal*. Hinihila natin ito palayo, ang bawa't alinlangan. Tumitindig sa ating mga paa ngayon, magmamartsa tayo tungo sa labanan.

Magsitayo tayo ngayon, lahat.  
 Onward, Christian soldiers!  
 Marching as to war,  
 With the cross of Jesus  
 Going on before;  
 Christ, the royal Master,  
 Leads against the foe;

Papaano natin siya madadaig? Sa pamamagitan ng Salita.

Forward into battle,  
See, His banner go!  
Onward, Christian soldiers!  
Marching as to war,  
With the cross of Jesus  
Going on before.  
We are not divided,  
All one body we;  
One in hope and doctrine,  
One in charity.

<sup>488</sup> Lahat ng nananampalataya ngayon, ay sabihing, “Amen.” [Ang kongregasyon ay nagsabi ng, “Amen.”—Pat.] Aleluya! Sinasampalatayanan ba n’yo iyan? [“Amen!”] Tayo ay mga mananagumpay. Nasaan ang bawa’t kaaway? Sa ilalim ng ating mga paa. Ano tayo ngayon? Nagbangon kay Kristo!

<sup>489</sup> Ngayon, tapos na, kapatid. [Ang Kapatid na Branham ay muling nakipag—usap sa kapatid na babae, na kanina ay maysakit—Pat.] Sinasampalatayanan mo ba iyan? Umuwi ka ngayon. Maayos na ba ang pakiramdam mo? Sinasabi niya na maayos na ang pakiramdam niya ngayon. Lahat ay maayos na.

<sup>490</sup> Ilan ang mga nariyan ay maayos na ang pakiramdam? [Ang kongregasyon ay nagalak ng lubos nagsabing, “Amen.”—Pat.] At nang sila ay sumigaw, ang pader ay gumuho, amen, at sinakop nila ito. Amen. Sinakop nila ang siyudad. Amen! Amen! Sinasampalatayanan ba ninyo Siya? [“Amen.”]

<sup>491</sup> Ngayon, huwag kalimutan ang gawain mamayang gabi. Si Kapatid na Neville ay naririto mamayang gabi, at hahatiran niya tayo ng isang magandang mensahe. At sa Linggo, sa susunod na Linggo, kalooban ng Panginoon, ay pumarito kayo.

<sup>492</sup> Ngayon humayo tayo, habang tayo’y umaalis. At ngayon, palabas ng gusali, humayo tayo, na inaawit ang, *Sulong, Mga Kristiyanong Kawal*. At magmula sa araw na ito, magmula ngayon, huwag na kailanman ilagay pa ang Tabak sa loob ng kaluban. Hugutin ito. Managumpay tayo. “Sila’y humayo, na nananagumpay, at para managumpay.” Bueno, muli, sa unang talata.

Onward, Christian soldiers!  
Marching as to war,  
With the cross of Jesus  
Going on before.



*ANG PINAKADAKILANG LABANAN NA NAGANAP KAILANMAN* TAG62-0311  
(The Greatest Battle Ever Fought)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Marso 11, 1962 sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings. Muling inilathala noong 2010.

TAGALOG

©2006 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)

## Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS  
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.  
[www.branham.org](http://www.branham.org)